Estado ng Alaska

# OPISYAL NA PAMPLETA NG HALALAN

Nobyembre 8, 2022




## May Tapang na Bumoto

ALASKA DIVISION OF ELECTIONS

REHIGON
I & IV

- Kodiak
- Aleutians West

Ranked Choice Voting Information Inside

# Talaan ng mga Nilalaman

Ang Araw ng Pangkalahatang Halalan ay Martes, Nobyembre 8, 2022


Nirangguhang Pagpili ng Pagboto .... 4
Sistema ng Pagbilang ng Balota ng Alaska .... 6
Impormasyon sa Pagboto .... 7
Tulong sa Botante at mga Alalahanin .... 8
Tulong sa Wika .... 9
Lumiban sa Pagboto .... 10
Mga Lokasyon ng Lumiban sa Pagboto .... 11
Aplikasyon para sa Balota ng Lumiban sa Alaska at mga Tagubilin .... 13
Mga Lugar ng Botohan .... 17
Mga Kandidato para sa Nahalal na Tanggapan .... 20
Senador ng Estados Unidos, Kinatawan ng Estados Unidos, Gobernador, Tenyente Gobernador .... 21
Distrito ng Senador ng Estado C, Distrito ng Kinatawan ng Estado 5 .... 36
Distrito ng Senador ng Estado S, Distrito ng Kinatawan ng Estado 37 .... 39
Panukala sa Balota — Tanong sa Konstitusyonal na Kombensyon .... 41
Mga Pagsusuri at Rekomendasyon ng Konsehong Hudisyal ng Alaska .... 47
- Mga Hudisyal na Kandidato para sa Pagpapanatili, Korte ng Apelasyon .... 50
- Mga Hudisyal na Kandidato para sa Pagpapanatili, Ikatlong Hudisyal na Distrito .... 52

Mga Pahayag ng Politikal na Partido .... 82
Permanent Fund Corporation .... 84
Komisyon ng Pampublikong Tanggapan ng Alaska .... 88
Pagligsahan ng Likhang Sining ng Kabataan .... 89


***Tandaan: Ang mga halimbawang balota ay kasama na may mga kandidato para sa opisinang nahalal at panghukumang pagpapanatili. Nakalagay ang mga mapa na may naaangkop na mga kandidato sa bahay at senado ng estado.***


**Ang paglalathang ito ay inihanda ng Sangay ng Halalan, nilikha sa halaga ng $3.38 kada kopya para magbigay alam sa mga botante ng Alaska tungkol sa mga isyu na nakikita sa Balota ng Pangkalahatang Halalan noong 2022 alinsunod sa AS 15.58.010 at nilimbag sa Portland, Oregon.**

## Mga Kandidato, Primarya, at Nirangguhang Pagpili ng Pagboto - AS 15.58.020(13)

**Ang bawat kandidato ay maaaring magtalaga ng partidong pampulitika o grupong pampulitika kung saan ang kandidato ay nakarehistro bilang kaanib. Ang pagtatalaga ng partidong pampulitika o grupong pampulitika ng kandidato sa isang balota ay hindi nagpapahiwatig na ang kandidato ay hinirang o inendorso ng partido o grupong pampulitika o na inaprubahan ng partido o grupo o kasamahan ng kandidatong iyon.**

**Sa bawat karera, maaari kang bumoto para sa sinumang kandidatong nakalista. Kung ang isang primaryang halalan ay gaganapin para sa isang tanggapan ng estado, senador ng Estados Unidos, o kinatawan ng Estados Unidos, ang apat na kandidato na nakatanggap ng pinakamaraming boto para sa tanggapan sa primaryang halalan ay susulong sa pangkalahatang halalan. Gayunpaman, kung ang isa sa apat na kandidatong nakatanggap ng pinakamaraming boto para sa isang tanggapan sa primaryang halalan ay namatay, umatras, nagbitiw, nadiskwalipika, o napagtibay ng pagkawalang-kaya [incapacitated] 64 na araw o higit pa bago ang pangkalahatang halalan, ang kandidatong nakatanggap ng panglimang pinakamaraming mga boto para sa tanggapan ay sumulong sa pangkalahatang halalan.**

**Sa pangkalahatang halalan, ang bawat kandidato ay pipiliin sa pamamagitan ng isang nirangguhang-pagpili na proseso ng pagboto at ang kandidatong may pinakamaraming bilang ng mga boto ay ihahalal. Para sa isang pangkalahatang halalan, dapat mong rangguhan ang mga kandidato sa bilang na pagkakasunud-sunod ng iyong kagustuhan, pagraranggo ng maraming kandidato hangga't gusto mo. Ang iyong ikalawa, pangatlo, at kasunod na mga pagpipilian sa ranggo ay mabibilang lamang kung ang kandidatong una mong nirangguhan ay hindi nakatanggap ng sapat na mga boto upang magpatuloy sa susunod na ikot ng pagbibilang, kaya ang pagraranggo ng pangalawa, pangatlo, o kasunod na pagpipilian ay hindi makakasama sa iyong una- piniling kandidato. Ang iyong balota ay bibilangin kahit na pipiliin mong magranggo ng isa, dalawa, o higit pang mga kandidato para sa bawat tanggapan, ngunit hindi ito mabibilang kung magtatalaga ka ng parehong ranggo na higit pa sa isang kandidato para sa parehong tanggapan.**

## Pagtatatwa para sa Opisyal na Munting Aklat ng Halalan

The Ang Dibisyon ng mga Halalan ng Alaska [Alaska Division of Elections] ay responsable para sa pagsasagawa ng lahat ng estado at pederal na halalan sa Alaska at para sa pagbibigay ng rehistrasyon ng botante.

Ang aming misyon ay tiyakin ang kumpiyansa ng publiko sa elektoral na proseso sa pamamagitan ng pangangasiwa sa pagpaparehistro ng mga botante at mga halalan na may pinakamataas na antas ng mga propesyonal na pamantayan, integridad, seguridad, katumpakan, at pagiging patas.

Ang Dibisyon ng mga Halalan ay inaatasan sa ilalim ng AS 15.58 na magsama ng mga pahayag, opinyon, rekomendasyon at komento sa Opisyal na Munting Aklat ng Halalan na ibinigay ng iba't ibang indibidwal at grupo, kabilang ang mga kandidato, partidong pampulitika, at grupo na nagtataguyod para sa at laban sa mga pagpapasimuno. Anumang mga pahayag, opinyon, rekomendasyon o komento na ipinahayag sa Opisyal na Munting Aklat ng Halalan ay yaong sa indibidwal o grupo na nag-akda ng mga ito at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.

Ang Dibisyon ng mga Halalan ay mismo isang niyutral at walang kinikilingan na ahensya at ipinagbabawal na mag-akda o baguhin ang teksto ng anumang isinumite na tumutugon sa mga inaatas ng batas. Ang Opisyal na Munting Aklat ng Halalan ay nilalayong ipaalam sa mga botante kung ano ang hinihiling sa kanila na iboto at payagan ang bawat botante na gumawa ng desisyon na may kaalaman bago bumoto.

# NIRANGGUHANG PAGPILI NG PAGBOTO
## PAANO MARKAHAN ANG IYONG BALOTA

Punan lamang ng isang habilog bawat kandidato, sa bawat hanay. **Hindi mo kailangan rangguhun ang lahat ng mga kandidato.** Ang iyong pangalawang pagpipilian ay binibilang lamang kung ang iyong unang pagpipilian na kandidato ay tinanggal.

| Distrito ng Senador ng Estado B | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Unang Pinagpipilian | Ika-2 Pinagpipilian | Ika-3 Pinagpipilian | Ika-4 Pinagpipilian | Ika-5 Pinagpipilian |
| **Lary Doe** (Hindi Idineklara) | ○ 1 | ● 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| **Jo Jaz** (Rehistradong Republikano) | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ● 4 | ○ 5 |
| **Ed Zo** (Rehistradong Demokratiko) | ● 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| **Tiffany Strait** (Walang Patido) | ○ 1 | ○ 2 | ● 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| Isulat Sa: | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |

## MGA PAGKAKAMALI NA DAPAT IWASAN

| Distrito ng Senador ng Estado B | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Unang Pinagpipilian | Ika-2 Pinagpipilian | Ika-3 Pinagpipilian | Ika-4 Pinagpipilian | Ika-5 Pinagpipilian |
| Lary Doe (Hindi Idineklara) | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| Jo Jaz (Rehistradong Republikano) | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ● 4 | ○ 5 |
| Ed Zo (Rehistradong Demokratiko) | ○ 1 | ○ 2 | ● 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| Tiffany Strait (Walang Patido) | ● 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| Isulat Sa: | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |

Kung lalaktawan mo ang isang ranggo, ang iyong susunod na ranggo ay tataas. Dito, kung ang iyong unang pagpipilian na kandidato ay tinanggal, ang iyong ikatlong pagpipilian ay mabibilang bilang iyong pangalawang pagpipilian at ang iyong ikaapat na pagpipilian ay mabibilang bilang iyong ikatlong pagpipilian.

| Distrito ng Senador ng Estado B | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Unang Pinagpipilian | Ika-2 Pinagpipilian | Ika-3 Pinagpipilian | Ika-4 Pinagpipilian | Ika-5 Pinagpipilian |
| Lary Doe (Hindi Idineklara) | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| Jo Jaz (Rehistradong Republikano) | ● 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| Ed Zo (Rehistradong Demokratiko) | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ● 4 | ○ 5 |
| Tiffany Strait (Walang Patido) | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| Isulat Sa: | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |

Kung lalaktawan mo ang dalawa o higit pang mga ranggo sa isang hilera, ang mga ranggo lamang bago ang mga nalaktawan na ranggo ang mabibilang. Dito, ang iyong unang pagpipilian ay binibilang at ang ikaapat na pagpipilian ay hindi mabibilang.

| Distrito ng Senador ng Estado B | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Unang Pinagpipilian | Ika-2 Pinagpipilian | Ika-3 Pinagpipilian | Ika-4 Pinagpipilian | Ika-5 Pinagpipilian |
| Lary Doe (Hindi Idineklara) | ● 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| Jo Jaz (Rehistradong Republikano) | ○ 1 | ● 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| Ed Zo (Rehistradong Demokratiko) | ○ 1 | ○ 2 | ● 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| Tiffany Strait (Walang Patido) | ○ 1 | ○ 2 | ● 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| Isulat Sa: | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |

Kung bibigyan mo ng parehong ranggo ang higit sa isang kandidato, walang mabibilang pagkatapos ng mga kandidatong iyon. Dito, ang iyong unang pagpipilian lang ang mahalaga.

| Distrito ng Senador ng Estado B | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Unang Pinagpipilian | Ika-2 Pinagpipilian | Ika-3 Pinagpipilian | Ika-4 Pinagpipilian | Ika-5 Pinagpipilian |
| Lary Doe (Hindi Idineklara) | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| Jo Jaz (Rehistradong Republikano) | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| Ed Zo (Rehistradong Demokratiko) | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| Tiffany Strait (Walang Patido) | ● 1 | ● 2 | ● 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| Isulat Sa: | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |

Isang beses lang binibilang ang iyong boto, kahit na iraranggo mo ang isang kandidato nang higit sa isang beses. Kapag ang isang kandidato nang higit sa isang beses. Kapag ang isang kandidato ay naalis sa isang ikot, sila ay tinanggal mula sa lahat ng hinaharap na ikot.

# NIRANGGUHANG PAGPILI NG PAGBOTO
## MGA MADALAS NA TANONG

**Unang Ikot:**
Binibilang ng Dibisyon ang lahat ng ika-1 mga pagpipilian. Kung ang isang kandidato ay nakakuha ng 50% + 1 boto sa ika-1 ikot, nanalo ang kandidatong iyon at hihinto ang pagbibilang. Kung hindi, ang pagbibilang ay mapupunta sa Pangalawang Ikot.

**Ikalawang Ikot (at higit pa):**
Ang kandidatong may kakaunting boto ay matatanggal. Kung ibinoto mo ang kandidatong iyon, ang iyong boto ay mapupunta sa iyong susunod na pagpiilian at mayroon ka pa ring impluwensya kung sino ang mananalo.

Kung ang iyong unang piniling kandidato ay hindi natanggal, ang iyong boto ay mananatili sa kanila. Binibilang muli ang mga boto.

Ito ay patuloy na nangyayari sa mga ikot hanggang dalawang kandidato ang natitira at ang isa na may pinakamaraming boto ang mananalo.

**Ano ang mangyayari kung isang kandidato lang ang iboboto ko?**
Ang iyong boto ay binibilang sa unang ikot at ang iyong boto ay mananatili sa iyong kandidato sa buong tabulasyon.

## ISKEDYUL NG PAGBIBILANG NG PANGKALAHATNG HALALAN

**Paano ko malalaman kung kailan at bakit tinanggal ang aking mga kandidato?**
Ang mga ulat ng mga resulta na nagpapakita kung gaano karaming mga boto mayroon ang bawat kandidato sa bawat ikot at kung paano inilipat ang mga boto noong tinanggal ang mga kandidato ay makukuha sa pook-sapot ng Dibisyon, bilang karagdagan sa isang buod na ulat na nagpapakita ng mga pangwakas na boto na naitala para sa nanalong kandidato.

**NOB 8**
**ARAW NG HALALAN**
INULAT ANG RESULTA NG IKA-1 PAGPILI

**NOB 9 - 22**
PATULOY NA PAGBIBLANG AT PAG-UULAT NG MGA RESULTA NG IKA-1 PAGPILI

**NOB 23**
ITINALA ANG PANGWAKAS NA RESULTA & INULAT ANG HINDI OPISYAL NA RESULTA

Mangyaring bisitahin ang
**www.elections.alaska.gov/tagalog.php**
para sa mas detalyadong impormasyon, mga muwestra na balota, at mga bidyo na nagpapaliwanag.

# Sistema ng Pagbilang ng Balota ng Alaska

## Ang Iyong Boto ay Ligtas!

Gumagamit ang Alaska ng tatlong magkakaibang mga paraan sa pagbilang ng mga balota:

- Bilang-kamay
- Iskaner ng Presinto
- Tableta sa Pagboto

Ang sistema ng tabulasyon ng balota ng Alaska ay may bakas ng papel sa bawat boto sa balota. Ang bawat presinto ay tumatanggap ng mga papel na balota na maaaring binilang ng kamay kapag nagsara ang mga botohan o na-iskan sa araw habang ipinapasok ng botante ang balota sa iskaner ng presinto at ang mga resulta ay itinatala pagkatapos magsara ang mga botohan. Bilang karagdagan, sa panahon ng mga pederal na halalan, ang bawat presinto ay may tableta sa pagboto na mayroong isang bakas ng papel na nabibiripika ng botante.

Ang sistema ng tabulasyon ng balota na ginagamit sa Alaska upang makagawa at magbilang ng mga balota ay sertipikadong pederal at masusing sinubok bago ang bawat halalan. Ito ay isang sistema na kayang tumakbong mag-isa na hindi konektado sa internet o isang ugnayan sa mga oras ng pagboto.

Ang bawat iskaner ng presinto at tableta sa pagboto, at ang kanilang kaukulang memoryang kasangkapan ay sinusuri bago ang halalan. Dalawang magkaibang lohika at pagsusulit sa katumpakan ang ginagawa, ng dalawang magkahiwalay na magkabilang panig ng makapartidong lupon (ang Lupon ng Pagsusuri ng Estado [State Review Board] at ang Lupon ng Panrehihong Pagbibilang [Regional Counting Board]) upang matiyak na tama ang pagbibilang ng mga aparato. Bilang karagdagan sa pagsubok sa katumpakan ng pagbibilang ng balota, isinasagawa ang pagsusuri sa paggana ng bawat piraso ng kagamitan upang matiyak na ang bawat isa ay gumagana sa wastong ayos.

Bago ang sertipikasyon ng halalan, ang batas ng estado ay nag-aatas sa Lupon ng Pagsusuri ng Estado na magsagawa ng isang bilang-kamay na beripikasyon ng mga palambang na presinto na gumagamit ng mga iskaner ng presinto. Ang palambang na piniling presinto ay dapat magbilang ng hindi bababa sa 5% ng kabuuang mga boto sa balota sa bawat isa sa 40 mga distrito ng kapulungan. Kung mayroong pagkakaiba ng higit sa 1% sa beripikasyon ng pagbibilang ng kamay, ang pagbibilang ng kamay ng lahat ng mga balotang boto sa distrito ay ipinag-uutos. Mula sa pagpapatupad noong 1998 hanggang sa kasalukuyan, hindi kailanman nagkaroon ng pagkakaiba ng 1% o higit pa.

Bagama't hindi iniaatas ng batas, pinili ng dibisyon na ang Lupon ng Pagsusuri ng Estado ay magsagawa rin ng isang pagbibilang ng kamay na beripikasyon sa mga palambang na piniling distrito ng kapulungan para sa mga balotang maagang naboto, mga balota ng lumiban, at mga tinanong na balota na may representasyon mula sa bawat isa sa apat na tanggapang panrehiyon.

Pagkatapos makumpleto ng Lupon ng Pagsusuri ng Estado ang kanilang odit, ang halalan ay sertipikado at ang mga resulta ay opisyal. Ang proseso ay sadyang mabagal at metodolohikal upang makuha ang katumpakan. Bukod pa rito, dahil mabibilang ang ilang mga balota sa ika-15 na araw pagkatapos ng pangkalahatang halalan, hindi maaaring gawin ang sertipikasyon bago iyon.

Ang Dibisyon ng mga Halalan ng Alaska [Alaska Division of Elections] ay nakatuon sa seguridad at katumpakan ng ating proseso ng halalan. Kinikilala ng Dibisyon na ang anumang sistema ng halalan ay madaling kapitan ng panloloko kung walang mga hakbang sa seguridad. Ang Alaska ay may malawak na mga pamamaraan, kabilang ang maraming patong ng seguridad na kinabibilangan ng pagkakahalo ng mga tao, proseso, at teknolohiya na tumutulong sa atin na magsagawa ng ligtas, mapagkakatiwalaan, at tumpak na mga halalan.

# Impormasyon sa Pagboto

## Ang Araw ng Pangkalahatang Halalan ay Nobyembre 8, 2022

**Mga Lugar ng Botohan**

Bukas ang botohan mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. **Upang tingnan ang iyong lugar ng botohan bisitahin https://myvoterinformation.alaska.gov or call 1-866-952-8683 (or 907-465-4611 in Juneau).**

**Magdala ng Pagkakakilanlan sa mga Botohan**

You MUST be prepared to show one form of identification. You may use the following ID:

• ID Kard ng Botante • Kasalukuyan at balidong larawan ng ID Kard • Sertipiko ng Kapanganakan
• Lisensya sa Pagmamaneho • Pasaporte • Lisensya sa Pangangaso o Pangingisda
• ID Kard ng Estado • ID Kard ng Militar

***Bilang Kahalili,*** maaari kang gumamit ng orihinal na kopya ng isa sa mga sumusunod na dokumento kung naglalaman ito ng iyong pangalan at kasalukuyang adres:

• Kasalukuyang Bayarin sa Utilidad • Pahayag ng Bangko
• Iba pang Dokumento ng Pamahalaan • Tseke ng Pamahalaan • Tseke para sa suweldo

**Tinanong na mga Balota**

Kung ang iyong pangalan ay hindi lumabas sa rehistro ng presinto o kung wala kang pagkakakilanlan, kakailanganin mong bumoto ng isang tinanong na balota. Ang iyong binotohang balota ay ilalagay sa isang piraso ng lihim at pagkatapos ay seselyuhan sa loob ng isang nakumpletong sobre ng tinanong na balota. Ang impormasyong ibibigay mo sa labas ng sobre ng tinanong na balota ay gagamitin upang matukoy ang iyong pagiging karapat-dapat sa pagboto at para isapanahon ang iyong rehistrasyon ng botante. Kung sa anumang kadahilanan ang iyong tinanong na balota ay hindi ganap na binilang, aabisuhan ka sa pamamagitan ng sulat.

**Pagmarka ng Balota**

Bumoto sa pamamagitan ng pagraranggo ng mga kandidato na iyong pinili. Maaari kang mag-ranggo ng marami o kakaunting kandidato hangga't gusto mo.

Punan nang buo ang isang habilog bawat kandidato, sa bawat hanay. Hindi mo kailangang rangguhan ang lahat ng mga kandidato.

Kung nagkamali ka sa pagmamarka ng iyong balota, HUWAG burahin o itama ang balota. Ibalik ang iyong balota sa isang manggagawa sa halalan at humiling ng bagong balota. Ang mga seksyon na may mga marka ng pambura ay hindi mabibilang.

**Ipinagbabawal ang Pangangampanya**

Ang pangangampanya ay hindi pinapayagan sa loob ng 200 talampakan mula sa anumang pasukan sa isang lugar ng botohan sa mga oras na bukas ang mga botohan. Kabilang dito ang anumang mga talakayan tungkol sa mga kandidato o mga isyung lumalabas sa balota o pagpapakita ng mga bagay sa kampanya gaya ng, ngunit hindi limitado sa, mga sumbrero, kamiseta, mga karatula, mga nakadikit sa bamper o mga butones.

# Tulong sa Botante at mga Alalahanin

**Tulong Habang Bumoboto**
Kung kailangan mo ng wika o iba pang tulong sa panahon ng proseso ng pagboto, maaaring mayroon kang taong pinili mong tulungan ka. Ang taong iyon ay maaaring hindi kandidato sa halalan, iyong pinaglilingkuran, ahente ng iyong pinaglilingkuran o ahente ng iyong unyon. Maaari kang magkaroon ng tulong sa bawat hakbang ng proseso ng pagboto, kabilang ang loob ng kubol ng pagboto sa pagbabasa o pagmamarka ng balota. Ang mga manggagawa sa halalan sa lugar ng botohan ay magagamit din upang tulungan ka. Ito ang iyong karapatan sa ilalim ng pederal na batas.

**Tulong sa Wika**
Sa mga lugar sa ilalim ng Pag-aayos ng Toyukak, Seksyon 203 ng Batas ng mga Karapatan sa Pagboto [Toyukak Settlement, Section 203 of the Voting Rights Act], at iba pang mga lugar na itinalaga ng korte, ang Dibisyon ng mga Halalan ay kumukuha ng mga manggagawang bilingguwal na nagbibigay tulong sa wika sa mga botanteng nagsasalita ng limitadong Ingles na sanay sa mga wikang Katutubong Alaska o Tagalog.

Bago ang Araw ng Halalan, ang mga manggagawang bilingual ay gumagawa ng mga anunsyo, nagbibigay ng impormasyon sa halalan sa kanilang komunidad at magagamit upang magbigay ng tulong sa wika para sa anumang aktibidad na may kaugnayan sa pagboto, kabilang ang pagpaparehistro ng botante, lumiban sa pagboto at upang tumulong sa lahat ng impormasyon sa munting aklat na ito. Sa Araw ng Halalan, ang mga bilinggual na manggagawa ay magbibigay ng tulong sa wika sa lugar ng botohan sa proseso ng pagboto, kabilang ang pagsasalin sa wika ng balota.

Kung kailangan mo ang pangalan ng taong inarkila upang magbigay ng tulong sa wika sa iyong komunidad, mangyaring makipag-ugnayan sa Dibisyon ng mga Halalan. Maaaring magamit ng sinumang botante ang tulong sa wika sa pamamagitan ng pagtawag nang libre sa 1-866-954-8683.

**Tableta sa Pagboto**
Sa Araw ng Halalan, ang bawat lugar ng botohan ay may tableta sa pagboto. Ang tableta sa pagboto ay inilaan para sa mga bulag, may kapansanan, at para sa mga botante na hindi masyado makabasa. Pinapayagan nito ang mga botante na bumoto nang hindi tinutulungan gamit ang pinalaki, mataas na kaibhan [magnified, high contrast] at mga balotang odyo. Sa mga itinalagang lugar kung saan may mga botante na may limitadong kasanayan sa Ingles, ang tableta sa pagboto ay mayroon ding pagsasaling odyo ng balota sa Wikang Katutubong Alaska at Tagalog para sa mga naaangkop na rehiyon. Ang pagboto ng odyo na balota ay maaaring tumagal ng 15 – 20 minuto. Kung kailangan mong bumoto gamit ang aparato ng tableta sa pagboto, ipaalam sa lupon ng halalan.

**Mga Botanteng May Kapansanan sa Paningin**
Bilang karagdagan sa tableta sa pagboto sa bawat lugar ng botohan, ang mga tumitingin ng pinalaking balota ay magagamit sa lahat ng mga lugar ng botohan at mga lugar ng lumiban sa pagboto. Ang odyong talaan ng munting aklat na ito ay makukuha sa bawat Tanggapan ng Panrehiyong Halalan, mula sa Aklatan ng Estado ng Alaska [Alaska State Library], Sentro ng Nagsasalitang Libro [Talking Book Center], na matatagpuan sa Juneau at sa pook-sapot ng Dibisyon ng mga Halalan. Tawagan ang aklatan sa (907) 465-1315 para sa impormasyon.

**Mga Botanteng May Kapansanan sa Pandinig**
Para sa mga katanungan, maaari kang makipag-ugnayan sa Dibisyon ng mga Halalan sa pamamagitan ng aming TTY Telekomunikasyon na aparato sa pamamagitan ng pagtawag sa (907) 465-3020.

**Mga Botanteng May Kapansanan sa Pisikal**
Kung nahihirapan kang makakuha ng paggamit sa iyong lugar ng botohan, o kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pagkakaroon sa iyong lugar ng botohan, mangyaring makipag-ugnayan sa Dibisyon ng mga Halalan. Ginagawa namin ang lahat ng pagsisikap upang matiyak na ang mga lugar ng botohan ay magagamit sa lahat ng mga Alaskan.

**Mga Alalahanin, Komento, Tanong**
Kung mayroon kang anumang mga alalahanin, komento, o tanong, mangyaring makipag-ugnayan sa isang Tanggapan ng Dibisyon ng mga Halalan.

**Tanggapan ng Direktor**
(907) 465-4611
Libreng Tawag: 1-866-952-8683

**Rehiyon I**
Juneau: (907) 465-3021
Libreng Tawag: 1-866-948-8683

**Rehiyon II**
Anchorage: (907) 522-8683
Libreng Tawag: 1-866-958-8683

**Rehiyon III**
Fairbanks: (907) 451-2835
Libreng Tawag: 1-866-959-8683

**Rehiyon IV**
Nome: (907) 443-5285
Libreng Tawag: 1-866-953-8683

**Rehiyon V**
Mat-Su: (907) 373-8952
Libreng Tawag: 1-844-428-8952

**Tulong sa Wika**
Libreng Tawag: 1-866-954-8683

# TULONG SA WIKA
# LIBRENG-TAWAG: 1-866-954-8683

MAGAGAMIT ANG TULONG SA AT BAGO ANG ARAW NG HALALAN.

BUMISITA SA **WWW.ELECTIONS.ALASKA.GOV** PARA MAGAMIT ANG ONLINE NA TULONG SA WIKA, KASAMA ANG ISINALIN:

- OPISYAL NA MUNTING AKLAT NG HALALAN (OEP)
- MGA MUWESTRANG BALOTA
- MGA MATERYAL NA EDUKASYONAL NG NIRANGGUHANG PAGPILI NG PAGBOTO
- NAKASULAT AT ODYO NA MGA TALASALITAAN
- MGA PORMULARYO SA PAGPAPAREHISTRO NG BOTANTE
- AT IBA PA!

**BRISTOL BAY YUP'IK**

**CHEVAK CUP'IK**

**GENERAL CENTRAL YUP'IK**

**GWICH'IN**

**HOOPER BAY YUP'IK**

**NORTHERN INUPIAQ**

**NORTON SOUND KOTLIK YUP'IK**

**NUNIVAK CUP'IG**

**TAGALOG**

**YUKON YUP'IK**

MAY TAPANG NA BUMOTO

ALASKA DIVISION OF ELECTIONS

# Lumiban sa Pagboto

Kung ayaw mong pumunta sa iyong lugar ng botohan upang bumoto sa Araw ng Halalan, ang mga sumusunod na pagpipilian ay magagamit.

**Pagboto sa isang Lugar ng Lumiban sa Pagboto**

Simula **Oktubre 24, 2022**, maaari kang bumoto sa isang lugar ng lumiban sa pagboto. Ang mga balota para sa lahat ng 40 distrito ay makukuha sa mga itinalagang lokasyon ng pagboto. Bilang karagdagan, maraming iba pang mga lugar ng pagboto sa buong Alaska na magkakaroon ng mga balota para sa komunidad ng distritong kapulungan. Para sa karagdagang impormasyon o para sa isang listahan ng mga lokasyon ng lumiban sa pagboto bisitahin ang aming pook-sapot sa elections.alaska.gov o makipag-ugnayan sa isang Panrehiyong Tanggapan ng mga Halalan (Regional Elections office).

**Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo o Elektronikong Paghahatid**

Upang bumoto sa pamamagitan ng koreo o elektronikong paghahatid, dapat kang magsumite ng aplikasyon.

> Pagtanggap ng Balota sa Pamamagitan ng Koreo
>
> Dapat mong kumpletuhin ang isang aplikasyon sa balota ng lumiban upang makatanggap ng balota sa koreo. **DAPAT matanggap ang iyong aplikasyon bago ang Oktubre 29, 2022 upang makatanggap ng balota para sa Pangkalahatang Halalan.** Mag-apply nang maaga upang matiyak ang napapanahong paghahatid ng iyong balota. Kapag ibabalik ang iyong binotohang balota, dapat itong mamarkahan ng pagtanggap [postmarked] sa o bago ang Araw ng Halalan.
>
> Pagtanggap ng Balota sa pamamagitan ng Elekronikong Paghahatid
>
> Mayroong dalawang paraan upang bumoto sa pamamagitan ng elekronikong paghahatid. Maaari kang mag-aplay para sa isang balota na ipapadala sa iyo sa pamamagitan ng FAX o online na paghahatid. **Para sa Pangkalahatang Halalan, maaari kang mag-aplay sa pagitan ng mga petsa ng Oktubre 24, 2022 hanggang 5:00pm Alaska Time sa Nobyembre 7, 2022.** Ang iyong binotohang balota ay maaari lamang ibalik sa pamamagitan ng koreo o sa pamamagitan ng fax. Kung ibabalik mo ang iyong binotohang balota sa pamamagitan ng fax, dapat itong matanggap nang hindi lalampas sa 8:00pm oras ng Alaska sa Araw ng Halalan. Kung ibabalik mo ang iyong binotohang balota sa pamamagitan ng koreo, dapat itong mamarkahan ng pagtanggap sa o bago ang Araw ng Halalan.

Hinihikayat ang mga botante na mag-aplay nang walang papel gamit ang sistemang aplikasyon online ng balota ng lumiban ng dibisyon https://absenteeballotapplication.alaska.gov/. Makakatipid ito ng oras, papel at selyo!

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pagboto sa pamamagitan ng koreo o elekronikong paghahatid, mangyaring makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Lumiban [Absentee Office] sa (907) 270-2700 o Libreng Tawag 1-877-375-6508.

**Espesyal na Pangangailangan sa Pagboto**

Kung hindi ka makapunta sa botohan dahil sa edad, malubhang karamdaman o kapansanan, maaari kang magkaroon ng personal na kinatawan na kukuha at maghahatid ng balota sa iyo simula 15 araw bago ang isang halalan sa isang lugar ng lumiban sa pagboto o sa Araw ng Halalan sa lugar ng botohan. Ang isang personal na kinatawan ay maaaring sinuman, maliban sa isang kandidato para sa katungkulan sa halalan, ang pinaglilingkuran ng botante, isang ahente ng pinaglilingkuran ng botante, o isang opisyal o ahente ng unyon ng botante.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa lumiban sa pagboto, makipag-ugnayan sa alinmang tanggapan ng Dibisyon ng mga Halalan o bisitahin ang aming pook-sapot sa:

**www.elections.alaska.gov**

# Mga Lokasyon ng Lumiban sa Pagboto

**Ang mga balota para sa lahat ng mga distrito ay makukuha sa mga sumusunod na panrehiyong lokasyon:**

Ika-24 ng Oktubre – Ika-7 ng Nobyembre
Lunes hanggang Biyernes: 8:00am - 5:00pm
Sabado, 10:00pm - 4:00pm, at Linggo, 12:00pm - 4:00pm
Araw ng Halalan, Ika-8 ng Nobyembre: 7:00am - 8:00pm

**ANCHORAGE**

Tanggapan ng Halalan sa Rehiyon II
2525 Gambell St
Suite 100

**FAIRBANKS**

Tanggapan ng Halalan sa Rehiyon III
675 7th Ave., A2

**JUNEAU**

Tanggapan ng Halalan sa Rehiyon I
Mendenhall Mall Annex
9109 Mendenhall Mall Road, Suite 3

**NOME**

Tanggapan ng Halalan sa Rehiyon IV
Sitnasuak Build.
214 Front St.
Suite 130

**WASILLA**

Tanggapan ng Halalan sa Rehiyon V
North Fork Professional Building
1700 E Bogard Rd.
Suite B102

---

**Ang mga balota para sa lahat ng mga distrito ay makukuha sa Araw ng Halalan mula 7:00am-8:00pm sa mga sumusunod na mga paliparan:**

***ANCHORAGE***
*Ted Stevens International Airport*
*(Unang antas mula sa garahe ng paradahan)*

---

**Ang mga balota para sa lahat ng mga distrito ay makukuha sa mga sumusunod na karagdagang lokasyon:**

**ANCHORAGE**
Gusaling Panlunsod
632 W. 6th Ave.

Ika-24 ng Oktubre – Ika-7 ng Nobyembre
Lunes - Biyernes: 8:00am - 5:00pm
Araw ng Halalan, Ika-8 ng Nobyembre: 7:00am - 8:00pm

**FAIRBANKS**
UAF Wood Center
1731 S Chandalar Drive

Lunes, Ika-7 ng Nobyembre: 8:00am - 5:00pm
Araw ng Halalan, Ika-8 ng Nobyembre: 7:00am - 8:00pm

**JUNEAU - Kabayanan**
Gusali ng Tanggapan ng Estado
333 Willoughby Ave., ika-8 na palapag

Ika-24 ng Oktubre – Ika-7 ng Nobyembre
Lunes - Biyernes: 8:00am - 5:00pm
Araw ng Halalan, Ika-8 ng Nobyembre: 8:00am - 5:00pm

**PRUDHOE BAY**
1234 Drillsite Road

Ika-2 ng Nobyembre – Ika-7 ng Nobyembre
Miyerkules – Lunes: 9:00am – 5:00pm
Araw ng Halalan, Ika-8 ng Nobyembre: 7:00am - 8:00pm

---

**Ang mga balota para sa mga indibidwal na mga distrito ay makukuha rin sa maraming iba pang mga komunidad sa buong Alaska. Walang mga pagbabago sa lugar ng botohan na naganap noong 9/15. Para sa kumpletong listahan ng mga lokasyon ng lumiban sa pagboto bisitahin ang pook-sapot ng dibisyon o makipag-ugnayan sa isa sa mga Mga Tanggapan sa Pangrehiyong Halalan.**

**www.elections.alaska.gov/avo**

# Hindi Makakaboto ng may lakas na loob ang Alaska nang walang mga Manggagawa sa Halalan at pinahahalagahan namin ang lahat ng kanilang ginagawa!




Ang Dibisyon ng mga Halalan ay dapat kumalap at magsanay ng libu-libong Manggagawa sa Botohan, Mga Miyembro ng Lupon, at higit pa sa buong estado.

**Bisitahin ang elections.alaska.gov/election-workers upang matuto nang higit pa tungkol sa kung paano ka makakatulong.**

## Aplikasyon para sa Balota ng Lumiban sa Alaska– Para sa mga Halalan ng Pederal at Estado

**I-tsek ang katayuan ng iyong balota ng lumiban sa myvoterinformation.alaska.gov**

| | | |
|---|---|---|
| **Mga Halalan** | **1** | ❑ Lahat sa Taon ng Kalendaryo ❑ Primarya (Agosto) ❑ Pangkalahatan (Nobyembre)<br>❑ REAA (Oktubre) ❑ Espesyal |
| **Pagiging karapat-dapat**<br>Kung sumagot ka ng 'Hindi' sa alinmang tanong, hindi ka makakapagrehistro | **2** | Ikaw ba ay isang mamamayan ng Estados Unidos? ❑ Oo ❑ Hindi<br>Ikaw ba ay hindi bababa sa 18 taong gulang o sa loob ng 90 araw ng iyong ika-18 na kaarawan? ❑ Oo ❑ Hindi |
| **Ilimbag ang iyong pangalan** | **3** | **Apelyido** **Una** **Panggitna** **Hulapi (Suffix)** |
| **Iba pang impormasyon** | **4** | **Dating pangalan** (kung nabago): **Numero ng Botante** (kung alam): |
| **Adres ng tirahan sa Alaska -** Magbigay ng adres ng tirahan sa Alaska. Huwag gumamit ng PO, PSC, HC at Box o adres sa labas-ng-estado | **5** | **Bahay #** **Pangalan ng Kalye** **Apt #** **Lungsod** Alaska **Estado**<br>❑ *Panatilihing kompidensyal ang adres ng aking tirahan. Ang adres ng koreo sa 6 ay DAPAT na iba sa tirahan sa 5. |
| **Ang adres kung saan ka tumatanggap ng koreo (Permanente)** | **6** | |
| **Mga pantukoy**<br>**DAPAT kang magbigay ng ISA.** | **7** | ***SSN o huling 4** *** Lisensya sa pagmamaneho ng Alaska o Nu ng ID ng Estado** ❑ Wala akong SSN o Lisensya sa pagmamaneho ng AK o ID ng Estado |
| **Araw ng kapanganakan** at **Kasarian**<br>Dapat kang magbigay ng **Araw ng kapanganakan** | **8** | ***Araw ng kapanganakan** **Kasarian** ❑ Lalaki ❑ Babae |
| **Kaanib ng partidong pampulitika** | **9** | **Isulat ang Kaanib na pampulitika** (Para sa mga pagpipilian, tingnan ang mga tagubilin): |
| **Militar at mga Botante sa ibang Bansa**<br>I-tsek ang iyong katayuan at kung paano mo gustong ipadala ang iyong balota. | **10** | ❑ Aktibong miyembro ng mga Serbisyong Naka-uniporme [Uniformed Services], Pangangalakal Pandagatan [Merchant Marine], o kinomisyong pulutong [commissioned corps] o isang karapat-dapat na asawa o umaasa.<br>❑ O, ako ay pansamantalang o permanenteng **naninirahan sa ibang bansa** at balak kong bumalik sa Alaska.<br>❑ **Koreo** – Kumpletuhin ang kahon 12 ❑ **Online** – Magbigay ng sulatroniko [email] sa kahon 13<br>❑ **Fax** – Magbigay ng fax sa kahon 13 |
| **Sa malayong Alaska o sa ibang bansa?** | **11** | ❑ Oo, ako ay nasa malayong Alaska o sa ibang bansa kung saan limitado ang serbisyo sa koreo. Kung oo, isang 45-araw na paunang balota ang ipapadala sa iyo. |
| **Adres ng Koreo ng Balota**<br>**HINDI** ipapasa ang mga balota. Magbigay ng adres kung saan ka makakatanggap ng koreo. | **12** | |
| **Impormasyon sa pakikipag-ugnayan**<br>Isama ang lahat ng estado at internasyonal na unlapi [prefix]. | **13** | Pang-araw na Telepono: Panggabi na Telepono:<br>Sulatroniko: Nu ng Fax: |

www.elections.alaska.gov C06 TAG (Rev. 06/09/2022)

| | | |
|---|---|---|
| **Basahin at Lagdaan ang Sertipiko**<br>**<u>Ang iyong lagda ay dapat na sulat-kamay.</u>** Isang nakamakinilya o dihital na lagda ay hindi balido. | **14** | Ako ay sumusumpa o nagpapatunay, sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling, na: Ang impormasyon sa pormularyo na ito ay totoo, tumpak, at kumpleto sa abot ng aking kaalaman at ako ay karapat-dapat na bumoto sa hiniling na hurisdiksyon, hindi ako humihiling ng balota mula sa sinumang iba pang estado, at hindi ako bumoboto sa anumang ibang paraan sa (mga) halalan na ito. Pinapatunayan ko pa na ako ay isang residente ng Alaska at na hindi ako nahatulan ng isang mabigat na paglabag sa batas [felony] na kinasasangkutan ng kabuktutan na asal, o nahatulan nang gayon, ay napalaya nang walang kondisyon mula sa pagkakakulong, probasyon at/o parol. Hindi ako nakarehistro para bumoto sa ibang estado, o ginawa ko ang mga kinakailangang hakbang para kanselahin ang pagpaparehistrong iyon.<br>**<u>BABALA: Kung magbibigay ka ng maling impormasyon sa aplikasyon na ito maaari kang mahatulan ng isang mabigat na kasalanan at/o maliit na paglabag sa batas [misdemeanor].</u> (AS 15.56.040; AS 15.56.050)**<br><br>***Lagda:** ______________________________ **Petsa:** ______________ |
| **For Office Use** | | Registrar or Official Name: Voter No. or last 4 of SSN: |

*** Ang mga bagay ay pinananatiling kompidensyal ng Dibisyon ng mga Halalan at hindi magagamit para sa pampublikong inspeksyon maliban na ang mga kompidensyal na adres ay maaaring ilabas sa mga ahensya ng gobyerno o sa panahon ng mga proseso ng halalan gaya ng itinakda sa batas ng estado**

# Aplikasyon para sa Balota ng Lumiban sa Alaska

## Para sa mga Halalan ng Estado at Pederal

## Mag-aplay para sa isang pederal at estado na balota ng lumiban

Gamitin ang pormularyong ito para na rin sa:

- Humiling ng balota ng lumiban
- Magrehistro para bumoto.
- Baguhin ang iyong impormasyon sa pagpaparehistro.

## Upang magparehistro ikaw ay dapat

- Isang mamamayan ng Estados Unidos.
- Isang residente ng Alaska.
- 18 taong gulang o sa loob ng 90 araw ng iyong ika-18 kaarawan.
- Kapag nagparehistro para bumoto, dapat na masiyasat ang iyong pagkakakilanlan. Magsumite ng kopya ng iyong kasalukuyang lisensya sa pagmamaneho, ID ng estado, pasaporte, sertipiko ng kapanganakan, lisensya sa pangangaso at pangingisda o kasalukuyan at balidong larawan ng ID kasama ng iyong aplikasyon.

## HINDI ipapasa ang mga balota

- Magbigay ng permanenteng adres ng koreo.

## Adres ng tirahan sa Alaska

- Magbigay ng adres ng tirahan sa Alaska. Tatanggihan ang iyong aplikasyon kung magbibigay ka ng labas-ng-estado na adres, PO Box, numero at box ng HC, pambukid na ruta, komersyal na adres, koreong hinto [mail stop] na adres, atbp.

## Pansamantalang nasa labas-ng-estado at may balak na bumalik?

- Maaari mong panatilihin ang iyong adres na tirahan sa Alaska sa adres na tinirahan mo bago umalis sa Alaska o kung saan ka kasalukuyang nakarehistro sa Alaska. *Mga aktibong miyembro ng militar at asawa, ikaw ay hindi kasama sa kinakailangang hangarin na bumalik sa Alaska.*

## Militar o sa ibang bansa?

- Kapag humihiling ng sa pamamagitan ng fax o online na paghahatid ng balota, ang iyong aplikasyon ay dapat matanggap bago ang 5:00 p.m. Pamantayang Oras ng Alaska sa araw bago ang primarya, pangkalahatan, o sa buong estado na halalan.
- Siguraduhing ibigay ang iyong numero ng fax o adres ng sulatroniko kapag humihiling ng fax o online na paghahatid ng balota.

## Mga huling araw

- Nakarehistro na? Ang iyong aplikasyon ay dapat matanggap 10 araw bago ang isang halalan.
- Nagrerehistro para bumoto? Upang bumoto sa isang halalan, ang iyong aplikasyon ay dapat na may marka ng pagtanggap o natanggap 30 araw bago ang isang halalan, maliban sa isang halalan sa pagkapangulo.
- Sa isang halalan sa pagkapangulo, maaari kang magparehistro at bumoto sa karera ng pagkapangulo hangga't ang iyong kahilingan para sa isang balota sa pamamagitan ng koreo ay natanggap 10 araw bago ang halalan.

## Isumite ang iyong aplikasyon

- Ipadala sa koreo ang iyong aplikasyon:
  Dibisyon ng mga Halalan
  Tanggapan ng Lumiban at Petisyon
  [Division of Elections
  Absentee and Petition Office]
  2525 Gambell Street, Suite 105
  Anchorage AK 99503-2838
- I-fax ang iyong aplikasyon:
  907-677-9943
  855-677-9943 (libreng tawag sa U.S.)
- Ipadala sa sulatroniko ang aplikasyon:

www.elections.alaska.gov

C06 TAG (Rev. 06/09/2022)

- Magbigay ng adres ng koreo ng balota kung saan ka makakatanggap ng koreo. Kung hindi ka magbibigay ng adres ng koreo ng balota, ipapadala ang iyong balota sa iyong permanenteng adres ng koreo.

## Mga pantukoy at kontak

- DAPAT kang magbigay ng ISANG pantukoy at petsa ng iyong kapanganakan.
- Magbigay ng kontak na numero ng telepono at/o sulatroniko na impormasyon. Kung may problema sa iyong aplikasyon, makikipag-ugnayan kami sa iyo.

- Mga mamamayan sa ibang bansa, kung wala kayong balak bumalik sa Alaska at nais na lumahok sa mga pederal na halalan, mangyaring makipag-ugnayan sa aming tanggapan na nakalista sa ilalim ng 'Mga Tanong?' upang matanggap ang tamang aplikasyon.

akabsentee@alaska.gov

## Mga tanong?

- Tawagan mo kami:
  907-270-2700
  877-375-6508 (libreng tawag sa U.S.)
- Ipadala sa amin sa sulatroniko:
  akabsentee@alaska.gov
- Bisitahin ang aming pook-sapot:
  elections.alaska.gov

## Partidong pampulitika

**Mga Kinikilalang Partido Pampulitika** ay mga partido na nakakuha ng kinikilalang katayuan ng partidong pampulitika sa ilalim ng mga batas ng Alaska: Demokratikong Partido ng Alaska [Alaska Democratic Party], Republikanong Partido ng Alaska [Alaska Republican Party] at Independesiyang Partido ng Alaska [Alaskan Independence Party].

**Mga Grupong Pampulitika** ay mga partido na nag-aplay para sa katayuan ng partido ngunit hindi nakamit ang mga kwalipikasyong kinakailangan sa mga batas ng Alaska: Partidong Konstitusyon ng Alaska [Alaska Constitution Party], Partidong Libertaryan ng Alaska [Alaska Libertarian Party], Partidong Alyansa ng Alaska [Alliance Party of Alaska], Partidong Repormang Kalayaan ng Alaska [Freedom Reform Party], Partidong Berde ng Alaska [Green Party of Alaska], Partidong Katamtaman ng Alaska [Moderate Party of Alaska], Partidong OWL [OWL Party], Makabayang Partido ng Alaska [Patriot's Party of Alaska], Progresibong Partido ng Alaska [Progressive Party of Alaska], Partidong mga Clowns ng UCES [UCES' Clowns Party], at Mga Beteranong Partido ng Alaska [Veterans Party of Alaska].

**Iba pang mga Kaanib na Pulitika**: Walang kinikilingan (hindi kaanib sa isang partido o grupong pampulitika) or Hindi idineklara (Hindi nais magdeklara ng partido o grupong pampulitika).

# Tandaan na Bumoto

# Araw ng Halalan

# Martes, Nobyembre 8, 2022

# Bukas ang mga botohan
# 7:00am hanggang 8:00pm



# Mga Lugar ng Botohan

Ang mga botante na lalahok sa Nobyembre 8, 2022, Pangkalahatang halalan ay maaaring bumoto nang personal sa Araw ng Halalan sa mga lokasyon ng lugar ng botohan, o sa pamamagitan ng maaga at mga pagkakataon sa lumiban na pagboto. Ang mga botante na nagpaplanong tumanggap ng balota sa koreo ay dapat magsumite ng aplikasyon sa balota ng lumiban sa dibisyon bago ang Oktubre 29, 2022.

## Mga Pagbabago sa Lugar ng Botohan

| Distrito/Presinto | Pangalan ng Presinto | Bagong Lugar ng Botohan |
|---|---|---|

*Walang mga pagbabago sa lugar ng botohan na naganap noong 9/15 - tingnan ang pook-sapot ng Dibisyon para sa mga pagbabago na maaaring naganap pagkatapos ng petsang ito*

## Paano Hanapin ang Iyong Lugar ng Botohan

Kung hindi ka sigurado kung nasaan ang iyong itinalagang lokasyon ng botohan, mayroon kang mga sumusunod na pagpipilian:

- Hanapin ang iyong lugar ng botohan sa pamamagitan ng paglalagay ng iyong impormasyon online sa aming pook-pahina:

  https://myvoterinformation.alaska.gov

- O piliin ang listahan ng mga lugar ng botohan sa aming pook-pahina:

  https://www.elections.alaska.gov/election-polls/

- • **Tawagan ang iyong tanggapan sa mga panrehiyong halalan:**


**Region I - Juneau**
Distritong Kapulungan 1-6
907-465-3021
Libreng-Tawag 1-866-948-8683

**Rehiyon IV – Nome**
Distritong Kapulungan 37 - 40
907-443-5285
Libreng-Tawag 1-866-953-8683

**Maaari mo ring makita kung ikaw ay nakarehistro at suriin ang iyong impormasyon sa pagpaparehistro online sa itaas na adres ng pook!**

# Mayo 2022 Buong Estadong Proklamasyon ng Lupon

**Plano sa Muling Pagdidistrito na Pinagtibay ng Lupon ng Muling Pagdistrito ng Alaska 05/24/2022**




Batay sa 2020 Sensus ng Heograpiya at 2020 PL94-71 Datos; Kawil ng Galeriya ng Mapa: www.akredistrict.org/maps

# ESTADO NG ALASKA
# SANGAY NG HALALAN
## MGA PAGTATALAGA SA DISTRITO NG BAHAY AT SENADO

Base sa “May Interim 2022 Proclamation Plan” May 24, 2022

| DISTRITO NG SENADO | BAHAY DISTRITO | | BAHAY DISTRITO | |
|---|---|---|---|---|
| A | 1 | Ketchikan/Wrangell/Metlakatla | 2 | Sitka/Petersburg/Yakutat |
| B | 3 | Mendenhall Valley/Haines/ Skagway/Gustavus | 4 | Downtown Juneau/Douglas/Juneau Airport |
| C | 5 | Kodiak/Seward/Cordova | 6 | Kachemak Bay/Ninilchik/Kasilof |
| D | 7 | Kenai/Soldotna | 8 | Northern Kenai Peninsula |
| E | 9 | South Anchorage/Turnagain Arm/ Whittier | 10 | Oceanview/Klatt |
| F | 11 | Lower Hillside | 12 | Far North Bicentennial Park |
| G | 13 | Campbell | 14 | Spenard |
| H | 15 | Sand Lake/Campbell Lake | 16 | Anchorage Airport |
| I | 17 | Downtown Anchorage | 18 | Government Hill/JBER/Northeast Anchorage |
| J | 19 | Mountainview/Airport Heights | 20 | U-Med |
| K | 21 | South Muldoon | 22 | North Muldoon |
| L | 23 | Eagle River Valley | 24 | North Eagle River/Chugiak |
| M | 25 | Palmer/Butte | 26 | Goose Bay/Gateway |
| N | 27 | Wasilla/Meadow Lakes | 28 | Tanaina/Lakes |
| O | 29 | Eastern Mat-Su/Valdez | 30 | Houston/Big Lake/Parks Highway |
| P | 31 | Downtown Fairbanks | 32 | East Fairbanks/Fort Wainwright |
| Q | 33 | North Pole/Badger | 34 | Steele Creek/Two Rivers/Eielson/Salcha |
| R | 35 | College/Ester/Chena Ridge | 36 | Copper River Basin/Delta/Tok/Yukon Drainage |
| S | 37 | Bristol Bay/Aleutians/Kuspuk | 38 | Lower Kuskokwim |
| T | 39 | Bering Straits/Yukon Delta | 40 | Arctic |

H07 (REV 05/24/2022)

# Mga Kandidato para sa Nahalal na Tanggapan

Ang Araw ng Pangkalahatang Halalan ay Martes, Nobyembre 8, 2022

**Senado ng Estados Unidos**

Patricia R. Chesbro, Rehistradong Demokratiko
Buzz A. Kelley, Rehistradong Republikano *
Lisa Murkowski, Rehistradong Republikano
Kelly C. Tshibaka, Rehistradong Republikano

**Kinatawan ng Estados Unidos**

Nick Begich, Rehistradong Republikano
Chris Bye, Rehistradong Libertaryan
Sarah Palin, Rehistradong Republikano
Mary S. Peltola, Rehistradong Demokratiko

**Gobernador at Tenyente Gobernador**

Mike Dunleavy and Nancy Dahlstom, Rehistradong Republikano
Les Gara and Jessica A. Cook, Rehistradong Demokratiko
Charlie Pierce and Edie Grunwald, Rehistradong Republikano*
Bill Walker and Heidi Drygas, Waland Partido

**Kapulungan ng Estado ng Alaska**

DISTRITO C NG SENADO
Walter H. Jones, Rehistradong Republikano*
Heath Smith, Rehistradong Republikano*
Gary Stevens, Rehistradong Republikano

DISTRITO S NG SENADO
Lyman F Hoffman, Rehistradong Demokratiko
Willy Keppel, Rehistradong Beterano ng AK *

**Kapulungan ng Estado ng Alaska**

DISTRITO 5 NG KAPULANGAN
Louise B. Stutes, Rehistradong Republikano*
Benjamin T. Vincent, Rehistradong Republikano*

DISTRIT0 37 NG KAPULUNGAN
Bryce Edgmon, Hindi Idineklara*

** Nagsasaad na ang kandidato ay hindi nagsumite ng mga materyales sa munting aklat, hindi nakatugon sa mga kinakailangan upang lumabas sa munting aklat o nabigong matugunan ang mga huling araw ng paghahain ayon sa batas para sa pagsusumite. (AS 15.58.030 at AS 15.58.060)*

# Senador ng Estados Unidos

## Patricia R. Chesbro, Rehistradong Demokratiko



**Adres ng Tirahan:** 3260 S Purvey Circle
Wasilla, AK 99654

**Adres ng Koreo:** P. O. Box 1093
Palmer, AK 99645

**Sulatroniko:** pat@chesbroforalaska.com

**Pook-sapot:** https://www.chesbroforalaska.com

**Edad:** 74

**Lugar ng Kapanganakan:** Norwich NY

**Pangalan ng Asawa:** James Chesbro, Sr. (deceased)

**Mga Pangalan ng mga Bata:** Jennifer, James, Heidi & Mark Chesbro, Carrie Gill, Amy Chesbro (deceased)

**Hanapbuhay:** Lifelong educator, now retired

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:** 48 years

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:**
Palmer AK, 1974-77
Wasilla AK, 1977-current

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska::**
Sherburne (NY) Central School, Syracuse University, SUNY Albany, UAA

**Mga Posisyon sa Pulitika at Pamahalaan:**
Komisyon sa Pagpaplano ng MatSu Borough

**Mga Posisyon sa Negosyo at Propesyonal:**
Guro at Punong-guro sa Pagbasa/Ingles: Palmer High School
Superintendente: Mga paaralan ng Matanuska Susitna Borough
Katulong na Propesor at Pansamantalang Dekana: UAA College of Education

**Pagiging Kasapi ng mga Organisasyon ng Serbisyo:**
Kasapi sa Lupon ng Pagtatatag ng Komunidad ng Palmer [Palmer Community Foundation], Museo ng Kasaysayan at Sining ng Palmer [Palmer Museum of History and Art], Konseho ng Sining ng Palmer [Palmer Arts Council], at Koalisyon ng Palmer [Palmer Coalition].

**Mga Espesyal na Interes:**
Naglalakbay at tinatangkilik ang ating likas na kapaligiran.

**ng Posisyon:**
Bilang isang mahabang panahon na tagapagturo, nakikita ko ang aking sarili na lalong nag-aalala para sa aming mga anak at kabataan. Sa isang panahon sa kanilang mga buhay kung saan dapat silang makaramdam ng pag-asa at naniniwalang magiging mabuti ang lahat sa mga pagkakataong naghihintay, nakikita nila ang pagkakahati, kawalang-galang at hindi pagpaparaan sa wika at pag-uugali ng mga lokal at pambansang pinuno. Nakikita nila ang mga pagsisikap na alisin ang mga karapatang ipinaglaban at iginagalang sa loob ng maraming taon, partikular ang karapatan ng isang babae na pumili, at iniisip kung aling mga karapatan ang susunod. Nakikita nila ang ilang mga pagsisikap na pigilan ang karahasan ng baril na nagnanakaw sa kinabukasan ng kanilang mga kauri. Nakikita nila ang walang humpay na pagbibigay-diin sa kita kaysa sa pagpapagaling sa ating planeta.

Ang mga nahalal na pinuno ng ating bansa ang nagtakda ng tono para sa ating bansa. Bilang isang makaranasang pinuno, nangangako akong ibalik ang katapatan at responsibilidad sa Senado. Nakatuon ako sa pagmomodelo ng pag-uugali na dapat nating ituro sa ating mga anak. Nakatuon ako sa pagpapalakas ng demokrasya na nararapat sa kanila sa kanilang hinaharap.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.*
*Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Senador ng Estados Unidos

## Lisa Murkowski, Rehistradong Republikano



**Adres ng Tirahan:** Girdwood, Alaska

**Adres ng Koreo:** Lisa Murkowski for U.S. Senate
P. O. Box 100847
Anchorage, AK 99510

**Sulatroniko:** Info@lisamurkowski.com

**Pook-sapot:** www.lisamurkowski.com

**Edad:** 65

**Lugar ng Kapanganakan:** Ketchikan, AK

**Pangalan ng Asawa:** Verne Martell

**Mga Pangalan ng mga Bata:** Nic and Matt Martell

**Hanapbuhay:** Nakatatandang Senador ng U.S. para sa Alaska

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:** 65 years, buong buhay na taga-Alaska

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:**
Ketchikan, Wrangell, Juneau, Fairbanks, Anchorage, at Girdwood

**Edukasyon:**
Monroe High School sa Fairbanks; Economics degree mula sa Georgetown University; Juris Doctor mula sa Willamette College of Law

**Mga Posisyon sa Pulitika at Pamahalaan:**
Kapulungan ng Estado, ika-14 na distrito mula 1999-2002. Senador ng US mula 2002 hanggang kasalukuyan.

**Mga Posisyon sa Negosyo at Propesyonal:**
Dating Tagapangulo at Ranggong Kasapi, Komite sa Enerhiya at Likas na Yaman ng Senado [Senate Energy and Natural Resources Committee]; Kasapi, Komite sa mga Paglalaan ng Senado [Senate Appropriations Committee]; Dating Tagapangulo at Ranggong Kasapi, Sub-komite sa mga Paglalaan sa Panloob-Kapiligiran [Interior-Environment Appropriations Subcommittee]; Kasapi, Komite sa Kalusugan, Paggawa at mga Pensiyon ng Senado [Senate Health, Labor & Pensions Committee]; Ranggong Kasapi, Komite ng Ugnayang Indiyano ng Senado [Senate Indian Affairs Committee]; Dating Kasapi, Komite sa mga Relasyon sa Ibang Bansa ng Senado [Senate Committee on Foreign Relations]

**Pagiging Kasapi ng mga Organisasyon ng Serbisyo:**
Buong-buhay na kasapi ng NRA at kasaping nagtatag ng Midnight Sun Republican Women's Club

**Mga Espesyal na Interes:**
Pag-iiski, pangingisda, at paglalakad nang malayo

**Pahayag ng Posisyon:**
Bilang isang ikatlong henerasyong Alaskan na lumaki sa mga komunidad sa buong Estado, naiintindihan ko ang mga natatanging hamon na kinakaharap natin. Bilang iyong nakatatandang Senador, nagtrabaho ako sa mga linya ng partido upang maghatid para sa Alaska. Mula sa pag-akda at pakikipag-ayos sa pakete ng imprastraktura upang maging batas – pagkuha ng mga makasaysayang pamumuhunan sa mga kalsada, tulay, daungan, at pagpapalawak ng broadband sa kanayunan – hanggang sa pagprotekta sa ating mga bangkang pantawid, pangisdaan, at pangangalaga sa ating mga beterano, ang Alaska ay nasa ubod ng aking misyon, palagi.

Mula sa Adak hanggang Utqiagvik, ang Alaska ay mayaman sa pagkakaiba-iba ng mga kultura at pinalakas ng pagpapasya sa sarili na mahalaga sa pagprotekta sa paggamit sa ating mga lupain at mapagkukunan. Patuloy akong natututo mula sa karunungan ng mga Unang taga-Alaska. Sa pagtutulungan, nakakuha tayo ng pondo upang matiyak na ang ating mga komunidad sa kanayunan ay magkakaroon ng malinis na tubig at mga sistema ng sanitasyon at pinalawak na kakayahang magamit ang broadband. Ang estratehikong kahalagahan ng Alaska sa ating pambansang seguridad ay pangalawa sa wala. Magpapatuloy ako sa pagkuha ng mga pamumuhunan upang palakasin at palawakin ang ating mga instalasyong militar, imprastraktura, at mga trabaho sa pagtatanggol. Ang Alaska ay tahanan ng mahigit 20,000 aktibong mga kasapi ng serbisyo at mas maraming beterano bawat tao kaysa sa ibang estado. Patuloy akong magtatrabaho para pahusayin ang VA na tinitiyak na matatanggap ng mga beterano ang mga benepisyong nararapat sa kanila.

Bilang mga magulang, gusto namin ni Verne ng isang masiglang kinabukasan para sa Alaska kung saan ang aming mga anak na lalaki ay maaaring makibahagi sa pagkakataon, at balang araw ay bubuo ng kanilang sariling pamilya. Ito ang pananaw na ibinabahagi nating lahat para sa ating mga anak at Alaska. Samahan ninyo akong magtulungan para sa lupain at sa mga taong mahal natin.

Magalang kong hinihingi ang iyong boto.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.*
*Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Senador ng Estados Unidos

## Kelly C. Tshibaka, Rehistradong Republikano



**Adres ng Tirahan:** Anchorage, AK

**Adres ng Koreo:** Kelly For Alaska
645 G ST STE 100-561
Anchorage, AK 99501-3443

**Sulatroniko:** info@kellyforak.com

**Pook-sapot:** kellyforak.com

**Edad:** 43

**Lugar ng Kapanganakan:** Anchorage, Alaska

**Pangalan ng Asawa:** Niki Tshibaka

**Mga Pangalan ng mga Bata:** Denali, Josiah, Joseph, Justice, Elora

**Hanapbuhay:** Tagapagpaganap ng Pamahalaan

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:** 26 taon

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:** Wasilla (1979-1982) Anchorage (1982-2002) (2019-Kasalukuyan)

**Edukasyon:** Steller Secondary School, University of Alaska Anchorage, Texas A&M, Harvard Law School

**Mga Posisyon sa Pulitika at Pamahalaan:**
Komisyonado, Kagawaran ng Pangangasiwa, Estado ng Alaska [Department of Administration, State of Alaska]; Punong Opisyal ng Datos, Tanggapan ng Inspektor Heneral, Tanggapan ng Koreo ng U.S. [Office of Inspector General, U.S. Post Office]; Pansamantalang Inspektor Heneral, FTC; Espesyal na Tagapayo, Tanggapan ng Direktor ng Pambansang Kaalaman [Office of the Director of National Intelligence]; Espesyal na Katulong, Tanggapan ng Inspektor Heneral, Kagawaran ng Hustisya.

**Mga Posisyon sa Negosyo at Propesyonal:**
Lisensyadong Kasapi, Abogasiya ng Maryland

**Pagiging Kasapi ng (mga) Organisasyon ng Serbisyo:**
Internasyonal na Simbahan ng Ebanghelyong Foursquare [International Church of Foursquare Gospel]; Ang Pagsasamang Parola [The Lighthouse Fellowship]; Pambansang Kapisanan ng Baril [National Rifle Association]; Amerikanong Lehiyon Poste 3 [American Legion Post 3], Internasyonal na Klub ng Safari [Safari Club International]

**Mga Espesyal na Interes:**
Pagbuo ng mga pinuno, kasiyahan ng pamilya, paglaban sa pangangalakal ng tao, paglalakad nang malayo

**Iba pa (Biyograpikong Impormasyon):**
Ang ama ni Kelly ay elektrisista ng unyon at beterano ng Digmaang Vietnam, at ang kanyang ina ay isa sa mga unang manggagawa sa pagsimula ng Prudhoe Bay. Ang kanyang mga magulang ay walang tirahan nang ilang panahon noong 1970s, ngunit salamat sa trabaho sa industriya ng langis, nakipaglaban sila tungo sa uring manggagawa.

**Pahayag ng Posisyon:**
Si Kelly Tshibaka ay isang Unang kandidato ng Amerika na palaging kakatawan sa mga pananaw at mga halaga ng mga taga-Alaska sa Senado ng U.S. Maninindigan siya para sa mga pansaligang batas na karapatan ng lahat ng mga mamamayan at lalaban kontra sa labis na pagkuha ng pederal na pamahalaan na nagnanais na gawin ang Alaska na isang pambansang parke para sa natitirang bahagi ng bansa.

Habang naglalakbay siya sa buong estado, sinasabi ng mga taga-Alaska kay Tshibaka na "Panahon na para sa isang pagbabago," na siyang pangunahing tema ng kanyang kampanya. Ipaglalaban niya ang mga industriyang mapagkukunan ng Alaska, na lumilikha ng libu-libong trabaho at nagbibigay sa ating mga anak ng kinabukasan, ngunit nasa ilalim pa rin sa pag-atake ng mga radikal sa kapaligiran ng administrasyong Biden at sa Washington, D.C. mga tagaloob na nagpapagana sa kanila. Lalaban si Tshibaka para buhayin ang ekonomiya ng Alaska; bawiin ang ating karapatan bilang mga magulang, may-ari ng baril, at may-ari ng lupa; reporma sa pangangalagang pangkalusugan upang ito ay gumagana para sa taga-Alaska; nangangailangan ng pantay, legal, at ligtas na imigrasyon; ibalik ang mga karapatan at integridad sa pagboto;at manindigan para sa karapatan sa buhay para sa mga Amerikanong hindi pa isinisilang.

Inendorso ni Pangulong Donald Trump at ng Republikanong Partido ng Alaska, Kelly Tshibaka ay ang tanging pagpipilian para sa mga taga-Alaska na pagod na sa mga elitistang pulitiko na tumutugon sa D.C. mga tagaloob. Kapag si Kelly Tshibaka ay nasa Senado, sa wakas ay magkakaroon na tayo ng magbibigay tinig sa lahat ng mga taga-Alaska na pakiramdam ay nakalimutan, binalewala, pinagsamantalahan o hindi pinarangalan sa nakalipas na 21 taon.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.*
*Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Kinatawan ng Estados Unidos

## Nick Begich, Rehistradong Republikano



**Adres ng Tirahan:** 22568 Sambar Loop
Chugiak, AK 99567

**Adres ng Koreo:** Alaskans for Nick Begich
P. O. Box 190171
Anchorage, AK 99519

**Sulatroniko:** alaskansfornickbegich@gmail.com

**Pook-sapot:** www.alaskansfornickbegich.com

**Edad:** 45

**Lugar ng Kapanganakan:** Anchorage, AK

**Pangalan ng Asawa:** Dharna Begich

**Pangalan ng mga Bata:** Nicholas Begich

**Hanapbuhay:** May-ari ng Negosyo at Mamumuhunan

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:** 18

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:**
Anchorage, (2004-2011), Chugiak (2011-Current)

**Edukasyon:**
Baylor University (BBA), Indiana University (MBA)

**Mga Posisyon sa Pulitika at Pamahalaan:**
Kapwa-pinuno, Taga-Alaska para kay Don Young (2020), Kapwa-pinuno ng Komite sa Pananalapi ng Partido Republikano ng Alaska (2017-2019), Pangulo ng Lupon. Talakayan ng Patakaran ng Alaska [Alaska Policy Forum] (2018-2021)

**Mga Posisyon sa Negosyo at Propesyonal:**
Tagapagtatag at Tagapangulong Tagapagpaganap, Farshore Partners; Tagapagtatag at Kasamang Tagapamahala Dashfire; Direktor ng Lupon MTA (2016-2022); Pangulo ng Lupon MTA Foundation (2017-2021); Tagapamahala ng Pagpapalaganap ng Produkto Ford Motor Company, Tagapamahala ng Teknolohiya (2002• 2004)

**Pagiging mga Kasapi ng Organisasyon ng Serbisyo:**
Pambansang Kapisanan ng Baril [National Rifle Association], Safari Club International (SCI), Loyal Order of Moose, American Legion, ACF Church

**Mga Espesyal na Interes:**
Pangingisda, Paglalakad ng Malayo, Paglalakbay, Basketbol, Paglikha ng Bagong Negosyo, Pamumuhunan

**Pahayag ng Posisyon:**
Kung matagumpay nating kakatawanin ang tungkulin ng Alaska sa ating bansa sa natitirang bahagi ng Kongreso, mangangailangan ito ng isang tao na gagawa ng tinatawag kong kaso ng negosyo para sa Alaska. Sinusuportahan ko ang pagpapaunlad ng mga mapagkukunan sa buong lupon, at hinding-hindi ko ikokompromiso ang mga kalayaang ginagarantiyahan sa bawat isa sa atin sa ilalim ng Saligang batas ng U.S. Tumatakbo ako para sa Kongreso upang magdala ng bagong enerhiya at mga solusyon sa trabaho. Ako ay magsisikap na magbigay ng pamumuno at pagkatawan na nararapat sa mga tao ng Alaska.

Ang aking pangunahing priyoridad kapag nahalal ay lumikha ng mga pagkakataong pang-ekonomiya na magbubukas ng henerasyong yaman para sa mga tao ng ating dakilang estado. Para magawa ito, dapat tayong magbigay ng nakakahimok na kaso sa mga nasa Kongreso na ang kinabukasan ng Alaska ay isang pangunahing bahagi ng kinabukasan ng ating bansa. Kung ito man ay langis at gas, kritikal na mga mineral, troso, pangingisda, o turismo, ang Alaska ay nagbibigay sa bansa ng maraming mga mapagkukunan kung saan maaari tayong bumuo ng isang malusog at matatag na ekonomiya, matatag na pamilya, at isang henerasyon ng pamumuno para sa ating estado.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.*
*Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Kinatawan ng Estados Unidos

## Chris Bye, Rehistradong Libertaryan




**Iba pa (Biyograpikong Impormasyon):**
Si Chris Bye ay hindi isang politiko. Siya ay isang taga-Alaska, isang asawa, isang ama ng 4, isang beterano sa labanan, isang taga-Alaskang gabay sa pangingisda, isang tagasanay ng kabataan sa saker, dating tagasanay ng kabataan sa pamamaril, at isang lalaking mahilig sa labas (outdoorsman).

Inialay ni Chris ang kalahati ng kanyang buhay sa paglilingkod sa dakilang bansang ito, bilang parehong karaniwang kawal sa Hukbo ng U.S. at kalaunan bilang isang kinomisyong opisyal. Patuloy na itinutulak ng Hukbo ang mga opisyal nito sa mga bago at mapaghamong tungkulin, na nagbibigay kay Chris ng kalamangan kapag napunta siya sa Kongreso. Naranasan niya ang pagbabago ng mga propesyonal na kapaligiran at palaging gumanap upang magtagumpay sa hamon ng mga bagong sitwasyon. At ang pagreretiro ay hindi nagpahupa sa pagnanais na ipagpatuloy ang serbisyong iyon. Nasaksihan din niya mismo ang mga mapangwasak na epekto ng mga patakarang ginawa sa Washington D.C., na malayo sa mga katotohanang kinakaharap ng mga Alaska. Ito ang direktang katibayan na humihimok sa kanya sa paglilingkod sa kabila ng komunidad ng Fairbanks at Fort Wainwright sa pamamagitan ng pagtakbo para sa Kongreso.

**Pahayag ng Posisyon:**
Sa napakatagal na panahon marami sa atin ang nagmamasid, hindi nakikisali at hindi sumasang-ayon sa mga desisyong ginawa ng karera at makisig na mga pulitiko ng magkabilang partido. Ang mga karaniwang taga-Alaska ay makakagawa ng mas mahusay na mga desisyon kaysa sa mga pulitiko na may ayos o karera.

Isasaalang-alang nya ang lahat ng taga-Alaska, lalo na ang mga direktang apektado, upang tumulong sa paglutas ng mga problemang kinakaharap natin. Bagama't hindi tayo palaging sumasang-ayon, ang diyalogong nagtataguyod ng pagpapabuti kasama ang mga magkakaibang pananaw ay mahalaga sa paglikha ng pinakamahusay na Alaska, hindi lamang para sa ilang grupo kundi para sa bawat taga-Alaska. Si Chris ay matatag na naniniwala na dapat tayong magkaroon ng representasyon na magkakaiba gaya ng Alaska kaya naman ganap niyang sinusuportahan ang mga limitasyon sa termino. Gusto niyang ang Konseho ng Pamamahala ng Pangisdaan sa Hilagang Pasipiko [North Pacific Fisheries Management Council] ay nakikinig sa mga pangangailangan ng mga taga-Alaska: bawasan, pagkatapos ay alisin ang kailalimang lambat na pamalakaya [bottom trawling]; bawasan ang hindi gustong isda [bycatch]; at isama ang mga kinatawan mula sa mga komunidad sa itaas ng ilog. Nais niyang itigil ng Kongreso ang pagkadena ng mga susunod na henerasyon na may utang. Wala ng mga maluho at Walang kwentang proyekto ng militar [Boondoggles]. Magsagawa ng mga pag-odit na may mga aksyong pagpaparusa para sa bawat Departamento at Ahensya sa loob ng Pederal na Pamahalaan. Ang pinakamahalaga ay sinusuportahan ni Chris ang ligtas na pagpapaunlad ng mga likas na yaman sa pamamagitan ng mga prosesong nagpapanatili sa kapaligiran na binuo at ibinibigay sa mga mag-aaral na pumapasok sa sistema ng Pamantasan ng Alaska. Ang Pederal na Pamahalaan ay nagpapanatili ng 36 milyong mga akre ng lupa na pag-aari ng Alaska. Kinakatawan ng lupang iyon ang mga hinaharap na heopisiko, inhinyero, botaniko, tagapagtaguyod ng kapaligiran, propesyonal sa enerhiya, guro, nars, maliliit na negosyo, pamilya... mga pagkakataon sa hinaharap.

Mas magagawa natin. Utang natin sa ating mga anak na gumawa ng mas mahusay. Nagsisimula ito sa pagpili ng mga kinatawan na nagtatrabaho para sa atin, hindi para sa isang partido. Huwag Magpasya sa Kaunti sa Dalawang Kasamaan. Oras na Alaska.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.*
*Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Kinatawan ng Estados Unidos

## Sarah Palin, Rehistradong Republikano



**Adres ng Tirahan:** 1140 W. Parks Highway
Wasilla, AK 99654

**Adres ng Koreo:** P. O. Box 871235
Wasilla, AK 99687

**Sulatroniko:** info@sarahforalaska.com

**Pook-sapot:** www.SarahforAlaska.com

**Edad:** 58

**Lugar ng Kapanganakan:** Idaho

**Mga Pangalan ng mga Bata:** Trig, Piper, Willow, Bristol, Track

**Hanapbuhay:** May-ari ng Negosyo

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:** 58

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:**
Skagway 1964, Eagle River 1970, Wasilla 1972 hanggang kasalukuyan.

**Edukasyon:**
Nagtapos sa Wasilla HS. University of Idaho, Digri sa Pamamahayag.

**Mga Posisyon sa Pulitika at Pamahalaan:**
Konseho ng Lungsod, Alkalde, Pangulo Kumperensya ng mga Alkalde ng Alaska [Alaska Conference of Mayors], Tagapangulo AOGCC, Gobernador, Kapwa-Tagapangulo Komite sa mga Likas na Yaman ng NGA [NGA's Natural Resources].

**Mga Posisyon sa Negosyo at Propesyonal:**
May-akda, tagapagsalita, komentarista sa pulitika, tagapamahala ng lungsod, tagapagbalita ng pampalakasan, patnugot ng pagtatalaga ng balita

**Pagiging Kasapi ng (mga) Organisasyon ng Serbisyo:**
NRA, Hunter Nation, Feminists for Life.

**Mga Espesyal na Interes:**
Pampalakasan. Mga panlabas ng taga-Alaska

**Iba pa (Biyograpikong Impormasyon):**
Si Sarah Palin ay isang buong-buhay na taga-Alaska na lumipat dito noong siya ay ilang buwan pa lamang. Pinalaki ni Sarah ang kanyang limang anak sa Wasilla, kung saan siya nakatira. Ang kanyang anak na si Trig ay nag-aaral sa Gitnang Paaralan ng Wasilla. Siya ay "muling isinilang" sa kanyang pananampalataya sa Diyos sa edad na 11, habang namamangha sa kariktan ng kagandahang-loob ng Diyos sa Alaska. Kahit na pagkatapos na maitulak sa pambansang sinag noong 2008, nananatiling tunay na taga-Alaska si Sarah, na hindi titigil sa pakikipaglaban para sa pinakadakilang estado sa Unyon.

**Pahayag ng Posisyon:**
Ginugol ko ang aking buong karera sa pakikipaglaban sa nagsasarili na pampulitikang establisimyento at pakikipaglaban para sa interes ng masisipag na kalalakihan at kababaihan ng Alaska. Hindi ako natatakot na manindigan sa sarili kong partido upang gawin ang tama, at magsusumikap ako nang walang pagod upang magawa ang mga bagay para sa kapakinabangan ng ating estado at ng ating bansa. Naniniwala ako sa responsableng pag-unlad ng bigay-Diyos na mga likas na yaman ng Alaska, pagtatanggol sa ating mga kalayaan sa saligang batas, pagwawakas sa kultura ng kamatayan at pagprotekta sa buhay ng mga inosente, at pagkuha ng mga karapatan ng mga estado laban sa isang mapanupil na pederal na pamahalaan. Ako ay isang walang pagod na tagapagtaguyod para sa ating militar at sa ating mga beterano

Kung mahalal, ang una kong priyoridad ay ang tumulong sa pangunguna sa batas na nagtataguyod ng kalayaan sa enerhiya. Sa ngayon, masyadong tumataas ang presyo ng gas sa buong bansa–at makakatulong ang Alaska na gumawa ng isang bagay tungkol dito. Lalaban din ako para pangalagaan at protektahan ang ating karapatang panatilihin at humawak ng armas, magsusulong para sa responsableng pagpapaunlad ng imprastraktura gamit ang sariling kalamangan sa suportang pederal para sa mahahalagang proyekto, at magsisikap na wakasan ang mga limos sa gobyerno ng mga Amerikanong may malakas na pangangatawan, maputol ang kuskus-balungos na nakakasagabal sa mga may-ari ng maliit na negosyo, at hayaan ang malayang pamilihan na gawin ang pinakamainam nitong ginagawa–makabuo ng tagumpay para sa lahat ng mga Amerikano.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.*
*Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Kinatawan ng Estados Unidos

## Mary S. Peltola, Rehistradong Demokratiko



**Adres ng Tirahan:** 243 Akiak St
Bethel, AK 99559

**Adres ng Koreo:** P. O. Box 210014
Anchorage, AK 99521

**Sulatroniko:** mary@marypeltola.com

**Pook-sapot:** www.marypeltola.com

**Edad:** 49

**Lugar ng Kapanganakan:** Alaska

**Pangalan ng Asawa:** Gene Peltola Jr

**(Mga) Pangalan ng mga Bata:** Conrad Kapsner, Van Kapsner, Job Nelson, Nora Nelson, Eugene Peltola III, Trevor Peltola, Kaeli Peltola

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:** 49 taon

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:** Kwethluk 1980-1982, Platinum 1985-1987 at Bethel 1973-1979, 1988- Kasalukuyan, Tuntutuliak 1982-1984

**Edukasyon:** University of Northern Colorado, UAF, UAS at UAA

**Serbisyong Militar:** Dalawang anak na lalaki ang naglilingkod sa Hukbong Bantay Dagat ng US [US Coast Guard]

**Mga Posisyon sa Pulitika at Pamahalaan:**
Kapulungan ng mga Kinatawan ng Alaska 1999-2009. Konseho ng lungsod ng Bethel mula 2011-2013.

**Mga Posisyon sa Negosyo at Propesyonal:**
Tagapagpaganap na Direktor ng Komisyon ng Pantribung Isda ng Intel ng Ilog ng Kuskokwim [Kuskokwim River Intel Tribal Fish Commission], Tagapamahala ng Komunidad at Pagpapanatili para sa Donlin Gold

**Pagiging Kasapi ng (mga) Organisasyon ng Serbisyo:**
Dating kasapi ng -Pag-iingat ng mga Bata ng Alaska [Alaska Children Trust], Konseho ng mga Gobernador sa Ligtas na Tubig at Kalinisan [Governors Council on Safe Water & Sanitation], Komisyon sa Pagtitimpi ng mga Gobernador [Governors Tolerance Commission], AK 20/20, Lupon ng Sangkatauhang Talakayan ng Alaska [Alaska Humanities Forum Board], Lupon ng Pangangalaga ng Kalikasan [Nature Conservancy Board], Lupon ng Foraker [Foraker Board], Klub ng mga Batang Lalaki at Babae ng Pumapatnubay na Komite ng Kanayunan [Boys & Girls Club of Rural Steering Committee], Mga Kasamahang Salmon ng AK [AK Salmon Fellows].

**Mga Espesyal na Interes:**
Sa tag-araw, si Mary at ang kanyang asawang si Gene Jr ay matatagpuan kasama ang kanilang pitong anak at dalawang apo na nangingisda sa Ilog ng Kuskokwim, at sa kanilang kampo ng isda sa Steamboat Slough.

**Pahayag ng Posisyon:**
Responsableng pag-unlad ng mapagkukunan, na may lokal na kontrol - Sinusuportahan ko ang responsableng pag-unlad ng mapagkukunan. Ang masaganang likas na yaman ng Alaska ay nagbigay ng pang-ekonomiyang kaunlaran para sa marami sa ating estado, at patuloy itong gagawin. Ang mga desisyon tungkol sa kung saan at kung paano mag-aani, magdidril, o magmina, ay dapat na sumasalamin sa mga priyoridad ng mga taong nakatira na pinakamalapit sa anumang iminungkahing proyekto.

Mga trabaho sa imprastraktura - Ang Alaska ay nangangailangan ng kritikal na imprastraktura saan ka man tumingin, ang pagpapahusay sa mga paliparan, bangkang pantawid, haywey, mga parilya ng enerhiya, imprastraktura ng broadband at higit pa ay lilikha ng magandang pasweldong trabaho at bubuo ng pundasyon para sa paglago ng ekonomiya sa mga darating na taon.

Pagbabago ng Klima - Namumuhay tayo sa mga epekto ng pagbabago ng klima, kung nasaan ako ang mga epekto ay kitang-kita. Habang tayo ay umaangkop sa ating nagbabagong kapaligiran, kailangan natin ng pambansang pamumuno na inuuna ang mga solusyon na kasing laki ng problemang kinakaharap natin

Walang Maliliit na Bato - Ang mga tao sa rehiyon ng Bristol Bay ay malakas na nagsalita laban sa partikular na minahan na ito, na maaaring magdulot ng panganib sa pinakamalaking takbo ng sockeye salmon sa mundo. Sa Kongreso, magsisikap akong magtatag ng mga permanenteng proteksyon para sa rehiyon.

Mga Paaralan - Ang mga de-kalidad na paaralan ay mahalaga sa kinabukasan ng ating mga komunidad. Ang mga mag-aaral at guro ay nangangailangan ng suporta upang palakasin ang ating mga komunidad at makita ang mga pinabuting resulta ng edukasyon. Sinusuportahan ko ang pagaaral ng pangalawang wika [language immersion] at edukasyon sa kasaysayan ng Alaska. Marami sa mga wika ng ating estado ay nasa bingit ng pagkalipol. Ipagtatanggol ko ang mga mapagkukunan para sa mga pagsisikap sa pagbabagong-buhay ng wika.

Ako ay mga Maka-Trabaho, Maka-Pamilya, Maka-Isda, Maka-Pagpili

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.*
*Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Gobernador

## Mike Dunleavy, Rehistradong Republikano



**Adres ng Tirahan:** 7340 N. Kingfisher Ln
Wasilla, Alaska, 99654

**Adres ng Koreo:** 2521 E. Mountain Village Dr.
PMB #550, Ste. B
Wasilla, Alaska, 99654

**Sulatroniko:** info@dunleavygovernor.com

**Pook-sapot:** www.dunleavygovernor.com

**Edad:** 61

**Lugar ng Kapanganakan:** Scranton, Pennsylvania

**Pangalan ng Asawa:** Rose

**Mga Pangalan ng mga Bata:** Maggie-Lynn 30,
Catherine 26, Ceil Anne 23

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska::** 38 taon

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:**
Koyuk, Fairbanks, Kotzebue, Wasilla

**Edukasyon:**
Scranton Central High School, 1979. College Misericordia B.A. Kasaysayan, 1983.
Educational Endorsement Program College Misericordia, 1984. Master sa Edukasyon UAF,1992.

**Mga Posisyon sa Pulitika at Pamahalaan:**
Gobernador ng Alaska (2018 - Kasalukuyan)
Senador ng Estado (2013 - 2018)
Kasapi/Pangulo ng Lupon ng Paaralaan ng Mat-Su Borough (2009-2012)

**Mga Posisyon sa Negosyo at Propesyonal:**
Ako ay isang guro sa pampublikong paaralan, punong-guro, at superintendente ng mga paaralan sa Alaska. Naglingkod din ako bilang tagapamahala ng proyekto para sa Proyekto ng Tagapagturo ng Guro ng Alaska [Alaska Teacher Mentor Project].

**Pagiging mga Kasapi ng Organisasyon ng Serbisyo:**
Sagradong Puso ng Simbahang Katoliko [Sacred Heart Catholic Church], NRA Habambuhay na Kasapi, Konseho ng Panlabas ng Alaska [Alaska Outdoor Council], Samahan ng mga Lupon ng Paaralan ng Alaska [Association of Alaska School Boards], Safari Club International.

**Mga Espesyal na Interes:**
Pagmamasing ng niyebe [Snowmachining], pangingisda, pagkakampo, paglalakad ng malayo, at pangangaso.

**Pahayag ng Posisyon:**

**Kaligtasan ng Publiko**
Ang kaligtasan ng publiko ang aking pangunahing priyoridad. Pinawalang-bisa ko ang nakapipinsalang programang hulihin-at-pakawalan ng Alaska, ang SB 91, na nagpapababa ng krimen ng 18% sa unang taon. Kami ay kumukuha ng mga trooper sa mga makasaysayang bilis, nagpapanumbalik ng mga posisyong inalis ng nakaraang administrasyon at nagpapanumbalik ng tiwala sa kaligtasan ng publiko ng Alaska.

**Matibay na Ekonomiya**
Sa taong ito, naghatid kami sa pinakamalaking PFD sa kasaysayan. Ang pag-alis ng dibidendo mula sa mga kamay ng mga pulitiko, ang paglaban sa mga bagong buwis, ang pagpigil sa paglago ng gobyerno, at ang pag-iba-iba ng ating ekonomiya ay nananatiling aking mga pangunahing priyoridad sa ekonomiya. Dapat nating repormahin ang ating sistema ng edukasyon, mamuhunan sa pagpapaunlad ng lakas ng manggagawa upang punan ang mga trabaho sa Alaska, at pag-iba-ibahin ang ating ekonomiya. Hindi uunlad ang Alaska sa pamamagitan ng pagbubuwis sa mga tao, pagkuha ng kanilang mga PFD, at pagpapabaya sa paggasta ng pamahalaan na lumaganap.

**Kalayaan ng Alaska**
Ang aking administrasyon ay gumagawa ng malaking pag-unlad tungo sa pagsasarili sa pagkain at enerhiya ng Alaska; gamit ang bagong teknolohiya sa paggawa at paghahatid ng enerhiya, kabilang ang linya ng tubo ng natural na gas, upang mapababa ang halaga ng enerhiya para sa lahat ng Taga-Alaska. Naantala ng pandemya ang ating tanikala ng panustos at itinuro sa atin na kailangan nating gumawa ng kuryente at pakainin ang Alaska nang nakapag-iisa. Sa susunod na termino, mamumuhunan tayo sa ating mga pagkakataon sa agrikultura at enerhiya para maging sapat ang Alaska sa sarili.

**Pamumuno sa Krisis**
Ang mga taga-Alaska ay nangangailangan ng isang gobernador na maaaring mamuno sa mahihirap na panahon. Nilayag ko ang Alaska sa ilan sa mga pinakamalaking isyu na kinakaharap ng estado sa kasaysayan nito – mga natural na sakuna, pandemya, at kahirapan sa ekonomiya. Gayunpaman, mabilis tayong nakabangon, at mas naging matatag tayo sa mga hamong ito. Ang ilan ay nagsasalita tungkol sa pamumuno at ang ilan ay nagpapakita ng pamumuno — napatunayan ko ang aking pamumuno sa pamamagitan ng kahirapan.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Tenyente Gobernador

## Nancy Dahlstrom, Rehistradong Republikano



**Residence Address:** 14832 East Lake Ridge
Eagle River, Alaska, 99577

**Adres ng Koreo:** P. O. Box 770725
Eagle River, Alaska, 99577

**Sulatroniko:** info@dunleavygovernor.com

**Pook-sapot::** www.dunleavygovernor.com

**Edad:** 65

**Lugar ng Kapanganakan:** Baltimore, Maryland

**Pangalan ng Asawa:** Kit

**(Mga) Pangalan ng mga Bata:** Colby, Shayna, Misty, Matt

**Hanapbuhay:** Pinaka- kamakailan lamang Komisyonado ng ang Kagawaran ng Pagwawasto [Commissioner of the Department of Corrections].

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:** 43 years

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:**
Anchorage 1980 – 1989
Eagle River 1989 – Present

**Edukasyon:**
Skyview High School, 1972 – 1975. Wayland Baptist University, 1991 – 1994.
A.A. and B.S. Mga Serbisyo ng Tao/Business University of LaVerne, 1995 – 1997. Masters sa Pamamahala ng Organisasyon Henry Toll Fellowship, 2005. US Army War College, 2004

**Mga Posisyon sa Pulitika at Pamahalaan:**
Kapulungan ng mga Kinatawan (2003-2010)
Espesyal na Katulong/Direktor sa Tanggapan ng Gobernador ng Parnell Administrasyon (2012-2013)
Komisyon sa Kriminal na Hustisya ng Alaska [Alaska Criminal Justice Commission] (2019-2022)
Konseho ng mga Pamantayan ng Pulisya ng Alaska [Alaska Police Standards Council] (2019-2022)
Konseho para sa mga Walang Tahanan ng Alaska [Alaska Council for the Homeless] (2021-2022)
Konseho ng Gobernador sa Pangangalakal ng Tao at Pagtatalik [Governor's Council on Human and Sex Trafficking] (2021-2022)

**Pagiging Kasapi ng (mga) Organisasyon ng Serbisyo:**
Pambansang Kapisanan ng Baril [National Rifle Association], NRA habambuhay na Kasapi, nakaraang-tagapangulo Kamara ng Komersiyo ng Chugiak/Eagle River [Chugiak/Eagle River Chamber of Commerce], kasapi Konseho ng Komunidad ng Birchwood [Birchwood CommunityCouncil].

**Mga Espesyal na Interes:**
Paggugol ng oras sa aming 11 na apo, mga proyekto sa pagkakapag-ayos ng bahay, Paghahanda sa sakuna, at paglalakbay.

**Pahayag ng Posisyon:**
Ako ay nagpakumbaba na hilingin ang inyong suporta upang maglingkod bilang Tenyente Gobernador ng Alaska. Marami akong tungkulin kapag nahalal, ngunit wala nang mas kritikal kaysa sa pangangasiwa sa mga halalan. Nakatuon ako sa pagtiyak na ang mga ito ay isinasagawa nang may katumpakan at integridad; dapat magtiwala ang mga taga-Alaska sa proseso. Nararapat na malaman ng mga botante na sa Huling Hangganan, "isang tao, isang boto" ang eksaktong ibig sabihin niyan.


Sinimulan ko na ang pagsisiyasat ng mga paraan kung paano mapapabuti ng Alaska ang katumpakan ng mga listahan ng mga botante at sistema ng halalan nito. Ang ating Dibisyon ng mga Halalan ay may mga pambihirang empleyado na sineseryoso ang kanilang mga tungkulin at may pananaw sa mga pagbabagong magagawa natin. Nakikipag-usap din ako sa mga taga-Alaska na nag-alok ng mga paraan upang mapabuti ang sistema. Gamit ang mahusay na impormasyon, maaari nating punan ang mga puwang na umiiral, ipatupad ang pinakamahuhusay na kagawian, at isapanahon ang mga sistema ng datos.

Sinabi ni Thomas Jefferson, "Kami sa Amerika ay walang gobyerno ng karamihan. Mayroon kaming isang pamahalaan ng karamihang nakikilahok." Sa ating estado, karapat-dapat ang bawat kalahok na magkaroon ng etikal, maaasahan, at malinaw na proseso ng halalan na ginagarantiyahan ang integridad ng bawat boto. Nakatuon ako sa pakikipagtulungan sa mga taga-Alaska upang maisakatuparan iyon at ikararangal kong makuha ang iyong boto upang mapagsilbihan kayo at ang dakilang estado ng Alaska.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Gobernador

## Les Gara, Rehistradong Demokratiko



**Adres ng Tirahan:** 1242 W. 10th Ave
Anchorage, AK 99501

**Adres ng Koreo:** Alaskans for Les Gara
PO Box 200415
Anchorage, AK 99520

**Sulatroniko:** les@lesgara.com

**Pook-sapot:** www.lesgara.com

**Edad:** 59

**Lugar ng Kapanganakan:** Bronx, New York

**Pangalan ng Asawa:** Kelly

**Hanapbuhay:** Kasangguni, Pangingisda at Panlabas na Manunulat, Dating Abugado

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:** 34 years

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:**
Fairbanks 1988-89, Anchorage 1989-kasalukuyan

**Edukasyon:**
Freeport High School, Boston University, Harvard Law School

**Mga Posisyon sa Pulitika at Pamahalaan:**
Mambabatas ng Alaska 2003-2018; Katulong na Atorni Heneral ng Alaska, Sibil na Pag-uusig sa Ligwak ng Langis ng Exxon Valdez.

**Mga Posisyon sa Negosyo at Propesyonal:**
Pagsusulat, nagsusulat ng pangingisda at mga artikulo sa panlabas, kinonsulta pinaka-kamakailan lamang ng Big Brothers Big Sisters at Covenant House of Alaska

**Pagiging (mga) Kasapi ng Organisasyon ng Serbisyo:**
Alaska Flyfishers Habambuhay na Kasapi. Pambansang Surian ng Kapakanan ng Lakas ng Manggagawang Bata [National Child Welfare Workforce Institute] (Walang Tinutubo Patakaran sa Pagtangkilik na Pangangalaga) [(Foster Care Policy Non-Profit).

**Mga Espesyal na Interes:**
Pangingisda, paglalakad ng malayo, pagbabalsa at pamamangka.

**Iba pa (Biograpikal na Impormasyon):**
Tagapagtatag ng pagpapasimuno sa boluntaryong Pagtangkilik na Pangangalaga [Foster Care volunteer initiatives] kasama ang mga Laptop para sa Tinatangkilik na Kabataan [Foster Youth]; Pagtuturo [Mentorship]ng Tinatangkilik na Kabataan (Ngayon ay pinapatakbo ng Big Brothers Big Sisters); At FosterWear mga diskwento sa pananamit para sa mga tinatangkilik na kabataan (ngayon ay pinapatakbo ng Estado ng Alaska)

**Pahayag ng Posisyon:**
Karapat-dapat kayo sa isang mas magandang kinabukasan, na may mas magagandang paaralan, pagsasanay sa trabaho, isang ikabuhay na maliit na sahod na hindi bababa sa $15 bawat oras, at isang ekonomiya na gumagawa ng magagandang trabaho. Ang mga tao ay nararapat sa pagkakataong magtagumpay, ipinanganak man na mayaman o mahirap. Ngunit sa nakalipas na tatlong taon 20,000 mas maraming tao ang umalis sa Alaska kaysa lumipat dito dahil wala silang nakikitang hinaharap.

Karamihan sa atin ay lumaki sa sarili nating hirap. Sa akin noong nawala ang aking ama sa isang mamamatay-tao na pumasok sa kanyang tanggapan noong ako ay anim na taong gulang. Lumaki ako sa mga tahanan ng tinatangkilik na bata. Ngunit hindi alintana kung paano ka ipinanganak o lumaki, karapat-dapat ka sa pangako ng kalayaan at katarungan para sa lahat, at pantay na mga karapatan.

Dapat tayong magkaroon ng badyet sa konstruksyon at proyekto ng komunidad na naglalagay sa mga tao sa trabaho at sumusuporta sa mga pangangailangan tulad ng napapanibagong enerhiya upang mapababa ang mga gastos sa enerhiya at labanan ang pagbabago ng klima. Karapat-dapat ka sa mahusay na pagpapanatili ng kalsada, isang matibay na Marinong Daang-publiko, at kung ano ang kailangan sa mga komunidad sa kanayunan at lungsod para sa tagumpay. Kakayanin natin iyon, at ang mas malakas na PFD sa halip na mga maling pangako ng PFD, sa pamamagitan ng pagwawakas ng mahigit $1 bilyong subsidiya na ibinibigay ng Alaska sa mga pinakamayayamang kompanya ng langis sa mundo

Naniniwala ako sa pagprotekta sa ating isda, pagsuporta sa responsableng pag-unlad, ngunit at tinututulan ang Pagmimina ng Maliliit na Bato [Pebble Mine] at ang pagtatapon ng mahigit 1,000 toneladang patay na halibut at salmon at alimango ng mga bangka na pamalakaya ng Panlabas na pabrika.

Ako lang ang maka-pagpili [pro-choice] na kandidato para sa Gobernador at poprotektahan ang mga karapatang iyon.

Maninindigan ako para sa inyong lahat, hindi lang ang pinakamayaman at pinakamakapangyarihan.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.*
*Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Tenyente Gobernador

## Jessica A. Cook, Rehistradong Demoktratiko



**Adres ng Tirahan:** 1125 S Katie Circle
Palmer, AK 99645

**Adres ng Koreo:** 1125 S Katie Circle
Palmer, AK 99645

**Sulatroniko:** Jessica@LesGara.com

**Pook-sapot:** LesGara.com

**Edad:** 52 years

**Lugar ng Kapanganakan:** Elmendorf AFB, AK

**Pangalan ng Asawa:** Edward

**Mga Pangalan ng mga Bata:** Caitlyn, Haley, Sarah,
5 grandchildren

**Hanapbuhay:** Public School Teacher

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:** 52 years

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:**
Anchorage/Eagle River 1970-1991, 1999-2001; Fairbanks 1991-1993; Palmer 2001-Kasalukuyan

**Edukasyon:**
Chugiak High School 1984-1988
UAF, (pangkalahatang pag-aaral) 1988-1992
Coastal Carolina University, (BA.Ed.) 1996-1997
Grand Canyon University (Master ng Pagtuturo ng Sining) 2005-2007
Wilkes University (MS.Ed.) 2010-2012
American College of Education (Doktor na Kandidato) 2019-2022

**Mga Posisyon sa Negosyo at Propesyonal:**
Pangalawang Pangulo & Kasapi ng Kapulungan, NEA-Alaska
Pangalawang Pangulo & Kasapi ng Kapulungan, AEA
Tagapangalaga, Pampublikong Edukasyon ng Pangangalaga ng Kalusagan [Public Education Health Trust]
Kasapi, Komite ng Hamon sa Edukasyon, Modernisasyon at Pananalapi ng Alaska [Alaska's Education Challenge, Modernization & Finance committee]
K-12 Tagapayo sa Edukasyon, 3.14 Academy (Kamalayan sa autismo hindi tumutubo)

**Pagiging mga Kasapi ng Organisasyon ng Serbisyo:**
NAACP
ACBE (Pagsasanib ng mga BIPOC na mga Tagapagturo ng Alaska [(Alaska Coalition of BIPOC Educators)]

**Mga Espesyal na Interes:**
Pagbabasa, paghuhurno, trabahong pangkamay (crafting), mga apo

**Pahayag ng Posisyon:**
Tumatakbo ako dahil gusto kong magkaroon ng magandang kinabukasan ang mga taga-Alaska, kasama ang limang kong apo. Mayroon akong sariling interes sa kinabukasan ng Alaska. Naniniwala ako sa isang Alaska na tumitingin nang may pag-asa. Ang aking asawang si Ed, isang beterano ng Hukbong Himpapawid ng US [US Air Force], at ako ay mapalad na ang aming tatlong anak na babae at limang apo ay nakatira sa Alaska.

Naniniwala ako na ang mga tipak ng pagbuo ng isang magandang kinabukasan para sa ating estado ay kinabibilangan ng: isang matatag na plano sa pananalapi (kabilang ang patas na bahagi ng kita ng langis ng mga taga-Alaska), mga trabahong nagbibigay ng sapat na sahod, kalidad na pampublikong edukasyon, at tiyak na proteksyon ng ating mga karapatang sibil at karapatan sa pagkapribado.


Alam kong ang kalidad na pampublikong edukasyon ay isang pundasyong pangbalanse. Naniniwala ako na ang mga mag-aaral ay karapat-dapat sa isang kalidad na pampublikong edukasyon. Ang mga estudyante ng Alaska ay dapat maging matagumpay sa edukasyon sa kolehiyo o bokasyon-teknolohiya. Dapat na magamit ng mga mag-aaral ang kanilang mga kasanayan at kaalaman sa paggawa at makapag-ambag sa ekonomiya ng kanilang komunidad.

Hindi ako tipikal na politiko. Ang aking mga taon ng pagtataguyod at karanasan sa pamumuno, kasama ng pagtatrabaho sa mga mambabatas, ay nagdudulot ng bagong lakas at pagbabago sa pulutikang kalagayang hindi nagbabago. Oras na para bumuo ng mas maganda, mas maliwanag na kinabukasan para sa Alaska at mga taga-Alaska. Panahon na para bumoto, hindi para sa isang partido, ngunit para sa pangako, integridad, at kinabukasan ng Alaska.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.*
*Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Gobernador

## Bill Walker, Walang Partido



**Adres ng Tirahan:** 545 E Northern Lights Blvd.
Anchorage, AK 99503

**Adres ng Koreo:** 545 E Northern Lights Blvd.
Anchorage, AK 99503

**Sulatroniko:** bill@walkerdrygas.com

**Pook-sapot:** walkerdrygas.com

**Edad:** 71

**Lugar ng Kapanganakan:** Fairbanks

**Pangalan ng Asawa:** Donna (kasal 44 taon)

**Pangalan ng mga Bata:** Lindsay, Tessa,
Adam, Jordan

**Hanapbuhay:** Atorni, May-ari ng Negosyo,
Dating Gobernador

**Tagal ng Paninirahan sa AlaskaA:** 71 taon (buong buhay)

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:**
Fairbanks (1951-1954); Delta Junction (1955-1960); Valdez (1961-1988); Juneau (2014-2018); Anchorage (1989-kasalukuyan)

**Edukasyon:**
Valdez High School; Lewis & Clark College (Bachelor of Science, Business Administration); Seattle University School of Law (Juris Doctor)

**Mga Posisyon sa Pulitika at Pamahalaan:**
Gobernador ng Alaska (2014-2018); Lungsod ng Valdez, Kasapi ng Konseho ng Lungsod at Alkalde; Nagpapayong Konseho ng Panrehiyong mga Mamayan ng Prince William Sound, Kasaping Karta & Pangulo; Awtoridad sa Daungan ng Linya ng Gas ng Alaska, Tagapamahala ng Proyekto

**Mga Posisyon sa Negosyo at Propesyonal:**
nagpapaarkila ng pangingisda, tunay na ari-arian, at mga negosyo ng batas, at nagsilbi bilang isang 2020 fellow sa Harvard Kennedy School sa ‘Pagtutulay sa Partidistang Paghahati’ [‘Bridging the Partisan Divide’].

**Mga Espesyal na Interes:**
Faith Christian Community Church, YMCA tagasanay ng basketbol at saker, Habitat for Humanity, Global Health Outreach Medical Mission nagboluntaryo sa mga kulungan ng Guyana, Bipartisan Governors Healthcare Reform Working Group, Pangulo ng Konseho ng mga Gobernador.

**Pahayag ng Posisyon:**
Ibinigay sa akin ng Alaska ang lahat ng mayroon ako, at tatakbo akong muli bilang Gobernador para gawin ang aking bahagi upang maibalik sa tamang landas ang ating estado. Nararamdaman nating lahat ang kasalukuyang kawalan ng direksyon sa ating estado at nararamdaman ang pinsalang dulot ng mga pulitiko na nakakuha ng kapangyarihan sa pamamagitan ng paghahati sa atin. Ang nakalipas na ilang taon ng krisis sa ekonomiya, palabas na migrasyon, pandemya, at pagkakahati-hati ay nagdulot ng pinsala sa ating ekonomiya at sa pangkalahatang pag-iisip ng ating estado

Bilang mga Independiyente, muling itatayo namin ni Heidi Drygas ang Alaska sa pamamagitan ng pagtutuon sa mga bagay na nagsasama-sama sa atin bilang mga taga-Alaska sa halip na patuloy na mahuhumaling sa mga bagay na nagtutulak sa atin. Kami ay lubos na nakatuon sa pagpasa ng isang plano sa pananalapi na magpapahintulot sa atin na mamuhunan sa ating estado, muling itayo ang ating ekonomiya, at lumikha ng mga bagong trabaho. Gagawin natin ito sa pamamagitan ng pagtiyak na mayroon tayong pinakamahusay sa buong mundo na edukasyon sa mga komunidad sa buong estado natin — mula sa pangangalaga sa bata hanggang K-12 hanggang sa Unibersidad ng Alaska — pagprotekta sa PCE at pamumuhunan sa kaligtasan ng publiko, na nagbibigay ng mga mapagkukunan sa Sistema ng Marinong Haywey ng Alaska [Alaska Marine Highway System] bawat taon , harapin sa pamamagitan ng-sambutin, at agresibong maghahanap ng mga pagkakataon para sa responsableng pag-unlad ng mapagkukunan at iba pang mga lugar ng paglago sa halip na maghintay ng mga pagkakataong lumitaw. Sa wakas, dapat gawin ng Estado ang anumang kinakailangan upang mabawasan ang mataas na gastos sa enerhiya na nakakapinsala sa mga pamilya at nakakasira sa ating ekonomiya.

Kami ni Heidi ay buo-buhay na mga taga-Alaska, at kami ay mamamahala sa paraang magtulay sa paghahati sa ating estado at inuuna ang mga praktikal, sentido komun na solusyon sa lahat ng bagay.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.*
*Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Tenyente Gobernador

## Heidi Drygas, Walang Partido



**Adres ng Tirahan:** 211 4th Street
Suite 108
Juneau, AK 99801

**Adres ng Koreo:** 545 E Northern Lights Blvd.
Anchorage, AK 99503

**Sulatroniko:** heidi@walkerdrygas.com

**Pook-sapot:** walkerdrygas.com

**Edad:** 44

**Lugar ng Kapanganakan:** Fairbanks

**Pangalan ng Asawa:** Kevin Sund

**(Mga) Pangalan ng mga Bata:** Olive

**Hanapbuhay:** Atorni

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:** 44 years (buong buhay)

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:** Fairbanks (1978-2004); Anchorage (2004-2015); Juneau (2015-kasalukuyan)

**Edukasyon:** Lathrop High School; University of Alaska Fairbanks (Bachelor of Arts, History, Magna Cum Laude); Willamette University College of Law (Juris Doctor)

**Mga Posisyon sa Pulitika at Pamahalaan:**
Komisyonado ng Pagpapaunlad ng Paggawa at Lakas ng Manggagawa [Labor and Workforce Development] (2014-18); Pambansang Samahan ng mga Opisyal ng Pamahalaan at Paggawa [National Association of Government and Labor Officials]; Pambansang Samahan ng mga Ahensya ng Lakas ng Manggagawa ng Estado [National Association of State Workforce Agencies]; Lupon ng Korporasyon sa Pagpapaunlad ng Linya ng Gas ng Alaska [Alaska Gasline Development Corporation Board]; Komisyon sa mga Sahod at Kita ng Munisipyo ng Anchorage [Municipality of Anchorage Salaries and Emoluments Commission].

**Mga Posisyon sa Negosyo at Propesyonal:**
May-ari, Drygas Group LLC (2019-kasalukuyan); Pangkalahatang Tagapayo, Konseho ng mga Manggagawa ng Distrito ng Alaska [Alaska District Council of Laborers] (2005-2014)

**Mga Espesyal na Interes:**
Pagluluto, pangingisda, pagkakayak, paghahanap ng mga ligaw na makakain, at maraming oras sa pamilya

**Pahayag ng Posisyon:**
Ang Alaska ay isang lupain ng napakalaking pagkakataon. Ito ang dahilan kung bakit nagpunta rito ang aking mga magulang at kung bakit palagi kong tatawagin na inang-bayan ang lugar na ito. Ipinagmamalaki natin ang ating sarili sa ating katapangan, katangi-tangi, at sariling katangian. Madalas nating marinig ang katagang, "Maaaring ganoon ang kanilang ginagawa sa Labas, ngunit hindi iyon ang ginagawa natin sa Alaska." Ito ay hindi isang maliit na salungat sa ating mga kapitbahay sa timog pero isang pandama ng pagmamalaki tungkol sa ating mga paraan sa Alaska.

Sa isang lugar sa daan, malaking bilang ng ating mga nahalal na opisyal ang naging abala sa mga bagay na hindi kayang gawin ng Alaska, at nagtayo sila ng buong karera sa pulitika na nagsisikap na sirain ang mahahalagang institusyon ng Alaska na tumagal ng mga henerasyon upang maitayo

Kami ni Bill Walker ay nakatutok sa kung ano ang magagawa ng Alaska. Tumatakbo ako dahil naniniwala ako na ang panibagong pagtuon na ito sa potensyal ng ating estado ay makakatulong na lumikha ng magandang kinabukasan para sa aking 4-na-taong gulang na anak na babae, si Olive, at para sa bawat Alaskan.

Maibabalik natin ang ating ekonomiya sa tamang landas at lumikha ng mga trabahong may magandang suweldo.

Mapapaunlad natin ang ating mga manggagawa at maakit ang pinakamahusay at pinakamatalino mula sa buong mundo sa pamamagitan ng pamumuhunan sa edukasyon, mula pre-K hanggang sa ating Pamantasan, sa halip na panoorin ang ating mga anak na lumilipat sa Labas upang maghanap ng mga trabaho at pagkakataon

Maaari nating bigyan ang mga naninirahan sa bukid at lungsod ng Alaska ng isang mahusay na edukasyon, kaligtasan ng publiko, at ang imprastraktura na kinakailangan upang lumikha ng mga pagkakataon.

Mababalanse natin ang pangangailangang mapaunlad nang responsable ang ating mga likas na yaman habang makabuluhang kinakaharap ang pagbabago ng klima.

Maaari nating yakapin muli ang malaki, matapang na ideya, at muli nating itatayo ang Alaska.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.*
*Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Mayo 2022 Distritong Proklamasyon ng Lupon 5-C

**Plano sa Muling Pagdidistrito na Pinagtibay ng Lupon ng Muling Pagdistrito ng Alaska 05/24/2022**




Batay sa 2020 Sensus ng Heograpiya at 2020 PL94-71 Datos; Kawil ng Galeriya ng Mapa: www.akredistrict.org/maps


Tagalog

# Opisyal na Balota ng Estado ng Alaska
# Nobyembre 8, 2022
# Pangkalahatang Halalan

**MANGYARING TANDAAN: Ang itinalagang pagkakaanib ng kandidato ay hindi nagpapahiwatig na ang kandidato ay hinirang o inendorso ng partidong pampulitika o grupo o na inaaprubahan ng partido o grupo o kasamahan ng kandidatong iyon, ngunit tanging ang kandidato ay nakarehistro bilang kaakibat ng partido o grupo.**

## Mga Tagubilin:

- Rangguhan ng mas marami o mas konti ang mga kandidatong nais mo.
- Ganap na punan nang hindi higit pa sa isang habilog para sa bawat kandidato o hanay.
- Para sa iyong 1st na pagpipilian, punan ang habilog sa 1st na pagpipiliang hanay.
- Para sa iyong 2nd na pagpipilian, punan ang habilog sa 2nd na pagpipiliang hanay.
- Para sa iyong 3rd na pagpipilian, punan ang habilog sa 3rd na pagpipiliang hanay, at iba pa.
- **Kung nagkamali ka, maaari kang humingi ng bagong balota.**



## Senador ng Estados Unidos

| | 1st na Pagpipilian | 2nd na Pagpili | 3rd na Pagpili | 4th na Pagpili | 5th na Pagpili |
|---|---|---|---|---|---|
| **Chesbro, Patricia R.** (Rehistradong Demokratiko) | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| **Kelley, Buzz A.** (Rehistradong Republikano) | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| **Murkowski, Lisa** (Rehistradong Republikano) | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| **Tshibaka, Kelly C.** (Rehistradong Republikano) | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| Isulat Sa: | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |

## Kinatawan ng Estados Unidos

| | 1st na Pagpipilian | 2nd na Pagpili | 3rd na Pagpili | 4th na Pagpili | 5th na Pagpili |
|---|---|---|---|---|---|
| **Begich, Nick** (Rehistradong Republikano) | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| **Bye, Chris** (Rehistradong Libertaryano) | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| **Palin, Sarah** (Rehistradong Republikano) | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| **Peltola, Mary S.** (Rehistradong Demokratiko) | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| Isulat Sa: | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |

## Gobernador / Tenyente Gobernador

| | 1st na Pagpipilian | 2nd na Pagpili | 3rd na Pagpili | 4th na Pagpili | 5th na Pagpili |
|---|---|---|---|---|---|
| **Dunleavy, Mike / Dahlstrom, Nancy** (Rehistradong Republikano) | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| **Gara, Les / Cook, Jessica A.** (Rehistradong Demokratiko) | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| **Pierce, Charlie / Grunwald, Edie** (Rehistradong Republikano) | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| **Walker, Bill / Drygas, Heidi** (Walang Partido) | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |
| Isulat Sa: | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 | ○ 5 |

## Distrito ng Senador ng Estado C

| | 1st na Pagpipilian | 2nd na Pagpili | 3rd na Pagpili | 4th na Pagpili |
|---|---|---|---|---|
| **Jones, Walter H.** (Rehistradong Republikano) | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 |
| **Smith, Heath** (Rehistradong Republikano) | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 |
| **Stevens, Gary** (Rehistradong Republikano) | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 |
| Isulat Sa: | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 | ○ 4 |

## Distrito ng Kinatawan ng Estado 5

| | 1st na Pagpipilian | 2nd na Pagpili | 3rd na Pagpili |
|---|---|---|---|
| **Vincent, Benjamin T.** (Rehistradong Republikano) | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 |
| **Stutes, Louise B.** (Rehistradong Republikano) | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 |
| Isulat Sa: | ○ 1 | ○ 2 | ○ 3 |

MUWESTRANG BALOTA

# Distrito ng Senador ng Estado C

## Gary Stevens, Rehistradong Republikano



**Adres ng Tirahan:** 310 Mill Bay Road
Kodiak, AK 99615

**Adres ng Koreo:** PO Box 201
Kodiak, AK 99615

**Sulatroniko:** Ritstev@gci.net

**Biyograpikong Impormasyon:**
Si Senator Gary Stevens ay tumatakbo para sa Distrito C ng Senado sa Estadong Lehislatura ng Alaska, na sumasaklaw sa maraming komunidad sa baybayin kabilang ang Kodiak, Homer, Seward at Cordova. Ngayon sa kanyang ika-22 taon sa lehislatura, siya ay Pangulo ng Senado sa loob ng 4 na taon at kasalukuyang namumuno sa Komite ng mga Panuntunan ng Senado at sa Espesyal na Komite sa Pandaigdigang Kalakalan

Nakuha ni Senator Stevens ang kanyang PhD mula sa University of Oregon at naging Buong Panunungkulang Propesor ng Kasaysayan at mga Sangkatauhan sa University of Alaska sa loob ng 25 taon. Naglingkod siya sa Estados Unidos bilang isang opisyal ng Kaalaman [Intelligence] ng Army at gumugol ng 13 taon sa lokal na pamahalaan bilang Alkalde ng Lungsod ng Kodiak, at ang Kodiak Island Borough; at Pangulo ng Lupon ng Paaralan ng Kodiak.

Sina Senador Stevens at Rita ay mga magulang ng 3 mga anak at mga lolo't lola sa 2 mga anak. Ipinanganak siya sa McMinnville, Oregon at nanirahan sa Alaska nang mahigit 50 taon.

**Pahayag ng Posisyon:**
Dapat nating protektahan ang Permanenteng Pondo para sa ating mga anak at apo. Hindi natin makasariling hayaan na mawala ito sa ating henerasyon. Sa kasalukuyan, ang piskal na hinaharap ng Alaska ay hindi tiyak. Pansamantalang tumaas ang mga kita sa langis ngunit bababa dahil sa pagtanda ng mga parang, ekonomiya at pandemya.
Nagbigay ang langis at gas ng higit sa 90% ng mga kita ng estado noong 2011, ngayon ay 17% na lamang. Mula 90 hanggang 17. Nakapangingilabot! Tayo ay nahaharap sa walang-katulad na mga pagpipilian. Ang Pederal na Pamahalaan ay maaaring maglimbag ng pera upang balansehin ang badyet nito. Kinakailangan tayong magkaroon ng balanseng badyet kung saan ang mga kita ay katumbas ng gastos. Sa nakalipas na ilang taon naubos na natin ang ating mga kuwenta ng pag-iimpok. Unti-unti lang silang nakakabawi ngayon.

Ang taong ito sa pananalapi ang pinakamahirap na naranasan ng marami. Dapat nating patuloy na bawasan ang mga programa at hayaang lumago ang Permanenteng Pondo upang hindi lamang nito susuportahan ang mga dibidendo ngunit mabawi rin ang mga pagbaba sa kita. Ang ating Permanenteng pondo ay may kasaysayan na nagbalik ng 8.79%. Kapansin-pansin! Iyan ang salamangka ng tambalang interes. Magiging isang pagkakamali sa ekonomiya ng mga makasaysayang bahagi para sa atin na kumuha ng labis sa Permanenteng Pondo. Kung ito ay patuloy na lumalaki, makikinabang ang mga taga-Alaska magpakailanman. Ang isang nakapirming POMV na 5% ay makatwiran at maaaring tumagal sa mahabang panahon upang pondohan ang mga dibidendo at mga pangunahing serbisyo.

Ang lahat ay dapat nasa pag-uusap sa taong ito, pagbabawas ng badyet, pagpoprotekta sa Permanenteng Pondo, pagbibigay ng Dibidendo habang iniiwasan ang isang buwis sa kita o pagbebenta. Ito ay direktang nakakaapekto sa inyo at ang bawat taga-Alaska ay dapat na kasama sa talakayan. Nakikinig ako.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.*
*Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Mayo 2022 Distritong Proklamasyon ng Lupon 37-S

**Plano sa Muling Pagdidistrito na Pinagtibay ng Lupon ng Muling Pagdistrito ng Alaska 05/24/2022**




Batay sa 2020 Sensus ng Heograpiya at 2020 PL94-71 Datos; Kawil ng Galeriya ng Mapa: www.akredistrict.org/maps


# Opisyal na Balota ng Estado ng Alaska
# Nobyembre 8, 2022
# Pangkalahatang Halalan

Tagalog

**MANGYARING TANDAAN: Ang itinalagang pagkakaanib ng kandidato ay hindi nagpapahiwatig na ang kandidato ay hinirang o inendorso ng partidong pampulitika o grupo o na inaaprubahan ng partido o grupo o kasamahan ng kandidatong iyon, ngunit tanging ang kandidato ay nakarehistro bilang kaakibat ng partido o grupo.**

**Mga Tagubilin:**

- Rangguhan ng mas marami o mas konti ang mga kandidatong nais mo.
- Ganap na punan nang hindi higit pa sa isang habilog para sa bawat kandidato o hanay.
- Para sa iyong 1st na pagpipilian, punan ang habilog sa 1st na pagpipiliang hanay.
- Para sa iyong 2nd na pagpipilian, punan ang habilog sa 2nd na pagpipiliang hanay.
- Para sa iyong 3rd na pagpipilian, punan ang habilog sa 3rd na pagpipiliang hanay, at iba pa.
- **Kung nagkamali ka, maaari kang humingi ng bagong balota.**



## Senador ng Estados Unidos

| | 1st na Pagpipilian | 2nd na Pagpili | 3rd na Pagpili | 4th na Pagpili | 5th na Pagpili |
|---|---|---|---|---|---|
| **Chesbro, Patricia R.** (Rehistradong Demokratiko) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| **Kelley, Buzz A.** (Rehistradong Republikano) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| **Murkowski, Lisa** (Rehistradong Republikano) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| **Tshibaka, Kelly C.** (Rehistradong Republikano) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Isulat Sa: | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |

## Kinatawan ng Estados Unidos

| | 1st na Pagpipilian | 2nd na Pagpili | 3rd na Pagpili | 4th na Pagpili | 5th na Pagpili |
|---|---|---|---|---|---|
| **Begich, Nick** (Rehistradong Republikano) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| **Bye, Chris** (Rehistradong Libertaryano) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| **Palin, Sarah** (Rehistradong Republikano) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| **Peltola, Mary S.** (Rehistradong Demokratiko) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Isulat Sa: | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |

## Gobernador / Tenyente Gobernador

| | 1st na Pagpipilian | 2nd na Pagpili | 3rd na Pagpili | 4th na Pagpili | 5th na Pagpili |
|---|---|---|---|---|---|
| **Dunleavy, Mike / Dahlstrom, Nancy** (Rehistradong Republikano) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| **Gara, Les / Cook, Jessica A.** (Rehistradong Demokratiko) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| **Pierce, Charlie / Grunwald, Edie** (Rehistradong Republikano) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| **Walker, Bill / Drygas, Heidi** (Walang Partido) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Isulat Sa: | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |

## Distrito ng Senador ng Estado S

| | 1st na Pagpipilian | 2nd na Pagpili | 3rd na Pagpili |
|---|---|---|---|
| **Hoffman, Lyman F.** (Rehistradong Demokratiko) | 1 | 2 | 3 |
| **Keppel, Willy** (Rehistradong Beterano) | 1 | 2 | 3 |
| Isulat Sa: | 1 | 2 | 3 |

## Distrito ng Kinatawan ng Estado 37

| | 1st na Pagpipilian | 2nd na Pagpili |
|---|---|---|
| **Edgmon, Bryce** (Hindi Idineklara) | 1 | 2 |
| Isulat Sa: | 1 | 2 |

MUWESTRANG BALOTA

# Senador ng Distrito S ng Senado

## Lyman F. Hoffman, Rehistradong Demokratiko



**Adres ng Tirahan:** 112 Quinhagak Drive
Bethel, AK 99559

**Adres ng Koreo:** P. O. Box 763
Bethel, AK 99559

**Pook-sapot:** http://www.senatorlymanhoffman.com

**Edad:** 72

**Lugar ng Kapanganakan:** Bethel, AK

**Pangalan ng Asawa:** Lillian

**Mga Pangalan ng mga Bata:** Trina Short, Douglas Hoffman

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:** Buong-buhay

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:**
Bethel 1950-1968, 1972-1973, 1975-present; Fairbanks 1968-1972, 1973-1974

**Edukasyon:**
Bethel High School 1964-1968, Diploma; University of Alaska Fairbanks-, 1973-1974, Negosyo

**Mga Posisyon sa Pulitika at Pamahalaan:**
Senador ng Estado 1991-1992, 1995-kasalukuyan; Kapwa-Tagapangulo Komite sa Pananalapi ng Senado 2006-2010, 2017-2018

**Mga Posisyon sa Negosyo at Propesyonal:**
Lupon ng mga Direktor at kasalukuyang Tagapangulo, Katutubong Korporasyon ng Bethel; May-ari, Mga Ari-arian ng Berdeng Langit [Blue Sky Estates], Grupo ng Berdeng Gusali [Green Building Group]

**Pagiging mga Kasapi ng Organisasyon ng Serbisyo:**
Lupon ng mga Direktor at Dating Tagapangulo, Bethel Prematernal Home, Dating Komisyonado ng Pagpaplano, Lungsod ng Bethel

**Mga Espesyal na Interes:**
Pangangaso, pangingisda, pamamangka, Kasaysayan ng Alaska at enerhiya

**Pahayag ng Posisyon:**
Ako ay isang habambuhay na residente ng distritong ito, at isang pribilehiyo na maglingkod bilang inyong Senador. Malalim ang aking pinagbuhatan at gayundin ang aking pangako na mapabuti ang buhay ng ating mga mamamayan at ating mga komunidad.

Habang lumalago ang ating estado sa ekonomiya, kinakailangang makibahagi ang ating rehiyon sa pag-unlad. Ang ating likod-bahay ay nagbabago, sa pagtunaw ng tundra at pagtunaw ng yelo ng Artiko, sa lalong madaling panahon bubuksan nito ang Dagat Bering bilang landas sa hilaga. Layunin at responsibilidad ko bilang inyong Senador, na tiyaking may posisyon sa grupo na gumagawa ng desisyon habang sumusulong ang ating estado.

Ang edukasyon ay ang gulugod ng lahat ng lipunan. Kung mas nakapag-aral ang ating mga anak, mas maliwanag ang kinabukasan para sa ating lahat. Ang mga tagapagturo sa kanayunan ay nahaharap sa maraming hamon na maaaring malampasan; ang ilan ay may mas maraming pondo at ang ilan ay may malikhaing pag-iisip. Lubos kong sinusuportahan ang edukasyon at magpapatuloy na maging isang malakas na tagapagtaguyod.

Ang bawat taga-Alaska ay nararapat sa abot-kayang enerhiya. Ang mga tao ay hindi dapat gumawa ng mahirap na pagpili sa pagitan ng pag-init ng kanilang mga tahanan at pagpapakain sa kanilang mga pamilya. Bilang isang estadong mayaman sa maraming mapagkukunan, maaari at dapat gamitin ng ating estado ang lahat ng lakas nito para makinabang ang lahat ng mga mamamayan nito. Nangangako akong patuloy na magsisikap tungo sa pagbabawas ng mataas na halaga ng enerhiya sa kanayunan ng Alaska. Patuloy kong poprotektahan nang husto ang Programa ng Pagpapantay ng Gastos ng Kuryente at ang Pagkakaloob [Power Cost Equalization Program and the Endowment].

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.*
*Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

**Panukala sa Balota Blg. 1**
**Tanong sa Konstitusyonal na Kombensyon**

Magkakaroon ba ng konstitusyonal na kombensyon?

Oo ◯ | Hindi ◯

MUWESTRANG BALOTA

# Panukala sa Balota Blg. 1

## Tanong sa Konstitusyonal na Kombensyon

Ang Konstitusyon ng Estado ng Alaska ay nagsasaad na sa anumang sampung taong panahon, kung ang isang konstitusyonal na kombensyon ay hindi naisagawa, ang tenyente gobernador ay maglalagay sa balota ng tanong para sa susunod na pangkalahatang halalan:

**Wika ng Balota**

| **Panukala sa Balota Blg. 1**<br>**Tanong sa Konstitusyonal na Kombensyon** |
|---|
| Magkakaroon ba ng konstitusyonal na kombensyon?<br>⬭ OO ⬭ Hindi |

**Buod ng Ahensya ng Ugnayang Pambatas [Legislative Affairs Agency]**

Ang tanong na ito ay nauugnay sa isang panawagan para sa isang kombensiyon ng saligang batas. Sa kombensiyon ang saligang batas ng estado ay maaaring amyendahan o baguhin, napapailalim sa pag-apruba ng mga botante. Sa ilalim ng saligang batas ng estado, ang mga botante ay dapat magkaroon ng pagkakataong bumoto sa tanong kung dapat ba magkaroon ng kombensiyon ng saligang batas kung walang kombensiyon sa nakalipas na sampung taon. Walang kombensiyon sa nakalipas na sampung taon. Ang tanong na ito ay humihiling sa mga botante na sabihin kung dapat bang magkaroon ng kombensiyon ng saligang batas.

# Panukala sa Balota Blg 1

## Tanong sa Konstitusyonal na Kombensyon

**PAHAYAG SA SUPORTA**

Oo! Ang ating minamahal na estado ay binihag ng malawakang katiwalian sa pulitika. Ang mga susog na maaaring iminungkahi para sa mas simpleng solusyon sa isang kumbensiyon ay tinanggihan ng lehislatura sa loob ng maraming taon, habang ang hudikatura ay nag-imbento ng mga bagong kapangyarihang labag sa saligang batas para sa kanilang sarili.

1. Ang Alaska PFD ay dapat na naisaligang batas [constitutionalized].
2. Ang Hudisyal na Konseho, na nagtatalaga ng mga hukom at inareglo pabor sa mga abugado, ay kailangang ipawalang-halaga.
3. Dapat nating tanggihan ang mga paglabag sa pederal na saligang batas na ipinataw sa atin sa estado. Bagama't dapat nating ipagpatuloy ang paggarantiya ng mga katutubong lupain, napilitan ang Alaska na isama sa ating saligang batas ang Artikulo 12, Seksyon 12. Ibinigay nito ang pag-aari sa pederal na pamahalaan na walang batayan sa Saligang batas ng U.S., na lumalabag sa Artikulo I, Seksyon 8, sugnay 17, kasama ang ika-10 na Susog. Ang pagkakaroon ng pederal na pamahalaan na nagmamay-ari ng 65% ng ating estado ay ganap na magpapahirap sa kakayahan ng Alaska na maging maunlad sa ekonomiya at makasuporta sa sarili.
4. Sa paglipas ng mga taon, ang pag-agaw ng kapangyarihan ng hudikatura ay aktwal na nagpabagsak sa ating saligang batas ng estado. Inagaw nila ang kapangyarihan ng pondo, ang linyang-aytem na beto ng gobernador at ang kakayahan ng lehislatura na salansangin ito. Inimbento nila ang "tungkulin" na amyendahan ang saligang batas sa pamamagitan ng mga opinyon sa batas ng kaso. Kinuha ng mga korte ang kahulugan ng pagkapribado, na partikular na nakalaan sa lehislatura sa Artikulo 1, Seksyon 22.

Parehong may kapangyarihan ang mga sangay na ehekutibo at lehislatibo na pigilan ito, ngunit ito ay ipinahiwatig lamang.

5. Samakatuwid, ang saligang batas ay kailangang maging mas matibay na salita upang ang mga mamamayan, gobernador at mambabatas ay maunawaan na ang kapangyarihan ng hudikatura na bigyang-kahulugan ang saligang batas ay dapat ibahagi. Gaya ng sinabi sa Pederalista #78:

"Ang hudikatura ay walang impluwensya sa alinman sa pagpapatupad o pondo; walang direksyon alinman sa lakas o kayamanan ng lipunan. Maaaring tunay na masasabing walang puwersa o kalooban, kundi paghatol lamang; at sa huli ay dapat umasa sa tulong na braso ng ehekutibo kahit para sa pagpapatupad ng mga hatol nito."

6. Dagdag pa rito, ang integridad ng halalan ay dapat matugunan upang ang mga makina at kompyuter ay hindi na muling magamit, at ang kadena-ng-pag-iingat [chain-of-custody] ay protektado ng mga tagamasid ng botohan ng mamamayan.

Ang isang kumbensiyon ng saligang batas ay isang panganib, ngunit ang mga taga-Alaska ay mga tagakuha ng panganib at hindi natin maaaring payagan ang mga gawa-gawang takot na mamuno sa atin. Kung dapat pumasa ang panukalang ito sa balota, dapat nating igiit ang mga sumusunod: Na ang mga delegado ay hindi mga nakaupong miyembro ng lehislatura. Dapat silang mga taga-Alaska na hindi bababa sa 5 taon o higit pa na tuluy-tuloy na naninirahan, at dapat silang mapili sa pamamagitan ng "gusaling pambayan" ["town hall"] na uri ng mga pulong sa bawat presinto at distrito, hindi sa pamamagitan ng mga mamahaling kampanya at halalan.

Mababasa sa ating kasalukuyang saligang batas na ang lahat ng kapangyarihang pampulitika ay likas sa mga tao, ang pamahalaan ay nagmula sa mga tao, ay itinatag para sa ikabubuti ng mga tao sa kabuuan, at nakabatay sa kanilang kalooban lamang.

Maaaring ito na ang huling pagkakataon natin para gawin ito.

Sa ngalan ng kalayaan para sa ating sarili at sa ating mga susunod na henerasyon, mangyaring bumoto ng "Oo".

Bob Bird
Retiradong guro sa pampublikong paaralan, MS digri sa Kasaysayan
45-taong taga-Alaska, tagapamahala ng usapang-palabas sa radyo
Tagapangulo, Independesiyang Partido ng Alaska

*The statement printed on this page is the opinion of the author(s) and is presented as submitted to the Division of Elections.*

# Panukala sa Balota Blg 1

## Tanong sa Konstitusyonal na Kombensyon

**PAHAYAG NG PAGTUTOL**

Tuwing 10 taon, tatanungin ang mga taga-Alaska kung dapat tayong magdaos ng kombensiyon ng saligang batas. Sa bawat pagkakataon, mariing tinatanggihan ng mga taga-Alaska ang tanong na iyon. Sa taong ito, dapat sumali ang mga taga-Alaska sa isang lumalagong pagsasanib mula sa iba't ibang pampulitikang ispektrum sa muling pagboto ng "Hindi" sa isang kombensiyon ng saligang batas

Ang isang kombensiyon ng saligang batas ay hindi kailangan, mahal, at mapanganib. Hindi lamang nito bubuksan ang ating buong dokumentong pagtatatag sa lahatan na muling pagsulat, lilikha ito ng mga taon ng kawalan ng katiyakan sa ekonomiya at regulasyon sa ating estado. Ang pagbubukas ng buong Saligang batas ng Alaska ay maaaring humantong sa mga hindi mahuhulaan na pagbabago at magbubukas ng masalimoot na gulo sa mainit na mga isyu tulad ng paggamit sa likas na yaman, mga buwis, aborsyon, mga karapatan sa baril, kasarian at oryentasyong sekswal, ang Permanenteng Pondo, pamamahala ng lupa at maiilap na hayop-gubat at marami pang iba.

Dahil walang estado sa bansa ang nagdaos ng kombensiyon ng saligang batas sa loob ng mahigit 36 na taon, ang mga espesyal na interes mula sa labas ng Alaska ay susunggaban ang pagkakataong ito upang gawin ang Alaska na lugar ng pagsubok para sa kanilang mga pampulitika at partidistang adyenda. Ang paglalantad sa ating pundasyon ng pagtatatag sa maraming taon ng paglalaban sa pulitika, lalo na sa harap ng lumalagong pagkakahiwalay sa ating bansa, ay ang huling bagay na kailangan ng masipag na mga pamilyang Alaska, negosyo at komunidad.

Ang Saligang batas ng Alaska ay nagsilbi ng mabuti sa ating estado sa loob ng mahigit 60 taon. Isinama ng ating mga tagapagtatag ng estado ang isang hiwalay, mahusay na ginawa, at malinaw na proseso ng pag-amyenda upang gumawa ng mga inaasintang pagbabago sa ating Saligang batas; isang proseso na naging mahusay para sa mga taga-Alaska sa 40 magkahiwalay na mga okasyon.

Gayunpaman, ang isang kombensiyon ay magbubukas sa buong Saligang batas para sa walang limitasyong pagbabago. Higit pang nakababahala: ang mga delegado ng kombensiyon ay pipiliin sa pamamagitan ng isang espesyal na halalan na walang mga paghihigpit sa mga kontribusyon sa kampanya. At dahil ang mga nakaupong mambabatas sa Juneau ay magiging karapat-dapat na tumakbo, maliit ang katiyakan na ang isang kombensiyon ay magreresulta sa makabuluhang pagbabago. Ang isang kombensiyon ng saligang batas sa huli ay hahantong sa isang maraming taon, magastos at matutol na proseso na makagambala sa tunay na gawain ng pagtugon sa mga ibinahaging hamon ng ating estado.

Daan-daang indibidwal na kumakatawan sa pagkakaiba-iba ng heograpiya at pulitika ng Alaska ang nabuo upang pormal na tutulan ang isang kombensiyon. Ang pagsasanib na ito ay kumakatawan sa isang malawak na grupo ng mga taga-Alaska na kadalasang hindi sumasang-ayon sa mga isyung kinakaharap ng ating estado: mga pinuno ng negosyo at paggawa, mga kampiyon sa pagpapaunlad ng mapagkukunan at mga tagapagpanatili, mga Republikano at mga Demokratiko. Ngunit lahat tayo ay sumasang-ayon: ang isang kombensiyon ng saligang batas ay magiging hindi kailangan, mahal, at mapanganib para sa Alaska.

Ang pagdaraos ng kombensiyon ng saligang batas ay nagdadala ng malaking panganib, na may kaunti o walang potensyal na gantimpala. Dapat magtrabaho ang mga taga-Alaska upang protektahan ang ating dokumentong pagtatatag at tutulan ang kombensiyon ng saligang batas ngayong Nobyembre sa pamamagitan ng pagboto ng hindi sa Panukalang Balota 1 [Ballot Measure 1].

John Coghill: Fairbanks, AK
Joelle Hall: Anchorage, AK
William Corbus: Juneau, AK

*The statement printed on this page is the opinion of the author(s) and is presented as submitted to the Division of Elections.*

# GUMAWA NG PLANO SA PAGBOTO

## Koreo? Maaga? Sa Araw ng Halalan?

HANAPIN KUNG SAAN PUPUNTA.
ALAMIN KUNG KAILAN PUPUNTA.
ALAMIN ANG MGA HULING ARAW.



# Mga Hudisyal na Kandidato para sa Pagpapanatili

## Ang Araw ng Pangkalahatang Halalan ay Martes, Nobyembre 8, 2022

**Korte ng Apelasyon**
Bethany S. Harbison

**Korte ng Superyor,**
**Ikatlong Hudisyal na Distrito**
John C. Cagle*
Catherine M. Easter
Una S. Gandbhir
Josie W. Garton*
Jason M. Gist
Lance E. Joanis
Kari C. Kristiansen
Thomas A. "Tom" Matthews
Andrew Peterson
Peter R. Ramgren
Kevin M. Saxby*
Kristen C. Stohler*
Stephen B. Wallace

**Distritong Korte,**
**Ikatlong Hudisyal na Distrito**
Jo-Ann M. Chung
Brian K. Clark
Martin C. Fallon
Tom V. Jamgochian
David A. Nesbett
Shawn D. Traini

**Nagsasaad na ang kandidato ay hindi nagsumite ng mga materyales sa munting aklat, hindi nakatugon sa mga kinakailangan upang lumabas sa munting aklat o nabigong matugunan ang mga huling araw ng paghahain ayon sa batas para sa pagsusumite. (AS 15.58.030 at AS 15.58.060)*

## Hukuman ng Apelasyon

**Hukom Harbison**

Si Bethany Harbison ba ay mananatili bilang hukom ng hukuman ng apelasyon sa loob ng walong taon?

Oo ◯ Hindi ◯

## Pangatlong Hudisyal na Distrito Superyor na Korte

**Hukom Cagle**

Ang John C. Cagle ba ay mananatili bilang hukom ng Superyor na Korte sa loob ng anim na taon?

Oo ◯ Hindi ◯

**Hukom Easter**

Ang Catherine M. Easter ba ay mananatili bilang hukom ng Superyor na Korte sa loob ng anim na taon?

Oo ◯ Hindi ◯

**Hukom Gandbhir**

Ang Una S. Gandbhir ba ay mananatili bilang hukom ng Superyor na Korte sa loob ng anim na taon?

Oo ◯ Hindi ◯

**Hukom Garton**

Ang Josie W. Garton ba ay mananatili bilang hukom ng Superyor na Korte sa loob ng anim na taon?

Oo ◯ Hindi ◯

**Hukom Gist**

Ang Jason M. Gist ba ay mananatili bilang hukom ng Superyor na Korte sa loob ng anim na taon?

Oo ◯ Hindi ◯

**Hukom Joanis**

Ang Lance E. Joanis ba ay mananatili bilang hukom ng Superyor na Korte sa loob ng anim na taon?

Oo ◯ Hindi ◯

**Hukom Kristiansen**

Ang Kari C. Kristiansen ba ay mananatili bilang hukom ng Superyor na Korte sa loob ng anim na taon?

Oo ◯ Hindi ◯

**Hukom Matthews**

Ang Thomas A."Tom" Matthews ba ay mananatili bilang hukom ng Superyor na Korte sa loob ng anim na taon?

Oo ◯ Hindi ◯

**Hukom Peterson**

Ang Andrew Peterson ba ay mananatili bilang hukom ng Superyor na Korte sa loob ng anim na taon?

Oo ◯ Hindi ◯

**Hukom Ramgren**

Ang Peter R. Ramgren ba ay mananatili bilang hukom ng Superyor na Korte sa loob ng anim na taon?

Oo ◯ Hindi ◯

**Hukom Saxby**

Ang Kevin M. Saxby ba ay mananatili bilang hukom ng Superyor na Korte sa loob ng anim na taon?

Oo ◯ Hindi ◯

**Hukom Stohler**

Ang Kristen C. Stohler ba ay mananatili bilang hukom ng Superyor na Korte sa loob ng anim na taon?

Oo ◯ Hindi ◯

**Hukom Wallace**

Ang Stephen B. Wallace ba ay mananatili bilang hukom ng Superyor na Korte sa loob ng anim na taon?

Oo ◯ Hindi ◯

## Pangatlong Hudisyal na Distrito Hukuman ng Distrito

**Hukom Chung**

Ang Jo-Ann M. Chung ba ay mananatili bilang hukom ng Hukuman ng Distrito sa loob ng apat na taon?

Oo ◯ Hindi ◯

**Hukom Clark**

Ang Brian K. Clark ba ay mananatili bilang hukom ng Hukuman ng Distrito sa loob ng apat na taon?

Oo ◯ Hindi ◯

**Hukom Fallon**

Ang Martin C. Fallon ba ay mananatili bilang hukom ng Hukuman ng Distrito sa loob ng apat na taon?

Oo ◯ Hindi ◯

**Hukom Jamgochian**

Ang Tom V. Jamgochian ba ay mananatili bilang hukom ng Hukuman ng Distrito sa loob ng apat na taon?

Oo ◯ Hindi ◯

**Hukom Nesbett**

Ang David A. Nesbett ba ay mananatili bilang hukom ng Hukuman ng Distrito sa loob ng apat na taon?

Oo ◯ Hindi ◯

**Hukom Traini**

Ang Shawn D. Traini ba ay mananatili bilang hukom ng Hukuman ng Distrito sa loob ng apat na taon?

Oo ◯ Hindi ◯

MUWESTRANG BALOTA

# Mga Hukom sa Balota:

## Mga Pagsusuri at Rekomendasyon ng Konsehong Hudisyal ng Alaska

### Bakit nasa balota ang mga hukom?

Ang Saligang batas ng Alaska at batas ng estado ay nag-aatas sa lahat ng mga hukom ng estado na pana-panahong lumabas sa balota para sa pag-apruba o hindi pag-apruba ng mga botante (tinukoy bilang "mga halalan sa hudisyal na pagpapanatili"). Ang kapangyarihan at tungkuling ito ng mga tao na bumoto sa hudisyal na pagpapanatili ay isang kritikal na bahagi ng sistemang hudisyal ng Alaska.

### Anong impormasyon ang makukuha tungkol sa mga hukom sa balota?

Ang mga halalan sa hudisyal na pagpapanatili ay walang kinikilingan, at ang mga hukom ay hindi pinapayagan na mangampanya maliban kung may aktibong sumasalungat sa kanilang hangarin na manatili sa pwesto. Upang mabigyan ang mga botante ng impormasyon tungkol sa pagganap ng mga hukom, ang batas ng estado ay nag-aatas sa Hudisyal na Konseho na suriin ang bawat hukom sa balota, at gawing makukuha ang impormasyong ito sa mga botante. Ang Hudisyal na Konseho ay naglalathala ng buod ng impormasyon nito sa Librito ng Halalan na ito, at nagpapaskil ng kumpletong ulat ng pagganap ng mga hukom sa pook-sapot nito.

### Paano sinusuri ng Hudisyal na Konseho ng Alaska ang mga hukom sa balota?

Kinolekta at sinuri ng Hudisyal na Konseho ang impormasyon mula sa maraming iba't ibang mapagkukunan at pananaw para sa isang buong larawan ng pagganap ng bawat hukom. Kasama sa impormasyon ang mga pagrerepaso mula sa mga abugado at iba pang mga propesyonal sa sistema ng hustisya, mga pagsusuri mula sa mga hurado,

### Paano pinipili ang mga hukom sa Alaska?

Sa ilalim ng Saligang batas ng Alaska, ang pagpili ng mga hukom ay isang dalawang-bahaging proseso na kinasasangkutan ng Hudisyal na Konseho ng Alaska [Alaska Judicial Council] at ng gobernador.

Ang Hudisyal na Konseho ng Alaska ay isang walang kinikilingang komisyon ng mga mamamayan. Ang mga kasapi ng Hudisyal na Konseho ay nagrerepaso ng mga aplikasyon ng mga taong gustong maging mga hukom at hihirangin ang pinakamahusay na kwalipikado mula sa kanila. Ang gobernador pagkatapos ay hihirang ng isang hukom mula sa listahan ng Hudisyal na Konseho. Ang sistemang ito ay tinatawag na "meritong pagpili."

Ang pagpili ng merito ay pinili ng mga bumalangkas ng saligang batas ng Alaska, pagkatapos ng malaking pag-aaral at pagtatalo, bilang pinakamahusay na paraan upang pumili at maghirang ng mga pinakakwalipikadong hukom at upang mabawasan ang papel ng partidistang pulitika sa hudikatura

ipinasok mula sa publiko, at pagsusuri ng iba pang mga tagapagpahiwatig ng pagganap. Pagkatapos ay ginamit ng Hudisyal na Konseho ang impormasyon upang matukoy kung ang mga hukom ay natugunan ang mga pamantayan sa pagganap sa mga sumusunod na lugar:

- Integridad
- Legal na kakayahan
- Walang kinikilingan at pagiging patas
- Sipag at kasanayang administratibo
- pag-uugali

**Kapasiyahan ng Hudisyal na Konseho ng Alaska:**
**Ang lahat ng mga hukom ay nakamit o lumampas sa mga pamantayan sa pagganap**

## Ano ang mga naging kapasiyahan mula sa mga pagsusuri ng mga hukom sa 2022 na balota?

Nalaman ng Hudisyal na Konseho na lahat ng mga hukom sa balota ay nakakatugon o lumampas sa mga pamantayan sa pagganap para sa kanilang mga posisyon. Ang Hudisyal na Konseho sa gayong dahilan ay nagrerekomenda ng "OO" na boto sa lahat ng mga hukom sa 2022 na balota na pananatilihin para sa isa pang termino sa panunungkulan.

**Ang Hudisyal na Konseho ay nagrerekomenda ng**
**"OO"**
**sa lahat ng mga hukom na kumakatawan para sa pagpapanatili**

Pakirepaso ang mga sumusunod na pahina para sa buod ng Hudisyal na Konseho ng bawat pagganap ng hukom.

## Sino ang naglilingkod sa Hudisyal na Konseho ng Alaska?

Ang mga kasapi ng Hudisyal na Konseho ay mga boluntaryong mamamayan na nagmula sa iba't ibang lugar ng Alaska. Itinatakda ng Saligang batas ng Alaska ang pagiging kasapi ng Hudisyal na Konseho :

» Tatlong kasapi na hindi abugado ang hinirang ng gobernador at kinumpirma ng mayorya ng bawat kapulungan ng lehislatura;
» Tatlong kasapi ng abugado na inihalal ng kanilang mga kapantay sa isang pagpapayong balota, na hinirang ng Lupon ng mga Gobernador ng Samahan ng Abugasiya ng Alaska [Alaska Bar Association], (isang entidad na nilikha at pinahintulutan ng Lehislatura ng Alaska); at
» Ang Punong Mahistrado ng Korte Suprema ng Alaska, na nagsisilbing tagapangulo. (Ang Punong Mahistrado ay bumoboto lamang kapag kinakailangan upang maputol ang isang pagkakatabla.)

**Kasalukuyang mga Kasapi ng Hudisyal na Konseho ng Alaska**

**Kristie Babcock**, kasapi na hindi abugado galing Soldotna.

**Patricia Collins**, kasapi na abugado galing sa Juneau.

**Lynne Gallant**, kasapi na hindi abogado galing Anchorage.

**Jonathon Katcher**, kasapi na abugado galing Anchorage.

**Dave Parker**, kasapi na hindi abugado galing Wasilla.

**Geraldine Simon**, kasapi na abugado galing Fairbanks.

**Daniel Winfree**, ang Punong Mahistrado galing sa Fairbanks.

- Ang saligang batas ay nag-aatas na ang lahat ng paghirang sa Konseho ay gawin nang may "nararapat na pagsasaalang-alang sa representasyon ng lugar at nang walang pagsasaalang-alang sa pulitikal na kaugnayan."
- Ang mga kasapi ay nagsisilbi ng magkaibang takdang oras ng termino. Wala silang natatanggap na pinansiyal na kabayaran para sa kanilang trabaho maliban sa pagbayad para sa mga gastos sa paglalakbay.

**Upang makita ang buong ulat ng pagganap para sa bawat hukom sa 2022 na balota,**
**pumunta sa to www.ajc.state.ak.us**

# Hukom ng Korte ng Apelasyon

## Bethany S. Harbison, Korte ng Apelasyon



**Adres ng Koreo:** 101 Lacey Street
Fairbanks, Ak 99701

**Edad:** 55

**Lugar ng Kapanganakan:** New York, NY

**(Mga) Pangalan ng mga Bata:** Nina, Skye

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:** 29 taon

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:**
Fairbanks, 1993-kasalukuyan

**Edukasyon:**
Williams College, B.A. (1989)
Harvard Law School, J.D. (1993)

**Mga Posisyon sa Pulitika at Pamahalaan:**
Hukom ng Korte ng Apelasyon, 2019-kasalukuyan
Hukom ng Korte ng Superyor, 2012-2018
Mahistrado na Hukom, 2005-2012
Katulong na Pampublikong Manananggol, Ahensya ng Pampublikong Manananggol ng Alaska [Alaska Public Defender Agency], 1995-2005

**Mga Posisyon sa Negosyo at Propesyonal:**
Komite ng Kriminal na mga Tuntunin [Criminal Rules Committee (2019-kasalukuyan)
Komite ng Pagkamakatarungan, Pagkakaiba at Pagkakapantay-pantay [Fairness, Diversity and Equality Committee] (2012-2019)
Komite sa Paghahanda sa Seguridad at Emerhensiya [Security and Emergency Preparedness Committee] (2018-kasalukuyan)
Lupon ng mga Direktor ng Korporasyon ng Legal na mga Serbisyo ng Alaska [Alaska Legal Services Corporation Board of Directors] (1996-2003)

**Pagiging Kasapi ng (mga) Organisasyon ng Serbisyo:**
Samahan ng Abugasiya ng Alaska [Alaska Bar Association], Pambansang Samahan ng mga Babaeng Hukom [National Association of Women Judges]

**Mga Espesyal na Interes:**
Paggugol ng oras kasama ang pamilya, musika, maglakad ng malayo, kabukiran na pag-iiski

**Pahayag ng Posisyon:**
Isang malaking karangalan para sa akin ang maglingkod bilang isang hukom sa nakalipas na sampung taon, pinakabago sa Korte ng Apelasyon. Ang Korte ng Apelasyon ng Alaska [Alaska Court of Appeals] ay isang maramihang hukom na korte ng apelasyon na may tungkuling repasuhin ang mga desisyon ng korte ng paglilitis sa mga kasong kriminal. Nagsusumikap ako upang matugunan ang mga hamon at responsibilidad ng posisyong ito, at sinisikap kong tiyakin na ang bawat kaso ay napagpasiyahan nang patas, walang kinikilingan, at alinsunod sa Saligang Batas at mga batas ng ating estado.

Pakiramdam ko ay may pribilehiyo akong magkaroon ng pagkakataong ito na maglingkod sa publiko, at lubos akong magpapasalamat kung pahihintulutan ako ng mga botante na magpatuloy sa paglilingkod sa Alaska sa posisyon na ito.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Pagtatasa ng Konsehong Hudisyal ng Alaska

## ***Hukom Bethany S. Harbison,*** *Alaska Hukuman ng Apelasyon*

> Napag-alaman ng Konsehong Hudisyal ng Alaska na naabot o nalampasan ni Hukom Harbison ang mga pamantayan sa pagganap, at nagrerekomenda ng boto na **"OO"** para sa isa pang termino sa panunungkulan

Si Hukom Harbison ay hinirang sa Alaska Hukuman ng Apelasyon noong Nobyembre ng 2018. Isa siya sa apat na hukom sa korte na ito, na humahawak ng mga apela ng mga kasong kriminal. Ito ang unang pagtatasa sa pagpapanatili ni Hukom Harbison bilang hukom ng Hukuman ng Apelasyon.

**Buod**: Pagkatapos magsagawa ng pagsusuri sa pagganap nito, natukoy ng Konsehong Hudisyal na natugunan o nalampasan ni Hukom Harbison ang mga pamantayan sa pagganap sa lahat ng pamantayan, kabilang ang legal na kakayahan, integridad, pagkawalang kinikilingan/pagkamakatarungan, pag-uugali, kasipagan, at mga kasanayan sa pangangasiwa. Napagpasyahan pa ng Konseho na si Hukom Harbison ay sumunod sa mga pamantayan ng etika ng hudisyal.


Samakatuwid, ang Konsehong Hudisyal ng Alaska ay nagrerekomenda ng botong "**oo**" upang panatilihin si Hukom Harbison sa katungkulan.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat**: Ang mga atorni na humarap kay Hukom Harbison ay nagbigay sa kanya ng mahusay na mga pagsusuri, gayundin ang mga empleyado ng korte. Ipinapakita ng talaang-guhit ang ilan sa mga marka ng pagsisiyasat na natanggap ni Hukom Harbison. Ang mga kumpletong marka ng pagsisiyasat ay makukuha sa www.ajc.state.ak.us.

**Mga Prospesyonal na Aktibidad**: Ang pagsusuri ng Konseho sa mga propesyonal na aktibidad ni Hukom Harbison ay nagpakita ng mga makabuluhang kontribusyon sa komunidad at sa pangangasiwa ng hustisya. Si Hukom Harbison ay gumawa ng mga kontribusyon sa mga larangan ng paglilingkod sa komite at grupo ng trabaho, pag-abot sa komunidad, pagtuturo, at mga aktibidad ng kabataan. Ang isang detalyadong listahan ng propesyonal at mga aktibidad sa komunidad ni Hukom Harbison ay nakapaskil sa www.ajc.state.ak.us.

**Iba pang mga Tagapagpahiwatig ng Pagganap**: Sinuri ng Konseho ang iba pang mga tagapagpahiwatig ng pagganap para kay Hukom Harbison, kabilang ang mga pahayag sa pananalapi at salungatan ng interes, kung ang bayad ay ipinagkait para sa isang hindi napapanahong desisyon. Mahusay ang pagganap ni Hukom Harbison sa mga larangan na ito.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat ng mga Propesyonal ng Sistema ng Hustisya para sa "Pangkalahatan" na Pagganap ng Trabaho para sa Hukom Harbison**




Ihanay mula 5 (mahusay) hanggang 1 (mahina)

*Ang mga hukom ay hinahanay ng iba't ibang grupo depende sa mga pagkarga ng kaso.

> Hanapin ang kumpletong pagtatasa ng pagganap ng hukom na ito sa **www.ajc.state.ak.us**

# Hukom ng Korte ng Superyor

## Catherine M. Easter, Ikatlong Hudisyal na Distrito



**Adres ng Koreo:** 825 W. 4th Ave
Anchorage, AK 99501

**Edad:** 64

**Lugar ng Kapanganakan:** Pasadena, CA

**Pangalan ng Asawa:** Craig Howard

**Mga Pangalan ng mga Bata:** Riley at Clare

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:** 37 taon

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:**
Anchorage 1985-Kasalukuyan

**Edukasyon:**
Sacred Heart Forest Ridge 1972-1976
Seattle University 1976-1980, BA French
University of San Diego School of Law 1982-1985

**Mga Posisyon sa Pulitika at Pamahalaan:**
Hukom ng Korte ng Superyor 2012-Kasalukuyan
Hukom ng Distritong Korte 2008-2012
Tanggapan ng Pampublikong Pagtataguyod 2007-2008
Ahensya ng Pampublikong Manananggol ng Alaska [Alaska Public Defender Agency] 1986-2007
Klerk ng Batas, Hukom Shortell 1985-1986

**Mga Espesyal na Interes:**
Pamilya, Pag-iiski, Paglalakad ng malayo, Pagkakampo, Pangingisda

**Pahayag ng Posisyon:**
Naging isang pribilehiyo at karangalan ang paglingkuran ang mga tao ng Alaska bilang isang Hukom ng Superyor at Distritong Korte. Sinisikap kong tratuhin ang lahat ng mga may-asunto nang pantay-pantay, at kumilos nang may integridad, kababaang-loob at kasipagan. Sinisikap kong sundin ang batas at maging patas at mahabagin sa lahat ng humaharap sa akin

Naniniwala ako na ang ating mga hukuman ay dapat na magamit ng lahat ng tao, kabilang ang mga kumakatawan sa kanilang sarili. Sinisikap kong tratuhin ang lahat ng dumarating sa korte nang may pasensya at paggalang, makinig nang mabuti sa lahat ng pananaw at maging walang kinikilingan sa lahat ng humaharap sa korte.

Sana ay patuloy akong maglingkod sa mga mamamayan ng Alaska. Kung pananatilihin, patuloy akong maglilingkod sa abot ng aking makakaya

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.*
*Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Pagtatasa ng Konsehong Hudisyal ng Alaska

## *Hukom Catherine M. Easter,* Anchorage Korte ng Superyor

Napag-alaman ng Konsehong Hudisyal ng Alaska na naabot o nalampasan ni Hukom Easter ang mga pamantayan sa pagganap, at nagrerekomenda ng boto na **"OO"** para sa isa pang termino sa panunungkulan

Si Hukom Easter ay hinirang sa Anchorage Korte ng Superyor noong March o ng 2012. Hinawakan ni Hukom Easter ang mga pagkarga ng kasong sibil at kriminal sa panahon ng kanyang kasalukuyang termino sa panunungkulan, bagama't ang kanyang kasalukuyang pangunahing pagkarga ng kaso ay mga kasong kriminal. Ito ang kanyang ikalawang pagtatasa sa pagpapanatili bilang isang hukom ng korte ng superyor.

**Buod:** Pagkatapos magsagawa ng pagsusuri sa pagganap nito, natukoy ng Konsehong Hudisyal na natugunan o nalampasan ni Hukom Easter ang mga pamantayan sa pagganap sa lahat ng pamantayan, kabilang ang legal na kakayahan, integridad, pagkawalang kinikilingan/pagkamakatarungan, pag-uugali, kasipagan, at mga kasanayan sa pangangasiwa. Napagpasyahan pa ng Konseho na si Hukom Easter ay sumunod sa mga pamantayan ng etika ng hudisyal.


Samakatuwid, ang Konsehong Hudisyal ng Alaska ay nagrerekomenda ng botong **"oo"** upang panatilihin si Hukom Easter sa katungkulan.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat:** Ang mga atorni, mga opisyal ng kapayapaan at probasyon, at mga propesyonal sa serbisyong panlipunan na humarap kay Hukom Easter ay nagbigay sa kanya ng mahusay na mga pagsusuri, gayundin ang mga empleyado ng korte. Inihanay ng mga hurado si Hukom Easter nang napakataas. Isang hurado ang nagkomento, "Si Hukom Easter ay pambihira at lumampas sa lahat ng mga inaasahan sa pagkawalang kinikilingan, paggalang, at kontrol." Ang mga kumpletong marka ng pagsisiyasat ay makukuha sa www.ajc.state.ak.us.

**Mga Prospesyonal na Aktibidad:** Ang pagsusuri ng Konseho sa mga propesyonal na aktibidad ni Hukom Easter ay nagpakita ng mga makabuluhang kontribusyon sa komunidad at sa pangangasiwa ng hustisya. Si Hukom Easter ay gumawa ng mga kontribusyon sa mga larangan ng pangangasiwa ng korte, trabaho ng komite at puwersang tagakilos, mga aktibidad ng kabataan, pag-abot sa komunidad, at pagtuturo. Ang isang detalyadong listahan ng propesyonal at mga aktibidad sa komunidad ni Hukom Easter ay nakapaskil sa www.ajc.state.ak.us.

**Iba pang mga Tagapagpahiwatig ng Pagganap:** Sinuri ng Konseho ang iba pang mga tagapagpahiwatig ng pagganap para kay Hukom Easter, kabilang ang mga pahayag sa pananalapi at salungatan ng interes, kung ang bayad ay ipinagkait para sa isang hindi napapanahong desisyon, kung gaano kadalas siya pinawalang-karapatan ng mga partido mula sa mga kaso, at mga bilis ng pagbabalik ng paghahabol. Mahusay ang pagganap ni Hukom Easter sa mga larangan na ito.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat ng mga Propesyonal ng Sistema ng Hustisya para sa "Pangkalahatan" na Pagganap ng Trabaho for Hukom Easter**




Ihanay mula 5 (mahusay) hanggang 1 (mahina)

*Ang mga hukom ay hinahanay ng iba't ibang grupo depende sa mga pagkarga ng kaso.

Hanapin ang kumpletong pagtatasa ng pagganap ng hukom na ito sa **www.ajc.state.ak.us**

# Hukom ng Korte ng Superyor

## Una S. Gandbhir, Ikatlong Hudisyal na Distrito



**Adres ng Koreo:** 825 W. 4th Ave
Anchorage, AK 99501

**Edad:** 56

**Lugar ng Kapanganakan:** Worcester, MA

**Pangalan ng Asawa:** Phil

**Pangalan ng mga Bata:** Kiran

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:** 29 taon

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:**
Anchorage 1993 - kasalukuyan

**Edukasyon:**
Newton South High School, Newton, MA - 1984
Bryn Mawr College, Bryn Mawr, PA - B.A. 1988
Northeastern University School of Law, Boston, MA - J.D. 1993

**Mga Posisyon sa Pulitika at Pamahalaan:**
Mahistradong Hukom Hunyo 2013 - Hulyo 2018

**Mga Posisyon sa Negosyo at Propesyonal:**
Atorni (sa sarili nagtatrabaho) - Marso 1998 - Mayo 2013
Katulong na Atorni, Tanggapan ng Batas ni Richard S. Thwaites - Hunyo 1994 - Pebrero 1998

**Pagiging Kasapi ng Organisasyon ng Serbisyo:**
Samahan ng Abogasiya ng Alaska [Alaska Bar Association]
Pambansang Samahan ng mga Hukom ng mga Kababaihan [National Association of Women Judges]

**Mga Espesyal na Interes:**
Paglalakad nang malayo, pag-akyat ng bato, paglalakbay, pagbabasa, oras kasama ang aking pamilya at ang aming mga alagang hayop

**Iba pa (Biyograpikong Impormasyon):**
Lumaki ako sa isang pinalawak na pamilyang Indiyano sa labas ng Boston. Pagkatapos magtapos sa paaralan ng batas noong 1993 lumipat ako sa Anchorage kung saan nagpraktis ako sa mga larangan ng pagpaplano ng ari-arian, pagpapatunay [probate], kapansanan at matatandang batas [elder law] hanggang sa pagsali sa sistema ng hukuman bilang isang Mahistradong Hukom noong 2013. Ako ay hinirang sa Korte ng Superyor ng Anchorage noong ika-20 ng Hulyo, 2018. Ako ay may asawa at may isang batang anak na lalaki na nasa hustong gulang.

**STATEMENT:**
Isang pribilehiyo at karangalan na maglingkod sa Estado ng Alaska bilang isang hukom sa paglilitis. Naniniwala ako na ang bawat taga-Alaska na naghahanap ng hustisya ay may karapatang pakinggan ng isang patas, walang kinikilingan na hukom at maunawaan ang batas at mga tuntunin na nakakaapekto sa kanilang kaso. Araw-araw, sinisikap kong maging matiyaga, mabait, maalalahanin, magalang, patas at masigasig sa pagtugon sa iba't ibang bagay na dumarating sa akin. Lalo kong pinahahalagahan na matuto mula sa mga taong humaharap sa aking silid ng korte, at palagi akong humanga sa mga mamamayan na nagsisilbing mga hurado bilang suporta sa kanilang mga kapwa taga-Alaska.

Bilang karagdagan sa aking pagkarga ng kaso, naglilingkod ako sa ilang mga komite na nakatuon sa pagpapabuti ng karanasan ng lahat ng taong nakikipag-ugnayan sa korte. Maaaring kabilang dito ang pag-aaral tungkol sa kung paano naaapektuhan ng troma ang ating mga lungsod at kanayunan na komunidad, ginagawang mas madaling maunawaan ang mga pormularyo, pakikipag-usap sa mga bagong mamamayan tungkol sa kakayahang magamit ang mga hukuman, at pakikipag-ugnayan sa mga estudyanteng interesado sa legal na sistema. Ang lahat ng mga aktibidad na ito ay nakakatulong upang gawing mas magandang lugar ang ating mga korte upang mapagsilbihan ang publiko.

Ito ang aking unang halalan ng pagpapanatili. Lubos akong nagpapasalamat na mabuhay at makapagtrabaho sa kahanga-hanga at kakaibang estadong ito. Kung bumoto ka na panatilihin ako, patuloy kong itataguyod ang matataas na pamantayan na inaasahan at karapat-dapat ng lahat ng taga-Alaska mula sa kanilang mga hudisyal na opisyal.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.*
*Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Pagtatasa ng Konsehong Hudisyal ng Alaska

## ***Hukom Una Sonia Gandbhir,*** *Anchorage Korte ng Superyor*

> Napag-alaman ng Konsehong Hudisyal ng Alaska na naabot o nalampasan ni Hukom Gandbhir ang mga pamantayan sa pagganap, at nagrerekomenda ng boto na **"OO"** para sa isa pang termino sa panunungkulan

Si Hukom Gandbhir ay hinirang sa Anchorage Korte ng Superyor noong Hulyo ng 2018. Si Hukom Gandbhir ay humahawak ng isang pagkarga ng kasong sibil. Ito ang kanyang unang pagtatasa sa pagpapanatili.

**<u>Buod</u>:** Pagkatapos magsagawa ng pagsusuri sa pagganap nito, natukoy ng Konsehong Hudisyal na natugunan o nalampasan ni Hukom Gandbhir ang mga pamantayan sa pagganap sa lahat ng pamantayan, kabilang ang legal na kakayahan, integridad, pagkawalang kinikilingan/pagkamakatarungan, pag-uugali, kasipagan, at mga kasanayan sa pangangasiwa. Napagpasyahan pa ng Konseho na si Hukom Gandbhir ay sumunod sa mga pamantayan ng etika ng hudisyal.


Samakatuwid, ang Konsehong Hudisyal ng Alaska ay nagrerekomenda ng botong "**oo**" upang panatilihin si Hukom Gandbhir sa katungkulan.

**<u>Mga Marka ng Pagsisiyasat</u>**: Ang mga atorni at mga propesyonal sa serbisyong panlipunan na humarap kay Hukom Gandbhir ay nagbigay sa kanya ng mahusay na mga pagsusuri, gayundin ang mga empleyado ng korte. Limang opisyal ng kapayapaan at probasyon na humarap sa kanya ang nagbigay sa kanya ng napakagandang mga pagsusuri. Inihanay ng mga Hurado si Hukom Gandbhir 5.0 sa pangkalahatang isang limang-puntong sukat. Ipinapakita ng talaang-guhit ang ilan sa mga marka ng pagsisiyasat na natanggap ni Hukom Gandbhir. Ang mga kumpletong marka ng pagsisiyasat ay makukuha sa www.ajc.state.ak.us.

**<u>Mga Prospesyonal na Aktibidad</u>:** Ang pagsusuri ng Konseho sa mga propesyonal na aktibidad ni Hukom Gandbhir ay nagpakita ng mga makabuluhang kontribusyon sa komunidad at sa pangangasiwa ng hustisya. Si Hukom Gandbhir ay gumawa ng mga kontribusyon sa mga larangan ng paglilingkod sa komite at grupo ng trabaho, pagtuturo, at pag-abot sa komunidad. Ang isang detalyadong listahan ng propesyonal at mga aktibidad sa komunidad ni Hukom Gandbhir ay nakapaskil sa www.ajc.state.ak.us.

**<u>Iba pang mga Tagapagpahiwatig ng Pagganap</u>:** Sinuri ng Konseho ang iba pang mga tagapagpahiwatig ng pagganap para kay Hukom Gandbhir, kabilang ang mga pahayag sa pananalapi at salungatan ng interes, kung ang bayad ay ipinagkait para sa isang hindi napapanahong desisyon, kung gaano kadalas siya pinawalang-karapatan ng mga partido mula sa mga kaso, at mga bilis ng pagbabalik ng paghahabol. Mahusay ang pagganap ni Hukom Gandbhir sa mga larangan na ito.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat ng mga Propesyonal ng Sistema ng Hustisya para sa "Pangkalahatan" na Pagganap ng Trabaho para sa Hukom Gandbhir**




Ihanay mula 5 (mahusay) hanggang 1 (mahina)

*Ang mga hukom ay hinahanay ng iba't ibang grupo depende sa mga pagkarga ng kaso.

> Hanapin ang kumpletong pagtatasa ng pagganap ng hukom na ito sa **www.ajc.state.ak.us**

# Hukom ng Korte ng Superyor

## Jason M. Gist, Ikatlong Hudisyal na Distrito



**Adres ng Koreo:** 125 Trading Bay Rd.
Kenai, AK 99611

**Edad :** 47

**Lugar ng Kapanganakan:** Hanford, CA

**Pangalan ng Asawa:** Michelle Gist

**(Mga) Pangalan ng mga Bata:** Kaitlynn, Alexander

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:** 18 taon

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:**
Anchorage, Kenai

**Edukasyon:**
California State University, Fresno, B.S. Criminology 2001
University of California, Boalt Hall School of Law, J.D. 2004

**Mga Posisyon sa Pulitika at Pamahalaan:**
Klerk ng Batas kay Punong Mahistrado Alexander O. Bryner, 2004-05
Katulong na Atorni ng Distrito, 2008-2018
Hukom ng Korte ng Superyor, 2018-kasalukuyan

**Mga Posisyon sa Negosyo at Propesyonal:**
Kemppel, Huffman & Ellis, P.C. 2005-2008

**Pagiging Kasapi ng mga Organisasyon ng Serbisyo:**
Samahan ng Abogasiya ng Alaska [Alaska Bar Association]
Samahan ng Abogasiya ng Kenai Peninsula
Komite sa mga Panuntunang Kriminal [Criminal Rules Committee]

**Mga Espesyal na Interes:**
Pangingisda, golp, pag-iiski

**Iba pa (Biyograpikong Impormasyon):**
Lumipat kaming mag-asawa sa Alaska noong 2004 para sa isang taong pakikipagsapalaran. Sa loob lamang ng ilang buwan, napagtanto namin na ang Alaska ang magiging permanenteng tahanan namin. Ang aking asawa ay isang guro sa espesyal na edukasyon, at ginugol namin ang karamihan sa aming mga karera sa serbisyo publiko. Kapag hindi kami nagtatrabaho, makikita mo kaming nangingisda, namamangka, naglalaro ng golp at nag-iiski. Ang Alaska ay naging isang kahanga-hangang lugar na tirahan at palakihin ang aming mga anak sa nakalipas na 18 taon.

**STATEMENT:**
Pribilehiyo ko ang maglingkod bilang Hukom ng Korte ng Superyor sa Kenai mula noong 2018. Naglingkod din ako bilang naglalakbay na hukom para sa Homer at Seward. Kasama sa aking talaan ng mga bagay ay ang kasong mabigat na pagkakasala, mga kaso ng batang nangangailangan ng tulong, mga bagay ng pamilya, sibil na paglilitis at pagpapatunay. Parehong mahirap at kapakipakinabang ang pamamahala sa iba't ibang pagkarga ng kaso na ito. Ang layunin ko bilang isang hukom ay kilalanin na para sa mga nasasangkot, ang bawat kaso ay malamang na ang pinakamahalagang bagay sa kasalukuyan sa kanilang buhay, at tratuhin ang bawat kaso at partido nang may katarungan, dignidad at paggalang. Ako ay nangangako na sundin at ilapat ang Saligang batas at mga batas ng estado nang matapat at patas. Naghahanda akong lubusan para sa mga pagdinig nang mas maaga upang mapagsilbihan ang mga partido, at ginagawa ang aking makakaya upang mabigyan ang mga partido ng detalyado at nakasulat na mga desisyon. Bilang bahagi ng aking pangako na bigyan ang mga taga-Alaska ng kakayahang magamit ang sistema ng korte, ginugol ko ang huling tatlong taon sa pagtulong sa pagpapatupad ng isang elektronikong sistema ng paghahain ng kaso sa mga korte ng Kenai, upang gawing mas madali para sa mga partido na magsampa ng mga kaso at magsulat ng reklamo o sumagot sa demanda [pleadings]. Bilang isang hukom, nakilahok ako sa mga lokal na pulong ng Samahan ng Abogasiya at mga lokal na korte ng kabataan, isang kasapi ng Komite sa mga Panuntunang Kriminal, at nagbigay ng mga presentasyon sa nakababatang mataas na paaralan tungkol sa ating sistema ng korte. Ginugol ko ang halos lahat ng aking karera sa paglilingkod sa publiko, at karangalan kong magpatuloy sa paglilingkod bilang isang hukom sa Kenai.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.*
*Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Pagtatasa ng Konsehong Hudisyal ng Alaska

## ***Hukom Jason M. Gist,*** *Kenai Korte ng Superyor*

Napag-alaman ng Konsehong Hudisyal ng Alaska na naabot o nalampasan ni Hukom Gist ang mga pamantayan sa pagganap, at nagrerekomenda ng boto na **"OO"** para sa isa pang termino sa panunungkulan

Si Hukom Gist ay hinirang sa Kenai Korte ng Superyor noong Nobyembre ng 2018. Siya ang humahawak ng mga kasong sibil at kriminal. Ito ang kanyang unang pagtatasa sa pagpapanatili.

**Buod:** Pagkatapos magsagawa ng pagsusuri sa pagganap nito, natukoy ng Konsehong Hudisyal na natugunan o nalampasan ni Hukom Gist ang mga pamantayan sa pagganap sa lahat ng pamantayan, kabilang ang legal na kakayahan, integridad, pagkawalang kinikilingan/pagkamakatarungan, pag-uugali, kasipagan, at mga kasanayan sa pangangasiwa. Napagpasyahan pa ng Konseho na si Hukom Gist ay sumunod sa mga pamantayan ng etika ng hudisyal.


Samakatuwid, ang Konsehong Hudisyal ng Alaska ay nagrerekomenda ng botong "**oo**" upang panatilihin si Hukom Gist sa katungkulan.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat:** Ang mga atorni at mga opisyal ng kapayapaan at probasyon na humarap kay Hukom Gist ay nagbigay sa kanya ng mahusay na mga pagsusuri, gayundin ang mga empleyado ng korte. Inihanay sya nga mga hurado nang napakataas. Isang hurado ang nagkomento, "Labis akong humanga sa hukom at kung paano siya naging maalalahanin sa aming mga buhay sa labas." Ipinapakita ng talaang-guhit ang ilan sa mga marka ng pagsisiyasat na natanggap ni Hukom Gist. Ang mga kumpletong marka ng pagsisiyasat ay makukuha sa www.ajc.state.ak.us.

**Mga Prospesyonal na Aktibidad:** Ang pagsusuri ng Konseho sa mga propesyonal na aktibidad ni Hukom Gist ay nagpakita ng mga positibong kontribusyon sa pangangasiwa ng hustisya at sa kanyang komunidad. Si Hukom Gist ay gumawa ng mga kontribusyon sa mga larangan ng paglilingkod sa komite at mga aktibidad ng kabataan. Ang isang detalyadong listahan ng propesyonal at mga aktibidad sa komunidad ni Hukom Gist ay nakapaskil sa www.ajc.state.ak.us.

**Iba pang mga Tagapagpahiwatig ng Pagganap:** Sinuri ng Konseho ang iba pang mga tagapagpahiwatig ng pagganap para kay Hukom Gist, kabilang ang mga pahayag sa pananalapi at salungatan ng interes, kung ang bayad ay ipinagkait para sa isang hindi napapanahong desisyon, kung gaano kadalas siya pinawalang-karapatan ng mga partido mula sa mga kaso, at mga bilis ng pagbabalik ng paghahabol. Mahusay ang pagganap ni Hukom Gist sa mga larangan na ito.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat ng mga Propesyonal ng Sistema ng Hustisya para sa "Pangkalahatan" na Pagganap ng Trabaho para sa Hukom Gist**




Ihanay mula 5 (mahusay) hanggang 1 (mahina)

*Ang mga hukom ay hinahanay ng iba't ibang grupo depende sa mga pagkarga ng kaso.

Hanapin ang kumpletong pagtatasa ng pagganap ng hukom na ito sa **www.ajc.state.ak.us**

# Hukom ng Korte ng Superyor

## Lance E. Joanis, Ikatlong Hudisyal na Distrito



**Adres ng Koreo:** 125 Trading Bay Rd.
Kenai, AK 99611

**Edad:** 55

**Lugar ng Kapanganakan:** Oregon

**Pangalan ng Asawa:** Jennifer

**Pangalan ng mga Bata:** Gabriel at Jacob

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:**
Kami ay nanirahan sa Alaska mula noong Mayo ng 2004.

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska::**
Mga apat na taon sa Bethel, isang maikling panahon sa Anchorage at kami ay nasa Kenai mula noong 2008.

**Edukasyon:**
A.A., Central Oregon C.C.; B.S., University of Oregon; Law Degree, University of Idaho.

**Pahayag ng Posisyon:**
Ang paglilingkod bilang Hukom ng Korte ng Superyor ay isang karangalan. Isa rin itong hamon. Kung pananatilihin ako ng mga botante, patuloy kong gagawin ang aking makakaya upang maglingkod nang may paggalang sa mga taga-Alaska,
patas at walang kinikilingan.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.*
*Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Pagtatasa ng Konsehong Hudisyal ng Alaska

## ***Hukom Lance E. Joanis,*** *Kenai Korte ng Superyor*

Napag-alaman ng Konsehong Hudisyal ng Alaska na naabot o nalampasan ni Hukom Joanis ang mga pamantayan sa pagganap, at nagrerekomenda ng boto na **"OO"** para sa isa pang termino sa panunungkulan

Si Hukom Joanis ay hinirang sa Korte ng Superyor noong Hulyo ng 2018. Siya ang humahawak ng mga kasong sibil at kriminal. Ito ang kanyang unang pagtatasa sa pagpapanatili.


**Buod:** Pagkatapos magsagawa ng pagsusuri sa pagganap nito, natukoy ng Konsehong Hudisyal na natugunan o nalampasan ni Hukom Joanis ang mga pamantayan sa pagganap sa lahat ng pamantayan, kabilang ang legal na kakayahan, integridad, pagkawalang kinikilingan/pagkamakatarungan, pag-uugali, kasipagan, at mga kasanayan sa pangangasiwa. Napagpasyahan pa ng Konseho na si Hukom Joanis ay sumunod sa mga pamantayan ng etika ng hudisyal.

Samakatuwid, ang Konsehong Hudisyal ng Alaska ay nagrerekomenda ng botong "**oo**" upang panatilihin si Hukom Joanis sa katungkulan.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat:** Ang mga atorni na humarap kay Hukom Joanis ay nagbigay sa kanya ng napakagandang mga pagsusuri. Ang mga opisyal ng kapayapaan at probasyon na humarap sa kanya ay nagbigay sa kanya ng mahusay na mga pagsusuri, gayundin ang mga empleyado ng korte at mga hurado. Isang hurado ang nagkomento, "Siya ay napaka-patas." Ipinapakita ng talaang-guhit ang ilan sa mga marka ng pagsisiyasat na natanggap ni Hukom Joanis. Ang mga kumpletong marka ng pagsisiyasat ay makukuha sa www.ajc.state.ak.us.

**Mga Prospesyonal na Aktibidad:** Ang mga pagsusuri ng Konseho sa mga propesyonal na aktibidad ni Hukom Joanis ay nagpakita ng mga positibong kontribusyon sa kanyang komunidad at sa pangangasiwa ng hustisya. Si Hukom Joanis ay gumawa ng mga kontribusyon sa mga larangan ng paglilingkod sa grupo ng trabaho, mga terapyutikong korte at mga espesyal na kalendaryo, at mga aktibidad ng kabataan. Ang isang detalyadong listahan ng propesyonal at mga aktibidad sa komunidad ni Hukom Joanis ay nakapaskil sa www.ajc.state.ak.us.

**Iba pang mga Tagapagpahiwatig ng Pagganap:** Sinuri ng Konseho ang iba pang mga tagapagpahiwatig ng pagganap para kay Hukom Joanis, kabilang ang mga pahayag sa pananalapi at salungatan ng interes, kung ang bayad ay ipinagkait para sa isang hindi napapanahong desisyon, kung gaano kadalas siya pinawalang-karapatan ng mga partido mula sa mga kaso, at mga bilis ng pagbabalik ng paghahabol. Mahusay ang pagganap ni Hukom Joanis sa mga larangan na ito.




Ihanay mula 5 (mahusay) hanggang 1 (mahina)

*Ang mga hukom ay hinahanay ng iba't ibang grupo depende sa mga pagkarga ng kaso.

Hanapin ang kumpletong pagtatasa ng pagganap ng hukom na ito sa **www.ajc.state.ak.us**

# Hukom ng Korte ng Superyor

## Kari C. Kristiansen, Ikatlong Hudisyal na Distrito



**Adres ng Koreo:** 435 S. Denali
Palmer, AK 99645

**Edad:** 58

**Lugar ng Kapanganakan:** Washington

**Pangalan ng Asawa:** John

**(Mga) Pangalan ng mga Bata:** Chris, Marianne, Leif

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:** 50 taon

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:**
Anchorage (1965-1989, 1996-kasalukuyan)

**Edukasyon:**
East High School
Northwestern University B.S. Electrical Engineering
Willamette University College of Law, J.D.

**Mga Posisyon sa Pulitika at Pamahalaan:**
Katulong na Nag-uusig na Atorni, Lungsod at Lalawigan of Honolulu (1989-1996)
Katulong na Atorni Heneral, Estado ng Alaska (1999-2007)
Hukom ng Korte ng Superyor, Estado ng Alaska (2007-kasalukuyan)

**Mga Posisyon sa Negosyo at Propesyonal:**
Katulong na Atorni, Guess & Rudd, P.C. (1997-1999)

**Pahayag ng Posisyon:**
Isang pribilehiyo at karangalan na maglingkod sa komunidad ng Mat-Su bilang Hukom ng Korteng Superyor. Kasama ng pribilehiyong iyon ang responsibilidad na makinig nang walang kinikilingan sa mga partido at tapat na ilapat ang batas sa bawat kaso na darating sa harap ko. Nakatuon ako sa pagtitiyak na ang lahat ng tao, hindi lamang ang mga may kakayahang magbayad ng abugado, ay may kakayahang magamit ang hukuman at magkaroon ng pagkakataong ganap na marinig ang mga isyung nakakaapekto sa kanilang buhay. Ako ay pinalad na nagsilbi sa mga tao ng Alaska at umaasa na ipagpatuloy ito, sa inyong suporta.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.*
*Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Pagtatasa ng Konsehong Hudisyal ng Alaska

## *Hukom Kari C. Kristiansen,* *Palmer Korte ng Superyor*

> Napag-alaman ng Konsehong Hudisyal ng Alaska na naabot o nalampasan ni Hukom Kristiansen ang mga pamantayan sa pagganap, at nagrerekomenda ng boto na **"OO"** para sa isa pang termino sa panunungkulan

Si Hukom Kristiansen ay hinirang sa Palmer Korte ng Superyor noong Nobyembre ng 2006. Ito ang kanyang ikatlong pagtatasa sa pagpapanatili. Siya ang humahawak ng mga kasong sibil at kriminal.

**Buod:** Pagkatapos magsagawa ng pagsusuri sa pagganap nito, natukoy ng Konsehong Hudisyal na natugunan o nalampasan ni Hukom Kristiansen ang mga pamantayan sa pagganap sa lahat ng pamantayan, kabilang ang legal na kakayahan, integridad, pagkawalang kinikilingan/pagkamakatarungan, pag-uugali, kasipagan, at mga kasanayan sa pangangasiwa. Napagpasyahan pa ng Konseho na si Hukom Kristiansen ay sumunod sa mga pamantayan ng etika ng hudisyal.


Samakatuwid, ang Konsehong Hudisyal ng Alaska ay nagrerekomenda ng botong "**oo**" upang panatilihin si Hukom Kristiansen sa katungkulan.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat:** Ang mga empleyado ng korte ay nagbigay kay Hukom Kristiansen ng mahusay na mga pagsusuri. Ang mga atorni na humarap sa kanya ay nagbigay ng napakagandang mga pagsusuri, habang ang mga propesyonal sa serbisyong panlipunan at mga opisyal ng kapayapaan at probasyon ay nagbigay ng ilang magagandang mga marka at ilang mas mababang mga marka. Inihanay sya ng mga hurado nang napakataas. Isang hurado ang nagkomento, "Magandang trabaho ang ginawa ng hukom. Ang kanyang mga tagubilin sa hurado ay malinaw at nakakatulong." Ipinapakita ng talaang-guhit ang ilan sa mga marka ng pagsisiyasat na natanggap ni Hukom Kristiansen. Ang mga kumpletong marka ng pagsisiyasat ay makukuha sa www.ajc.state.ak.us.

**Mga Prospesyonal na Aktibidad:** Ang mga pagsusuri ng Konseho sa mga propesyonal na aktibidad ni Hukom Kristiansen ay nagpakita ng mga positibong kontribusyon sa kanyang komunidad at sa pangangasiwa ng hustisya. Si Hukom Kristiansen ay gumawa ng mga kontribusyon sa mga larangan ng paglilingkod sa komite at grupo ng trabaho, pagtuturo, mga terapyutikong korte, at mga aktibidad ng kabataan. Ang isang detalyadong listahan ng propesyonal at mga aktibidad sa komunidad ni Hukom Kristiansen ay nakapaskil sa www.ajc.state.ak.us.

**Iba pang mga Tagapagpahiwatig ng Pagganap:** Sinuri ng Konseho ang iba pang mga tagapagpahiwatig ng pagganap para kay Hukom Kristiansen, kabilang ang mga pahayag sa pananalapi at salungatan ng interes, kung ang bayad ay ipinagkait para sa isang hindi napapanahong desisyon, kung gaano kadalas siya pinawalang-karapatan ng mga partido mula sa mga kaso, at mga bilis ng pagbabalik ng paghahabol. Mahusay ang pagganap ni Hukom Kristiansen sa mga larangan na ito.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat ng mga Propesyonal ng Sistema ng Hustisya para sa "Pangkalahatan" na Pagganap ng Trabaho para sa Hukom Kristiansen**





Ihanay mula 5 (mahusay) hanggang 1 (mahina)

*Ang mga hukom ay hinahanay ng iba't ibang grupo depende sa mga pagkarga ng kaso.

> Hanapin ang kumpletong pagtatasa ng pagganap ng hukom na ito sa **www.ajc.state.ak.us**

# Hukom ng Korte ng Superyor

## Thomas A. "Tom" Matthews, Ikatlong Hudisyal na Distrito



**Adres ng Koreo:** 825 W. 4th Ave
Anchorage, AK 99501-2004

**Edad:** 63

**Lugar ng Kapanganakan:** Flemington, NJ

**Pangalan ng Asawa:** Jane

**Pangalan ng mga Bata:** Charlie & Elizabeth

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:** 37

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:**
Anchorage, 1985-kasalukuyan

**Edukasyon:**
University of California at Berkeley (BS 1982)
Northwestern School of Law, Lewis & Clark College (JD 1985)

**Mga Posisyon sa Pulitika at Pamahalaan:**
Hukom ng Korte ng Superyor, 2018-kasalukuyan
Pangulo at May-ari, Matthews & Zahare, PC, 1994-2018; Katulong na Atorni & Kasosyo, Bliss Riordan, 1985-1994; Klerk ng Batas, Pangangasiwang Bonneville Power, 1983-1985

**Mga Posisyon sa Negosyo at Propesyonal:**
Samahan ng Abogasiya ng Alaska [Alaska Bar Association] (Komite sa Etika)
Komite sa Pagtuturo ng Huradong Sibil [Civil Jury Instruction Committee]

**Pagiging Kasapi ng Organisasyon ng Serbisyo:**
Hope & Sunrise Historical Society (Kasapi ng Lupon)
Boys & Girls Clubs of Anchorage (nakaraang kasapi ng Lupon ng Haki [Hockey])

**Mga Espesyal na Interes:**
Pamilya, yelong haki, pagluluto, oras sa dampa.

**Pahayag ng Posisyon:**
Nagkaroon ako ng pribilehiyong maglingkod bilang Hukom ng Korte ng Superyor sa Anchorage mula noong 2018, at ito ang aking unang halalan ng pagpapanatili. Bago ako nahirang, nagpraktis ako ng abogasya nang higit sa 30 taon bilang isang pribadong abugado, ngunit talagang masasabi kong ito ang pinakamagandang trabaho na natamo ko. Nasisiyahan ako sa hamon at gantimpala ng pagdinig ng mga bagong kaso araw-araw. Sinisikap kong bigyan ang bawat kaso ng atensyong nararapat at maging ganap na handa para sa bawat pagdinig.

Marami akong natutunan sa aking unang apat na taon sa trabaho, at gagawin ko ang lahat ng aking makakaya upang matiyak na lahat ng humaharap sa aking silid ng korte ay makakakuha ng isang buo at patas na pagkakataon na marinig. Bilang Hukom ng Korte ng Superyor, pinamumunuan ko ang maraming iba't ibang uri ng mga kaso, kabilang ang sibil, pamilya, pagpapatunay [probate], bata-na- nangangailangan-ng-tulong, at mga bagay na kriminal. Hinaharap ko ang bawat kaso nang may dedikasyon sa pakikinig nang walang kinikilingan sa mga partido, sa pagdinig ng mga nauugnay na ebidensya, at sa paglalapat ng batas nang matatag at patas. Nakatuon ako sa pagtiyak na ang lahat ng tao ay makakakuha at makakaunawa sa nangyayari sa silid ng korte, at sa pangwakas ay nauunawaan ang mga desisyong gagawin ko tungkol sa kanilang mga kaso.

Nagpapasalamat ako sa pagkakataong maglingkod sa mga tao ng Alaska. Karangalan ko kung pananatilihin ako ng mga botante dahil ako ay nakatuon sa paglilingkod sa publiko at palawakin ang aking mga kasanayan bilang isang hukom sa abot ng aking kakayahan.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.*
*Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Pagtatasa ng Konsehong Hudisyal ng Alaska

## ***Hukom Thomas A. Matthews,*** *Anchorage Korte ng Superyor*

Napag-alaman ng Konsehong Hudisyal ng Alaska na naabot o nalampasan ni Hukom Matthews ang mga pamantayan sa pagganap, at nagrerekomenda ng boto na **"OO"** para sa isa pang termino sa panunungkulan

Si Hukom Matthews ay hinirang sa Korte ng Superyor noong Hulyo ng 2018. Pangunahing hinahawakan ni Hukom Matthews ay mga kasong sibil. Ito ang kanyang unang pagtatasa sa pagpapanatili.

**Buod:** Pagkatapos magsagawa ng pagsusuri sa pagganap nito, natukoy ng Konsehong Hudisyal na natugunan o nalampasan ni Hukom Matthews ang mga pamantayan sa pagganap sa lahat ng pamantayan, kabilang ang legal na kakayahan, integridad, pagkawalang kinikilingan/pagkamakatarungan, pag-uugali, kasipagan, at mga kasanayan sa pangangasiwa. Napagpasyahan pa ng Konseho na si Hukom Matthews ay sumunod sa mga pamantayan ng etika ng hudisyal.

Samakatuwid, ang Konsehong Hudisyal ng Alaska ay nagrerekomenda ng botong "**oo**" upang panatilihin si Hukom Matthews sa katungkulan.


**Mga Marka ng Pagsisiyasat:** Ang mga atorni na humarap kay Hukom Matthews ay nagbigay sa kanya ng mahusay na mga pagsusuri, gayundin ang mga empleyado ng korte. Limang opisyal ng kapayapaan at probasyon na humarap kay Hukom Matthews ay nagbigay din sa kanya ng mahusay na mga pagsusuri. Inihanay sya ng mga hurado nang napakataas. Ipinapakita ng talaang-guhit ang ilan sa mga marka ng pagsisiyasat na natanggap ni Hukom Matthews. Ang mga kumpletong marka ng pagsisiyasat ay makukuha sa www.ajc.state.ak.us.

**Mga Prospesyonal na Aktibidad:** Ang pagsusuri ng Konseho sa mga propesyonal na aktibidad ni Hukom Matthews ay nagpakita ng mga makabuluhang kontribusyon sa komunidad at sa pangangasiwa ng hustisya. Si Hukom Matthews ay gumawa ng mga kontribusyon sa mga larangan ng paglilingkod sa komite at grupo ng trabaho, pag-abot sa komunidad, at pagtuturo.

Ang isang detalyadong listahan ng propesyonal at mga aktibidad sa komunidad ni Hukom Matthews ay nakapaskil sa www.ajc.state.ak.us.

**Iba pang mga Tagapagpahiwatig ng Pagganap:** Sinuri ng Konseho ang iba pang mga tagapagpahiwatig ng pagganap para kay Hukom Matthews, kabilang ang mga pahayag sa pananalapi at salungatan ng interes, kung ang bayad ay ipinagkait para sa isang hindi napapanahong desisyon, kung gaano kadalas siya pinawalang-karapatan ng mga partido mula sa mga kaso, at mga bilis ng pagbabalik ng paghahabol. Napakahusay ng pagganap ni Hukom Matthews sa mga larangang ito.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat ng mga Propesyonal ng Sistema ng Hustisya para sa "Pangkalahatan" na Pagganap ng Trabaho para sa Hukom Matthews**




Ihanay mula 5 (mahusay) hanggang 1 (mahina)

*Ang mga hukom ay hinahanay ng iba't ibang grupo depende sa mga pagkarga ng kaso.

Hanapin ang kumpletong pagtatasa ng pagganap ng hukom na ito sa **www.ajc.state.ak.us**

# Hukom ng Korte ng Superyor

## Andrew Peterson, Ikatlong Hudisyal na Distrito



**Adres ng Koreo:** 825 W. 4th Ave.
Anchorage, AK 99501

**Edad:** 53

**Lugar ng Kapanganakan:** Missoula, MT

**Pangalan ng Asawa:** Sara K. Peterson

**Mga Pangalan ng mga Bata:** Darwin and Avery

**TUNGKULIN:** Hukom ng Korte ng Superyor

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:** 31 taon

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:**
Cooper Landing, 1987-2001
Anchorage, 2005 - kasalukuyan

**Edukasyon:**
Stevensville High School
University of Alaska Anchorage
California State University, Chico
University of San Diego School of Law

**Serbisyong Militar:**
U.S. Navy 1987-1991

**Mga Posisyon sa Pulitika at Pamahalaan:**
Pambatasang Katulong, Kagalang-galang Gary Davis, 1997
Katulong na Distritong Atorni, 2005-2006
Katulong na Atorni Heneral, 2007-2018

**Mga Posisyon sa Negosyo at Propesyonal:**
Kenai Cache Tackle Shop, 1988-2004
Kenai River Fly Fishing, LLC, 1999-2022

**Pagiging Kasapi ng mga Organisasyon ng Serbisyo:**
Samahan ng Abugasiya ng Alaska [Alaska Bar Association]
Ako ay miyembro ng Komite sa Buong Estado ng Pagpapabuti ng Hurado at ng Komite ng Hurado ng Anchorage, na parehong nakatutok sa pagpapabuti at paggawa ng makabagong mga pamamaraan na ginagamit ng Sistema ng Korte ng Alaska para sa pagpili ng mga hurado.

**Mga Espesyal na Interes:**
Mga aktibidad ng pamilya, pangingisda, pagkakampo, paglalakbay, pagbibisikleta at pagtuturo sa Mighty Bikes.

**Pahayag ng Posisyon:**
Ako at ang aking mga magulang at kapatid ay umalis sa Montana at lumipat sa Alaska noong 1987. Sa panahon ko sa Alaska, ako ay masuwerte na nagtapos sa University of Alaska Anchorage, nagmamay-ari at nagpatakbo ng isang maliit na negosyo ng pamilya, nakilala ang aking asawa ng 30 taon, at pinalaki ang dalawa naming anak

Mula noong 2018, nagkaroon ako ng pribilehiyo at karangalan na maglingkod sa mga tao ng Alaska bilang Hukom ng Korte ng Superyor. Nakatuon ako sa pagpapanatili ng tiwala ng publiko sa sistema, paglalapat ng batas, walang kinikilingan na pagtimbang ng ebidensya at katotohanan, at pagtiyak na ang lahat ng indibidwal na humarap sa akin ay tinatrato nang patas at may paggalang. Naiintindihan ko na ang bawat kaso ay mahalaga sa mga partido, hindi alintana kung ito ay unang pagkakataon ng isang tao na humarap sa isang silid ng hukuman o hindi. Naniniwala ako sa bawat kaso na mahalagang maglaan ng oras upang ipaliwanag ang proseso ng korte at bigyan ang mga partido, biktima, at mga saksi ng pagkakataon para marinig ang kanilang mga boses. Lubos kong nalalaman ang epekto ng aking mga desisyon sa buhay ng mga partido, biktima, hurado, at, sa ilang mga kaso, ang aming komunidad. Hindi ko pinapahalagahan ang aspetong ito ng aking posisyon. Nakatuon ako sa pagbibigay ng bawat desisyon pagkatapos ng maingat at ganap na pakikinig sa mga katotohanan, argumento, at posisyon at pagsunod sa hinihingi ng batas.

Ikakarangal ko kung ako ay pananatilihin, at nananatili akong nakatuon sa paglilingkod sa lahat ng taga-Alaska at nagsusumikap na pahusayin at mapanatili ang integridad ng ating sistema ng hukuman.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.*
*Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Pagtatasa ng Konsehong Hudisyal ng Alaska

## ***Hukom Andrew Peterson,*** *Anchorage Korte ng Superyor*

Napag-alaman ng Konsehong Hudisyal ng Alaska na naabot o nalampasan ni Hukom Peterson ang mga pamantayan sa pagganap, at nagrerekomenda ng boto na **"OO"** para sa isa pang termino sa panunungkulan

Si Hukom Peterson ay hinirang sa Anchorage Korte ng Superyor noong Pebrero ng 2018. Siya ang humahawak ng mga kasong sibil at kriminal. Ito ang kanyang unang pagtatasa sa pagpapanatili.

**Buod:** Pagkatapos magsagawa ng pagsusuri sa pagganap nito, natukoy ng Konsehong Hudisyal na natugunan o nalampasan ni Hukom Peterson ang mga pamantayan sa pagganap sa lahat ng pamantayan, kabilang ang legal na kakayahan, integridad, pagkawalang kinikilingan/pagkamakatarungan, pag-uugali, kasipagan, at mga kasanayan sa pangangasiwa. Napagpasyahan pa ng Konseho na si Hukom Peterson ay sumunod sa mga pamantayan ng etika ng hudisyal.


Samakatuwid, ang Konsehong Hudisyal ng Alaska ay nagrerekomenda ng botong "**oo**" upang panatilihin si Hukom Peterson sa katungkulan.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat:** Ang mga atorni na humarap kay Hukom Peterson ay nagbigay sa kanya ng napakagandang mga pagsusuri. Ang mga opisyal ng kapayapaan at probasyon na humarap sa kanya ay nagbigay sa kanya ng mahusay na mga pagsusuri, gayundin ang mga empleyado ng korte at mga hurado. Isang hurado ang nagkomento, "Ang hukom ay gumawa ng kamangha-mangha partikular sa COVID. Magalang sa oras ng hurado. Ang mga pag-iingat sa kaligtasan ay malinaw at patas." Ipinapakita ng talaang-guhit ang ilan sa mga marka ng pagsisiyasat na natanggap ni Hukom Peterson. Ang mga kumpletong marka ng pagsisiyasat ay makukuha sa www.ajc.state.ak.us.

**Mga Prospesyonal na Aktibidad:** Ang mga pagsusuri ng Konseho sa mga propesyonal na aktibidad ni Hukom Peterson ay nagpakita ng mga positibong kontribusyon sa kanyang komunidad at sa pangangasiwa ng hustisya. Si Hukom Peterson ay gumawa ng mga kontribusyon sa mga larangan ng paglilingkod sa komite, pagtuturo, pag-abot at pakikilahok sa komunidad, at mga aktibidad ng kabataan. Ang isang detalyadong listahan ng propesyonal at mga aktibidad sa komunidad ni Hukom Peterson ay nakapaskil sa www.ajc.state.ak.us.

**Iba pang mga Tagapagpahiwatig ng Pagganap:** Sinuri ng Konseho ang iba pang mga tagapagpahiwatig ng pagganap para kay Hukom Peterson, kabilang ang mga pahayag sa pananalapi at salungatan ng interes, kung ang bayad ay ipinagkait para sa isang hindi napapanahong desisyon, kung gaano kadalas siya pinawalang-karapatan ng mga partido mula sa mga kaso, at mga bilis ng pagbabalik ng paghahabol. Mahusay ang pagganap ni Hukom Peterson sa mga larangan na ito.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat ng mga Propesyonal ng Sistema ng Hustisya para sa "Pangkalahatan" na Pagganap ng Trabaho para sa Hukom A. Peterson**




Ihanay mula 5 (mahusay) hanggang 1 (mahina)

*Ang mga hukom ay hinahanay ng iba't ibang grupo depende sa mga pagkarga ng kaso.

Hanapin ang kumpletong pagtatasa ng pagganap ng hukom na ito sa **www.ajc.state.ak.us**

# Hukom ng Korte ng Superyor

## Peter R. Ramgren, Ikatlong Hudisyal na Distrito



**Adres ng Koreo:** Nesbett Courthouse
825 W. 4th Avenue
Anchorage, AK 99501

**Edad:** 57

**Lugar ng Kapanganakan:** Chicago, IL

**Pangalan ng Asawa:** Mara Michaletz

**(Mga) Pangalan ng mga Bata:** Gust & Charlie

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:** 18 taon

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:**
Anchorage, 1991 - 1993, 2004 - Kasalukuyan

**Edukasyon:**
Minnehaha Academy, Minneapolis, MN; North Park University, Chicago, IL; Concordia College, Moorhead, MN; Northeastern University, Boston, MA.

**Mga Posisyon sa Pulitika at Pamahalaan:**
Hukom ng Korte ng Superyor, Anchorage, AK; Mahistradong Hukom, Anchorage, AK; Tagausig ng Munisipyo, Anchorage, AK.

**Mga Posisyon sa Negosyo at Propesyonal:**
Ingaldson, Maassen at Fitzgerald, Anchorage, AK; Large & mga Kasamahan, Anchorage, AK; Swomley & mga Kasamahan, Boston, MA; Komite sa Pagsusuri ng mga Alituntunin ng Suporta sa Bata [Child Support Guidelines Review Committee]; Pangulo ng Samahan ng mga Mahistradong Hukom ng Alaska [President of the Alaska Association of Magistrate Judges (Nakaraan); Komite sa Seguridad ng Sistema ng Korte ng Alaska [Anchorage Court System Security Committee] (Nakaraan).

**Pagiging Kasapi ng mga Organisasyon ng Serbisyo:**
Pambansang Konseho ng mga Hukom ng Pangkabataan at Pamilya [National Council of Juvenile and Family Court Judges]; Samahan ng Abogasiya ng Alaska [Alaska Bar Association]; Surian ng Amerikano Suweko [American Swedish Institute]; Nakababatang Tagumpay; Seksyon ng Batas ng Pamilya ng Samahan ng Abogasiya ng Alaska; Seksyon ng Hustisya ng Pangkabataan ng Samahan ng Abogasiya ng Alaska.

**Mga Espesyal na Interes:**
Paglalakad nang malayo, pag-iiski, pangingisda at pagluluto.

**Pahayag ng Posisyon:**
Isang karangalan na maglingkod bilang Hukom ng Korte ng Superyor mula noong aking pagkahirang noong Hulyo ng 2019. Hinawakan ko ang iba't ibang uri na karamihan sa mga bagay sibil kasama ang mga kaso sa relasyon sa tahanan, mga pagkakatiwala sa kalusugan ng isip, mga apela sa pangangasiwa, mga kaso ng bata-na-nangangailangan-ng tulong at kumplikadong paglilitis. Nasisiyahan ako sa aking trabaho at sa pagkakataong ibinibigay nito upang matugunan at matulungan ang mga partido na humaharap sa akin. Sinisikap kong maging handa nang mabuti para sa bawat paglilitis, tiyaking dininig ang mga partido, at ilapat ang batas sa mga katotohanan nang naaangkop. Ang pagtatrabaho para sa mga tao ng Alaska bilang isang hukom ay isang malaking pribilehiyo na may mga responsibilidad na lubos kong siniseryoso. Hinihiling ko ang inyong boto upang ako ay patuloy na maglingkod at magtrabaho nang masigasig upang magbigay ng patas at walang kinikilingan na hustisya para sa lahat ng taga-Alaska.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.*
*Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Pagtatasa ng Konsehong Hudisyal ng Alaska

## ***Hukom Peter R. Ramgren,*** *Anchorage Korte ng Superyor*

> Napag-alaman ng Konsehong Hudisyal ng Alaska na naabot o nalampasan ni Hukom Ramgren ang mga pamantayan sa pagganap, at nagrerekomenda ng boto na **"OO"** para sa isa pang termino sa panunungkulan

Si Hukom Ramgren ay hinirang sa Anchorage Korte ng Superyor noong Hulyo ng 2019. Judge Ramgren handles primarily civil cases. Ito ang kanyang unang pagtatasa sa pagpapanatili.

**Buod:** Pagkatapos magsagawa ng pagsusuri sa pagganap nito, natukoy ng Konsehong Hudisyal na natugunan o nalampasan ni Hukom Ramgren ang mga pamantayan sa pagganap sa lahat ng pamantayan, kabilang ang legal na kakayahan, integridad, pagkawalang kinikilingan/pagkamakatarungan, pag-uugali, kasipagan, at mga kasanayan sa pangangasiwa. Napagpasyahan pa ng Konseho na si Hukom Ramgren ay sumunod sa mga pamantayan ng etika ng hudisyal.


Samakatuwid, ang Konsehong Hudisyal ng Alaska ay nagrerekomenda ng botong "**oo**" upang panatilihin si Hukom Ramgren sa katungkulan.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat:** Ang mga atorni na humarap kay Hukom Ramgren ay nagbigay sa kanya ng napakagandang mga pagsusuri, gayundin ang limang opisyal ng kapayapaan at probasyon. Binigyan siya ng mga empleyado ng korte ng mahusay na mga marka. J Inihanay sya ng mga hurado nang napakataas. Isang hurado ang nagkomento, "Napakagalang ni Hukom Ramgren. Pinanatili niya kaming naisapanahon at humingi ng paumanhin sa mga pagkaantala. Magalang din siya sa aming oras." Ipinapakita ng talaang-guhit ang ilan sa mga marka ng pagsisiyasat na natanggap ni Hukom Ramgren. Ang mga kumpletong marka ng pagsisiyasat ay makukuha sa www.ajc.state.ak.us.

**Mga Prospesyonal na Aktibidad:** Ang mga pagsusuri ng Konseho sa mga propesyonal na aktibidad ni Hukom Ramgren ay nagpakita ng mga positibong kontribusyon sa kanyang komunidad at sa pangangasiwa ng hustisya. Si Hukom Ramgren ay gumawa ng mga kontribusyon sa mga larangan ng paglilingkod sa komite at grupo ng trabaho, pagtuturo, pag-abot at pakikilahok sa komunidad, at mga aktibidad ng kabataan. Ang isang detalyadong listahan ng propesyonal at mga aktibidad sa komunidad ni Hukom Ramgren ay nakapaskil sa www.ajc.state.ak.us.

**Iba pang mga Tagapagpahiwatig ng Pagganap:** Sinuri ng Konseho ang iba pang mga tagapagpahiwatig ng pagganap para kay Hukom Ramgren, kabilang ang mga pahayag sa pananalapi at salungatan ng interes, kung ang bayad ay ipinagkait para sa isang hindi napapanahong desisyon, kung gaano kadalas siya pinawalang-karapatan ng mga partido mula sa mga kaso, at mga bilis ng pagbabalik ng paghahabol. Mahusay ang pagganap ni Hukom Ramgren sa mga larangan na ito.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat ng mga Propesyonal ng Sistema ng Hustisya para sa "Pangkalahatan" na Pagganap ng Trabaho para sa Hukom Ramgren**




Ihanay mula 5 (mahusay) hanggang 1 (mahina)

*Ang mga hukom ay hinahanay ng iba't ibang grupo depende sa mga pagkarga ng kaso.

> Hanapin ang kumpletong pagtatasa ng pagganap ng hukom na ito sa **www.ajc.state.ak.us**

# Hukom ng Korte ng Superyor

## Stephen B. Wallace, Ikatlong Hudisyal na Distrito



**Adres ng Koreo:** Alaska Court System
204 Mission Road Room 225
Kodiak, Alaska 99615

**Edad:** 64

**Lugar ng Kapanganakan:** Royal Oak, Michigan

**Pangalan ng Asawa:** Jill B. Wallace

**Mga Pangalan ng mga Bata:** Luke and Levi Bunting

**Trabaho:** Hukom ng Korte ng Superyor

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:** 40 taon

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:**
Kodiak: 1982-85; 1993-2002; 2006-kasalukuyan. Anchorage: 1988-1989; 1992-1993; 2002-2006. Palmer: 1989-1990. Bethel: 1990-1992

**Edukasyon:**
George A Dondero High School, Michigan - 1976; Michigan State University B.A. Hustisyang Kriminal -1982; Thomas M. Cooley Law School taglagas- 1981; University of Oregon Law School Juris Doctorate 1988.

**Mga Posisyon sa Pulitika at Pamahalaan:**
Klerk ng Batas ng Korte ng Superyor - Anchorage: 1988-89. Katulong na Distritong Atorni: Palmer 1989-90; Bethel 1990-1992; Anchorage 1992-1993; 2002-2006. Distritong Atorni ng Kodiak: 1993-1998; 2007-2017; Distritong Atorni ng Bethel: 2017-2019. Hukom ng Korte ng Superyor ng Kodiak: 2019-kasalukuyan

**Mga Posisyon sa Negosyo at Propesyonal:**
Opisyal ng Pulisya ng Lungsod ng Kodiak - 1982-1985; Opisyal ng Pampublikong Kaligtasan - North Slope Borough Abril - Agosto 1988; Katulong na Atorni - Jamin, Ebell, Schmitt & Mason P.C. - 1998-2002

**Mga Espesyal na Interes:**
Pangingisda sa Palakasan, Pagkakarpintero, Pagbabasa.

**Pahayag ng Posisyon:**
Natanggap ko ang aking B.A. sa Hustisyang Kriminal mula sa Michigan State University noong 1981. Lumipat ako sa Kodiak noong 1982 at nagtrabaho ng tatlong taon bilang isang opisyal ng pulisya bago pumasok sa paaralan ng batas sa Oregon. Mula noong 1982 ako ay nanirahan sa buong Alaska na nagtatrabaho sa sistema ng hustisya. Palagi akong bumabalik sa Kodiak dahil Kodiak ang aking tahanan. Bilang tagapayo, humarap ako sa magkabilang panig ng mga kasong kriminal, mga kaso sa proteksyon ng bata, at mga kaso ng delingkuwensya. Mayroon akong karanasan sa mga usaping pang-administratibo at sibil na kinasasangkutan ng diborsyo, pag-iingat ng bata, pagpaplano ng ari-arian, at mga kontrata. Sumipot ako sa mga korte sa buong estado mula Utqiagvik hanggang Kodiak bilang isang atorni. Dumating ako sa hukuman na may gumaganang kaalaman sa mga alituntunin ng ebidensya at pamamaraan na nakuha sa pamamagitan ng trabaho bilang tagapagtaguyod ng paglilitis. Mula nang maging isang hukom, sinikap kong maging tapat sa batas habang nagsusumikap na maging patas at naglalabas ng mga napapanahong desisyon. Itinuturing kong isang pribilehiyo ang maglingkod bilang hukom ng Korte ng Superyor sa Kodiak. Nakatuon ako sa masigasig na pagsisikap na gumawa ng mga napapanahong desisyon at kumpletuhin ang gawaing ipinagkatiwala sa akin sa pamamagitan ng maingat na pagsusuri ng mga katotohanan at aplikasyon ng batas.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Pagtatasa ng Konsehong Hudisyal ng Alaska

## ***Hukom Stephen B. Wallace,*** *Kodiak Korte ng Superyor*

> Napag-alaman ng Konsehong Hudisyal ng Alaska na naabot o nalampasan ni Hukom Wallace ang mga pamantayan sa pagganap, at nagrerekomenda ng boto na **"OO"** para sa isa pang termino sa panunungkulan

Si Hukom Wallace ay hinirang sa Kodiak Korte ng Superyor noong Marso ng 2019. Siya ang humahawak ng mga kasong sibil at kriminal. Ito ang kanyang unang pagtatasa sa pagpapanatili.

**Buod:** Pagkatapos magsagawa ng pagsusuri sa pagganap nito, natukoy ng Konsehong Hudisyal na natugunan o nalampasan ni Hukom Wallace ang mga pamantayan sa pagganap sa lahat ng pamantayan, kabilang ang legal na kakayahan, integridad, pagkawalang kinikilingan/pagkamakatarungan, pag-uugali, kasipagan, at mga kasanayan sa pangangasiwa. Napagpasyahan pa ng Konseho na si Hukom Wallace ay sumunod sa mga pamantayan ng etika ng hudisyal.


Samakatuwid, ang Konsehong Hudisyal ng Alaska ay nagrerekomenda ng botong "**oo**" upang panatilihin si Hukom Wallace sa katungkulan.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat:** Ang mga atorni na humarap kay Hukom Wallace ay nagbigay sa kanya ng napakagandang mga pagsusuri. Ang mga opisyal ng kapayapaan at probasyon at mga propesyonal sa serbisyong panlipunan na humarap sa kanya ay nagbigay sa kanya ng mahusay na mga pagsusuri, gayundin ang mga empleyado ng korte at mga hurado. Isang hurado ang nagkomento, "Walang mungkahi. Si Hukom Wallace ay malinaw, direkta, at magiliw sa pakikitungo. Magandang karanasan, 10/10, ay magsisilbing muli." Ipinapakita ng talaang-guhit ang ilan sa mga marka ng pagsisiyasat na natanggap ni Hukom Wallace. Ang mga kumpletong marka ng pagsisiyasat ay makukuha sa www.ajc.state.ak.us.

**Mga Prospesyonal na Aktibidad:** Ang mga pagsusuri ng Konseho sa mga propesyonal na aktibidad ni Hukom Wallace ay nagpakita ng mga positibong kontribusyon sa kanyang komunidad at sa pangangasiwa ng hustisya. Si Hukom Wallace ay gumawa ng mga kontribusyon sa mga larangan ng paglilingkod sa komite, mga aktibidad ng kabataan, at pakikilahok sa komunidad. Ang isang detalyadong listahan ng propesyonal at mga aktibidad sa komunidad ni Hukom Wallace ay nakapaskil sa www.ajc.state.ak.us.

**Iba pang mga Tagapagpahiwatig ng Pagganap:** Sinuri ng Konseho ang iba pang mga tagapagpahiwatig ng pagganap para kay Hukom Wallace, kabilang ang mga pahayag sa pananalapi at salungatan ng interes, kung ang bayad ay ipinagkait para sa isang hindi napapanahong desisyon, kung gaano kadalas siya pinawalang-karapatan ng mga partido mula sa mga kaso, at mga bilis ng pagbabalik ng paghahabol. Mahusay ang pagganap ni Hukom Wallace sa mga larangan na ito.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat ng mga Propesyonal ng Sistema ng Hustisya para sa "Pangkalahatan" na Pagganap ng Trabaho para sa Hukom Wallace**




Ihanay mula 5 (mahusay) hanggang 1 (mahina)

*Ang mga hukom ay hinahanay ng iba't ibang grupo depende sa mga pagkarga ng kaso.

> Hanapin ang kumpletong pagtatasa ng pagganap ng hukom na ito sa **www.ajc.state.ak.us**

# Hukom ng Distritong Korte

## Jo-Ann M. Chung, Ikatlong Hudisyal na Distrito



**Adres ng Koreo:** 825 W. Fourth Avenue
Anchorage, AK 99501

**Edad:** 55

**Lugar ng Kapanganakan:** Cambridge, MA

**Pangalan ng Asawa:** James Adam Bartlett

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:** 28 taon

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:**
Kenai 1995 - 1996
Anchorage 1994 – 1995
1996 to present

**Edukasyon:**
Fairfield University, B.A. 1989
Northeastern School of Law, J.D. 1994

**Mga Posisyon sa Pulitika at Pamahalaan:**
Klerk ng Batas, Korte ng Apelasyon ng Alaska 1994-1995
Katulong na Pampublikong Manananggol 1995-1996
Katulong na Atorni Heneral 1996-2001
Katulong na Munisipal na Tagausig 2001-2011

**Mga Posisyon sa Negosyo at Propesyonal:**
Komite ng Pagkamakatarungan, Pagkakaiba at Pagkakapantay-pantay- [Fairness, Diversity and Equality Committee-]
Subkomite na kasapi ng Kultural na Kagalingan [Cultural Competency]

**Mga Espesyal na Interes:**
Pagbibisikleta, Pag-iiski, Paglalakad ng malayo

**Iba pa (Biograpikal na Impormasyon):**
Lumaki ako at pumasok sa paaralan ng batas sa lugar ng Boston. Noong tag-init ng 1993, nag-interna ako sa Tanggapan ng Pampublikong Pagtataguyod ng Alaska [Alaska Office of Public Advocacy]. Nang makatapos ako, bumalik ako sa Alaska para ipagpatuloy ang aking propesyon, bilang klerk ng batas, pampublikong manananggol, atorni ng proteksyon ng mamimili at proteksyon ng bata. Pinakasalan ko ang asawa kong si Adam noong 2003. Ako ay nagtrabaho bilang isang tagapagpanuto ng pantahanang karahasan, tagapagpanuto ng paglilitis, at Kinatawan ng Munisipal na Tagausig para sa Tanggapan ng Munisipal na Tagausig.

**Pahayag ng Posisyon:**
Mahal ko ang Alaska at ginawa kong tahanan ang espesyal na lugar na ito. Pagdating ko sa Alaska noong 1994 bilang isang batang abugado, agad akong nabighani sa kabaitan, kalooban, at kaparangan ng Alaska.

Para sa akin, ito ay isang nakakatakot na gawain upang pumunta sa paaralan ng batas at pagkatapos ay pagtagumpayan ang mga hamon ng paglilitis. Kaya, kinikilala ko na ang pagpunta sa korte ay isang hindi komportableng karanasan para sa maraming indibidwal. Sa nakalipas ng mahigit 20 na taon, nagkaroon ako ng pagkakataon na magsilbi bilang isang klerk ng batas, pampublikong manananggol, tagausig, hurado, at hukom. Ang mga karanasang ito ay naglantad sa akin sa iba't ibang aspeto ng sistema ng korte sa Alaska, at naniniwala ako na ang Sistemang Korte ng Alaska ay nagsusumikap na maging patas sa lahat ng tao, anuman ang kanilang mga karanasan. Bilang isang hukom ng distritong korte sa nakalipas na 11 taon, nakita ko na maraming tao na lumalabas sa aking silid ng korte ay humaharap sa mga makabuluhang pakikibaka at tunggalian. Araw-araw, sinisikap kong makinig at tumugon sa mga tao, nang may dignidad at paggalang, habang kinakaharap nila ang mahihirap na mga sitwasyon. Pakiramdam ko ay masuwerte ako na nagsilbi bilang isang hukom ng korte ng estado, sa ngayon, at umaasa na patuloy na magkaroon ng karangalan na maglingkod sa publiko bilang isang hukom ng distritong korte.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.*
*Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Pagtatasa ng Konsehong Hudisyal ng Alaska

## ***Hukom Jo-Ann M. Chung,*** *Anchorage Distritong Korte*

> Napag-alaman ng Konsehong Hudisyal ng Alaska na naabot o nalampasan ni Hukom Chung ang mga pamantayan sa pagganap, at nagrerekomenda ng boto na **"OO"** para sa isa pang termino sa panunungkulan

Si Hukom Chung ay hinirang sa Anchorage Distritong Korte noong Mayo ng 2011. Siya ang humahawak ng mga kasong sibil at kriminal. Ito ang kanyang ikatlong pagtatasa sa pagpapanatili.

**Buod:** Pagkatapos magsagawa ng pagsusuri sa pagganap nito, natukoy ng Konsehong Hudisyal na natugunan o nalampasan ni Hukom Chung ang mga pamantayan sa pagganap sa lahat ng pamantayan, kabilang ang legal na kakayahan, integridad, pagkawalang kinikilingan/pagkamakatarungan, pag-uugali, kasipagan, at mga kasanayan sa pangangasiwa. Napagpasyahan pa ng Konseho na si Hukom Chung ay sumunod sa mga pamantayan ng etika ng hudisyal.


Samakatuwid, ang Konsehong Hudisyal ng Alaska ay nagrerekomenda ng botong **"oo"** upang panatilihin si Hukom Chung sa katungkulan.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat:** Ang mga atorni na humarap kay Hukom Chung ay nagbigay sa kanya ng mahusay na mga pagsusuri, gayundin ang mga empleyado ng korte. Ang mga opisyal ng kapayapaan at probasyon na humarap kay Hukom Chung ay nagbigay sa kanya ng napakagandang mga pagsusuri. Inihanay sya ng mga hurado nang napakataas. Isang hurado ang nagkomento, "Ang hukom ay propesyonal at magalang." Ang mga kumpletong marka ng pagsisiyasat ay makukuha sa www.ajc.state.ak.us.

**Mga Prospesyonal na Aktibidad:** Ang pagsusuri ng Konseho sa mga propesyonal na aktibidad ni Hukom Chung ay nagpakita ng mga makabuluhang kontribusyon sa komunidad at sa pangangasiwa ng hustisya. Si Hukom Chung ay gumawa ng mga kontribusyon sa mga larangan ng paglilingkod sa komite at grupo ng trabaho, pagtuturo, pag-abot at pakikilahok sa komunidad, at mga aktibidad ng kabataan. Ang isang detalyadong listahan ng propesyonal at mga aktibidad sa komunidad ni Hukom Chung ay nakapaskil sa www.ajc.state.ak.us.

**Iba pang mga Tagapagpahiwatig ng Pagganap:** Sinuri ng Konseho ang iba pang mga tagapagpahiwatig ng pagganap para kay Hukom Chung, kabilang ang mga pahayag sa pananalapi at salungatan ng interes, kung ang bayad ay ipinagkait para sa isang hindi napapanahong desisyon, kung gaano kadalas siya pinawalang-karapatan ng mga partido mula sa mga kaso, at mga bilis ng pagbabalik ng paghahabol. Mahusay ang pagganap ni Hukom Chung sa mga larangan na ito.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat ng mga Propesyonal ng Sistema ng Hustisya para sa "Pangkalahatan" na Pagganap ng Trabaho for Hukom Chung**





Ihanay mula 5 (mahusay) hanggang 1 (mahina)

*Ang mga hukom ay hinahanay ng iba't ibang grupo depende sa mga pagkarga ng kaso.

> Hanapin ang kumpletong pagtatasa ng pagganap ng hukom na ito sa **www.ajc.state.ak.us**

# Hukom ng Distritong Korte

## Brian K. Clark, Ikatlong Hudisyal na Distrito



**Adres ng Koreo:** 825 W. Fourth Avenue
Anchorage, AK 99501

**Edad:** 56

**Lugar ng Kapanganakan:** Midland, TX

**Tungkulin:** Hukom ng Distritong Korte

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:** 50

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:**
Anchorage (1972-1994, 1997-kasalukuyan), Fairbanks (Setyembre-Disyembre 1994 ), Utqiagvik (1994-1997)

**Edukasyon:**
Dimond High School (Anchorage, Ak), 1980-1984, Diploma
University of Colorado (Boulder), 1984-1988, B.A. Linguistics
Willamette University, College of Law (Salem, Or), 1988-1991, J.D

**Mga Posisyon sa Pulitika at Pamahalaan:**
Klerk ng Batas Oregon DOJ (1989-91), Klerk ng Batas ng Korte ng Apelasyon ng AK (1991-92), Kat. na Distritong Atorni (1994-2000), Kat. na Atorni Heneral (2000-01), Punong Katulong na Atorni Heneral sa Espesyel na mga Pag-uusig (2001-03), Hukom ng Distritong Korte 2003-kasalukuyan, Tagapangulo Komite ng Pagtuturo ng Hurado sa Kriminal na Tularan [Chairperson Criminal Pattern Jury Instruction Committee] (2018-kasalukuyan).

**Mga Posisyon sa Negosyo at Propesyonal:**
Abugado, Lane Powell Spears Lubersky, 1992-1994

**Pagiging Kasapi ng Organisasyon ng Serbisyo:**
Samahan ng Abugasiya ng Alaska [Alaska Bar Association]

**Mga Espesyal na Interes:**
Paglalakad ng malayo, Tenis, Pagbabasa

**Pahayag ng Posisyon:**
Ako ay nanirahan sa Alaska mula noong 1972. Pagkatapos pumasok sa kolehiyo at paaralan ng batas, bumalik ako sa Alaska dahil sa aking matinding pagnanais na manatili sa Alaska at maglingkod sa komunidad kung saan ako lumaki. Bilang Katulong na Distritong Atorni at Katulong na Atorni Heneral sa Anchorage, Utqiagvik, Fairbanks, at Palmer, naging pamilyar ako sa mga isyu na kinakaharap ng lahat ng mga taga-Alaska kapag nasangkot sila sa ating sistema ng hustisya. Ang karanasang ito ay nagbigay-daan sa akin na makitungo nang mahusay sa mataas na dami ng mga kaso sa korte ng distrito ng Anchorage. Sa mga kasong kriminal, nagsusumikap akong gumawa ng mga desisyon sa paghatol na tumutugon sa parehong mga pangangailangan ng komunidad at ng biktima, pati na rin ang pagtugon sa rehabilitasyon ng nasasakdal. Sa mga kasong sibil, nakikinig ako nang mabuti sa mga partido at naglalaan ng oras upang magsagawa ng mga desisyon na may tamang katwiran at makatarungan

Sa paglipas ng mga taon, ako, kasama ang aking mga kapwa hukom, ay patuloy na tumitingin sa sistema ng korte upang makita kung saan kami makakagawa ng mga pagpapabuti sa paglilingkod sa publiko mula sa pagbabago ng balangkas-kayarian at oras ng aming mga pagdinig tungo sa pagpapanatiling ligtas na bukas ang sistema ng korte sa panahon ng pandemya.

Patuloy akong maghahanap ng mga pagpapabuti para sa sistema ng korte, at patuloy kong ituturing nang patas at may paggalang ang lahat na nasangkot sa ating sistema ng hustisya. Lubos akong nasiyahan sa paglilingkod at pagiging kasapi ng komunidad na ito, at umaasa akong magpatuloy sa paglilingkod bilang isang hukom sa Anchorage.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.*
*Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Pagtatasa ng Konsehong Hudisyal ng Alaska

## ***Hukom Brian K. Clark,*** *Anchorage Distritong Korte*

Napag-alaman ng Konsehong Hudisyal ng Alaska na naabot o nalampasan ni Hukom Clark ang mga pamantayan sa pagganap, at nagrerekomenda ng boto na **"OO"** para sa isa pang termino sa panunungkulan

Si Hukom Clark ay hinirang sa Anchorage Distritong Korte noong Enero ng 2003. Siya ang humahawak ng mga kasong sibil at kriminal. Ito ang kanyang ikalima na pagtatasa sa pagpapanatili.

**Buod:** Pagkatapos magsagawa ng pagsusuri sa pagganap nito, natukoy ng Konsehong Hudisyal na natugunan o nalampasan ni Hukom Clark ang mga pamantayan sa pagganap sa lahat ng pamantayan, kabilang ang legal na kakayahan, integridad, pagkawalang kinikilingan/pagkamakatarungan, pag-uugali, kasipagan, at mga kasanayan sa pangangasiwa. Napagpasyahan pa ng Konseho na si Hukom Clark ay sumunod sa mga pamantayan ng etika ng hudisyal.


Samakatuwid, ang Konsehong Hudisyal ng Alaska ay nagrerekomenda ng botong **"oo"** upang panatilihin si Hukom Clark sa katungkulan.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat:** Ang mga atorni at mga opisyal ng kapayapaan at probasyon na humarap kay Hukom Clark ay nagbigay sa kanya ng mahuhusay na mga pagsusuri, gayundin ang mga empleyado ng korte at mga hurado. Nagkomento ang isang hurado, "Napakabait at magalang si Hukom Clark. Ginawa niya akong komportable bilang isang hurado at nilinaw ang mga katotohanan at nagbigay ng patnubay kung kinakailangan." Ipinapakita ng talaang-guhit ang ilan sa mga marka ng pagsisiyasat na natanggap ni Hukom Clark. Ang mga kumpletong marka ng pagsisiyasat ay makukuha sa www.ajc.state.ak.us.

**Mga Prospesyonal na Aktibidad:** Ang mga pagsusuri ng Konseho sa mga propesyonal na aktibidad ni Hukom Clark ay nagpakita ng mga positibong kontribusyon sa kanyang komunidad at sa pangangasiwa ng hustisya. Si Hukom Clark ay gumawa ng mga kontribusyon sa larangan ng paglilingkod sa komite. Ang isang paglalarawan ng mga propesyonal na aktibidad ni Hukom Clark ay nakapaskil sa www.ajc.state.ak.us.

**Iba pang mga Tagapagpahiwatig ng Pagganap:** Sinuri ng Konseho ang iba pang mga tagapagpahiwatig ng pagganap para kay Hukom Clark, kabilang ang mga pahayag sa pananalapi at salungatan ng interes, kung ang bayad ay ipinagkait para sa isang hindi napapanahong desisyon, kung gaano kadalas siya pinawalang-karapatan ng mga partido mula sa mga kaso, at mga bilis ng pagbabalik ng paghahabol. Mahusay ang pagganap ni Hukom Clark sa mga larangan na ito.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat ng mga Propesyonal ng Sistema ng Hustisya para sa "Pangkalahatan" na Pagganap ng Trabaho for Hukom Clark**




Ihanay mula 5 (mahusay) hanggang 1 (mahina)

*Ang mga hukom ay hinahanay ng iba't ibang grupo depende sa mga pagkarga ng kaso.

Hanapin ang kumpletong pagtatasa ng pagganap ng hukom na ito sa **www.ajc.state.ak.us**

# Hukom ng Distritong Korte

## Martin C. Fallon, Ikatlong Hudisyal na Distrito



**Edad:** 60

**Lugar ng Kapanganakan:** Boston, Massachusetts

**Pangalan ng Asawa:** Jayne Fallon

**Mga Pangalan ng mga Bata:** Leah, Gregory at Teresa

**Tungkulin:** Hukom ng Distritong Korte

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:** 14 taon

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:**
Anchorage 1999- 2000; Kenai 2010 - 2012; Palmer 2012- 2014; Kenai 2014- kasalukuyan

**Edukasyon:**
University of Texas at Austin, 1988 - 1992, BS Chemical Engineering;
Northeastern University School of Law, 1995 - 1998, Juris Doctor

**Mga Posisyon sa Pulitika at Pamahalaan:**
Nag-interno, Tanggapan ng Pampublikong Pagtataguyod, 1998 - 1999
Klerk ng Batas, Korte Superyor Hukom Eric Sanders, 1999
Katulong na Distritong Atorni, 2010 - 2014
Mahistradong Hukom, 2014 - 2019

**Pahayag ng Posisyon:**
Ang paglilingkod sa mga tao ng Ikatlong Hudisyal na Distrito sa dakilang Estado ng Alaska ay ang pinakamalaking karangalan sa aking buhay. Ipinanganak ako sa Boston, sa isang malaking pamilya ng katamtamang kita. Ang bawat isa sa aking mga magulang ay nagtrabaho ng maraming trabaho upang matugunan ang mga pangangailangan. Ako at ang aking mga kapatid ay binigyan ng responsibilidad sa murang edad, at inaasahan na pangalagaan ang aming sarili at ang isa't isa. Sa buhay ko, marami akong trabaho: tagapaglinis ng bahay, trabahador sa konstruksyon, tagahugas ng mga pinggan, tagalinis ng mesa, nagpapaganda ng tanawin [landscaper], atorni ng patente, Hukom ng Mahistrado at Distritong Korte. Naging maliit din akong may-ari ng negosyo na nagbibigay ng mga serbisyo para sa mga taong may kapansanan. Ang pagtatrabaho sa isang malawak na hanay ng mga trabaho ay nakatulong sa pagbabayad para sa kolehiyo, at nagbigay sa akin ng pagpapahalaga sa aking pag-aaral. Binigyan din ako nito ng edukasyon na hindi mo makukuha sa paaralan.

Bilang isang Hukom, nakita ko kung gaano kahalaga ang papel ng hukuman sa komunidad. Halimbawa, sa Kenai, ang Sistema ng Korte ng Alaska ay nakipagsosyo sa Pantribong Korte ng Kenaitze upang bumuo ng Korteng Henu para sa Kalusugan ng Komunidad [Henu' Community Wellness Court], na nagbibigay ng lubhang pangangailangan na mga mapagkukunan para sa mga nakikipagpunyagi sa mga isyu sa pang-aabuso sa droga. Ito, at ang iba pang mga programa ng komunidad, ay nakikinabang ang mga nagkasala, ngunit nagreresulta rin sa pagbawas ng residibismo na nakikinabang ang buong komunidad. Bagama't ang karamihan sa mga tao ay madalang makipag-ugnayan sa korte, mahalaga na ang hukuman ay nakikita bilang nagbibigay ng patas at walang kinikilingan na hustisya para sa lahat. Nagsusumikap ako araw-araw upang matiyak na tinatrato ko ang lahat ng may-asunto nang patas, nang may paggalang, at binibigyan ang bawat isa ng tapat na pagkakataon na marinig.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Pagtatasa ng Konsehong Hudisyal ng Alaska

## ***Hukom Martin C. Fallon,*** *Kenai Distritong Korte*

Napag-alaman ng Konsehong Hudisyal ng Alaska na naabot o nalampasan ni Hukom Fallon ang mga pamantayan sa pagganap, at nagrerekomenda ng boto na **"OO"** para sa isa pang termino sa panunungkulan

Si Hukom Fallon ay hinirang sa Kenai Distritong Korte noong Disyembre ng 2019. Siya ang humahawak ng mga kasong sibil at kriminal. Ito ang kanyang unang pagtatasa sa pagpapanatili.

**Buod:** Pagkatapos magsagawa ng pagsusuri sa pagganap nito, natukoy ng Konsehong Hudisyal na natugunan o nalampasan ni Hukom Fallon ang mga pamantayan sa pagganap sa lahat ng pamantayan, kabilang ang legal na kakayahan, integridad, pagkawalang kinikilingan/pagkamakatarungan, pag-uugali, kasipagan, at mga kasanayan sa pangangasiwa. Napagpasyahan pa ng Konseho na si Hukom Fallon ay sumunod sa mga pamantayan ng etika ng hudisyal.


Samakatuwid, ang Konsehong Hudisyal ng Alaska ay nagrerekomenda ng botong **"oo"** upang panatilihin si Hukom Fallon sa katungkulan.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat**: Ang mga atorni at mga opisyal ng kapayapaan at probasyon na humarap kay Hukom Fallon ay nagbigay sa kanya ng mahusay na mga pagsusuri. Binigyan siya ng mga empleyado ng korte ng napakagandang mga pagsusuri. Inihanay ng mga hurado si Hukom Fallon nang napakataas. Isang hurado ang nagkomento, "Ito ang aking unang karanasan sa pagiging hurado. Nadama ko na ang hukom ay gumawa ng isang mahusay na trabaho na nagpapaliwanag ng mga pamamaraan at nagtakda ng mga inaasahan ng proseso." Ipinapakita ng talaang-guhit ang ilan sa mga marka ng pagsisiyasat na natanggap ni Hukom Fallon. Ang mga kumpletong marka ng pagsisiyasat ay makukuha sa www.ajc.state.ak.us.

**Mga Prospesyonal na Aktibidad:** Ang mga pagsusuri ng Konseho sa mga propesyonal na aktibidad ni Hukom Fallon ay nagpakita ng mga positibong kontribusyon sa kanyang komunidad at sa pangangasiwa ng hustisya. Si Hukom Fallon ay gumawa ng mga kontribusyon sa mga larangan ng paglilingkod sa komite at grupo ng trabaho, pag-abot at pakikilahok sa komunidad, at mga aktibidad ng kabataan. Ang isang detalyadong listahan ng propesyonal at mga aktibidad sa komunidad ni Hukom Fallon ay nakapaskil sa www.ajc.state.ak.us.

**Iba pang mga Tagapagpahiwatig ng Pagganap:** Sinuri ng Konseho ang iba pang mga tagapagpahiwatig ng pagganap para kay Hukom Fallon, kabilang ang mga pahayag sa pananalapi at salungatan ng interes, kung ang bayad ay ipinagkait para sa isang hindi napapanahong desisyon, kung gaano kadalas siya pinawalang-karapatan ng mga partido mula sa mga kaso, at mga bilis ng pagbabalik ng paghahabol. Mahusay ang pagganap ni Hukom Fallon sa mga larangan na ito.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat ng mga Propesyonal ng Sistema ng Hustisya para sa "Pangkalahatan" na Pagganap ng Trabaho for Hukom Fallon**




Ihanay mula 5 (mahusay) hanggang 1 (mahina)

*Ang mga hukom ay hinahanay ng iba't ibang grupo depende sa mga pagkarga ng kaso.

Hanapin ang kumpletong pagtatasa ng pagganap ng hukom na ito sa **www.ajc.state.ak.us**

# Hukom ng Distritong Korte

## Tom V. Jamgochian, Ikatlong Hudisyal na Distrito



**Adres ng Koreo:** Palmer Courthouse
435 S Denali Street
Palmer, AK 99645

**Edad:** 45

**(Mga) Pangalan ng mga Bata:**
Isang Babaeng Anak, edad 6

**Edukasyon:** Hukom ng Distritong Korte

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:** 18 taon

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:**
Palmer (Butte) 2020 sa kasalukuyan, Nome 2010 hanggang 2020, Fairbanks 2008 hanggang 2010, Bethel 2005 hanggang 2008, Anchorage 2004 hanggang 2005

**Mga Posisyon sa Pulitika at Pamahalaan:**
Hukom ng Distritong Korte ng Palmer 2020 – Kasalukuyan
Katulong na Distritong Atorni: 2005 – 2020

**Mga Espesyal na Interes:**
Paragos ng Aso [Dog Mushing], nakumpleto ang 2016 Iditarod

**Pahayag ng Posisyon:**
Isang karangalan ang maglingkod sa Distritong Korte sa Palmer. Ang Distritong Korte, na namumuno sa mga maliit na pagkakasala at may limitadong hurisdiksyon ng sibil, ay ang lugar na nakikipag-ugnayan ang karamihan sa mga tao sa sistema ng hukuman. Ang aking layunin ay tratuhin ang lahat ng mga may-asunto nang may paggalang at kagandahang-loob at bigyan ang mga indibidwal ng isang patas at walang kinikilingan na pagkakataon na marinig.

Palagi kong sinisikap na kumilos nang may integridad, kasipagan, at pagpapakumbaba. Kung mananatili ako ay patuloy kong gagampanan ang aking mga tungkulin sa abot ng aking makakaya upang maging karapat-dapat sa trabahong ipinagkatiwala sa akin.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.*
*Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Pagtatasa ng Konsehong Hudisyal ng Alaska

## ***Hukom Tom V. Jamgochian,*** *Palmer Distritong Korte*

> Napag-alaman ng Konsehong Hudisyal ng Alaska na naabot o nalampasan ni Hukom Jamgochian ang mga pamantayan sa pagganap, at nagrerekomenda ng boto na **"OO"** para sa isa pang termino sa panunungkulan

Si Hukom Jamgochian ay hinirang sa Palmer Distritong Korte noong Hulyo ng 2020. Siya ang humahawak ng mga kasong sibil at kriminal. Ito ang kanyang unang pagtatasa sa pagpapanatili.


**Buod:** Pagkatapos magsagawa ng pagsusuri sa pagganap nito, natukoy ng Konsehong Hudisyal na natugunan o nalampasan ni Hukom Jamgochian ang mga pamantayan sa pagganap sa lahat ng pamantayan, kabilang ang legal na kakayahan, integridad, pagkawalang kinikilingan/pagkamakatarungan, pag-uugali, kasipagan, at mga kasanayan sa pangangasiwa. Napagpasyahan pa ng Konseho na si Hukom Jamgochian ay sumunod sa mga pamantayan ng etika ng hudisyal.

Samakatuwid, ang Konsehong Hudisyal ng Alaska ay nagrerekomenda ng botong **"oo"** upang panatilihin si Hukom Jamgochian sa katungkulan.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat:** Ang mga atorni na humarap kay Hukom Jamgochian ay nagbigay sa kanya ng mahusay na mga pagsusuri, gayundin ang mga empleyado ng korte. Binigyan siya ng mga opisyal ng kapayapaan at probasyon ng napakagandang mga marka. Inihanay sya nga mga hurado nang napakataas. Isang hurado ang nagkomento, "Ang hukom ay napakabait at propesyonal." Ipinapakita ng talaang-guhit ang ilan sa mga marka ng pagsisiyasat na natanggap ni Hukom Jamgochian. Ang mga kumpletong marka ng pagsisiyasat ay makukuha sa www.ajc.state.ak.us.

**Mga Prospesyonal na Aktibidad:** Ang mga pagsusuri ng Konseho sa mga propesyonal na aktibidad ni Hukom Jamgochian ay nagpakita ng mga positibong kontribusyon sa kanyang komunidad at sa pangangasiwa ng hustisya. Si Hukom Jamgochian ay gumawa ng mga kontribusyon sa mga larangan ng paglilingkod sa grupo ng trabaho, mga terapyutikong korte, at pag-abot sa komunidad. Ang isang detalyadong listahan ng propesyonal at mga aktibidad sa komunidad ni Hukom Jamgochian ay nakapaskil sa www.ajc.state.ak.us.

**Iba pang mga Tagapagpahiwatig ng Pagganap:** Sinuri ng Konseho ang iba pang mga tagapagpahiwatig ng pagganap para kay Hukom Jamgochian, kabilang ang mga pahayag sa pananalapi at salungatan ng interes, kung ang bayad ay ipinagkait para sa isang hindi napapanahong desisyon, kung gaano kadalas siya pinawalang-karapatan ng mga partido mula sa mga kaso, at mga bilis ng pagbabalik ng paghahabol. Mahusay ang pagganap ni Hukom Jamgochian sa mga larangan na ito.




Ihanay mula 5 (mahusay) hanggang 1 (mahina)

*Ang mga hukom ay hinahanay ng iba't ibang grupo depende sa mga pagkarga ng kaso.

> Hanapin ang kumpletong pagtatasa ng pagganap ng hukom na ito sa **www.ajc.state.ak.us**

# Hukom ng Distritong Korte

## David A. Nesbett, Ikatlong Hudisyal na Distrito



**Adres ng Koreo:** Alaska Court System,
Boney Courthouse
303 K Street
Anchorage, AK 99501

**Edad:** 50

**Lugar ng Kapanganakan:** Anchorage

**Pangalan ng Asawa:** Michelle Nesbett

**Mga Pangalan ng mga Bata:**
Charlotte and Marion Nesbett

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:** 50 taon

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:**
Anchorage, 1972 hanggang kasalukuyan.

**Edukasyon:**
West Anchorage High School
Wesleyan University
University of the Pacific, McGeorge School of Law

**Mga Posisyon sa Negosyo at Propesyonal:**
Katulong na Tagausig ng Munisipyo, Katulong na Atorni ng Distrito, Espesyal na Katulong ng Atorni ng U.S., 2000-2006; Kasamang Atorni, Dorsey & Whitney at Jermain Dunnagan & Owens, 2006-2010; May saping-puhunan, Nesbett & Nesbett, PC, 2010-2019; Hukom ng Distritong Korte para sa Estado ng Alaska, 2019-kasalukuyan

**Pagiging Kasapi ng Organisasyon ng Serbisyo:**
Samahan ng Abogasiya ng Alaska [Alaska Bar Association]
Kasapi ng Lupon ng Tagapayong Sibilyan ng Hukbong Himpapawid ng U.S. [U.S. Air Force]

**Mga Espesyal na Interes:**
Piloto ng Pangkalahatang Abiyasyon

**Pahayag ng Posisyon:**
Bilang ikatlong henerasyong Alaskan, nakatuon ako sa pagtulong sa mga kapwa taga-Alaska na lutasin ang kanilang mga hindi pagkakaunawaan at sa pagtataguyod ng matataas na mga pamantayan ng ating hudikatura. Ako ay nanirahan ng buong buhay sa Alaska, kasama ang aking propesyonal na karera bago ako maging isang hukom bilang isang tagausig, bilang isang kasamang abugado, at bilang isang may-ari ng sarili kong tanggapan ng batas na humahawak ng malawak na hanay ng parehong sibil at kriminal na mga bagay. Ang personal at propesyonal na karanasan na ito ay nagbigay ng mahalagang karanasan at paghahanda para sa aking kasalukuyang trabaho.

Bilang isang Hukom ng Distritong Korte sa Anchorage, ako ang namumuno sa maraming iba't ibang uri ng mga kaso, kabilang ang mga paghahabol ng sibil, mga kasong kriminal, mga hindi pagkakaunawaan ng kasero-nangungupahan, at mga bagay sa maliliit na paghahabol. Habang pinangangasiwaan natin ang mataas na dami ng mga kaso sa Distritong Korte, nakatuon ako sa pakikinig nang walang kinikilingan sa lahat ng partido, maingat na nagtatasa sa mga ebidensyang ipinakita, at paglalapat ng batas nang matapat, matatag, at patas. Nakatuon ako sa pagtiyak na ang lahat ay may kakayahang magamit ang korte at nauunawaan ang pangangatwiran sa likod ng mga desisyon ng korte. Lahat ng humaharap bilang isang partido sa harap ng korte ay naroroon sa isang bagay na pinakamahalaga sa kanila. Bawat isa sa kanila ay may karapatan sa pagkakataong ipahayag ang kanilang sarili at marinig, at bawat isa sa kanila ay nararapat sa aking lubos na atensyon at paggalang. Lubos akong nagpapasalamat sa mga tao ng Alaska sa pagbibigay sa akin ng pagkakataong paglingkuran sila sa isang trabahong gusto kong gawin. Isang karangalan ang patuloy na paglingkuran ang aking komunidad sa ganitong paraan.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan. Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Pagtatasa ng Konsehong Hudisyal ng Alaska

## ***Hukom David A. Nesbett,*** *Anchorage Distritong Korte*

Napag-alaman ng Konsehong Hudisyal ng Alaska na naabot o nalampasan ni Hukom Nesbett ang mga pamantayan sa pagganap, at nagrerekomenda ng boto na **"OO"** para sa isa pang termino sa panunungkulan

Si Hukom Nesbett ay hinirang sa Anchorage Distritong Korte noong Marso ng 2019. Siya ang humahawak ng mga kasong sibil at kriminal. Ito ang kanyang unang pagtatasa sa pagpapanatili.

**Buod**: Pagkatapos magsagawa ng pagsusuri sa pagganap nito, natukoy ng Konsehong Hudisyal na natugunan o nalampasan ni Hukom Nesbett ang mga pamantayan sa pagganap sa lahat ng pamantayan, kabilang ang legal na kakayahan, integridad, pagkawalang kinikilingan/pagkamakatarungan, pag-uugali, kasipagan, at mga kasanayan sa pangangasiwa. Napagpasyahan pa ng Konseho na si Hukom Nesbett ay sumunod sa mga pamantayan ng etika ng hudisyal.


Samakatuwid, ang Konsehong Hudisyal ng Alaska ay nagrerekomenda ng botong "**oo**" upang panatilihin si Hukom Nesbett sa katungkulan.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat**: Ang mga atorni, mga opisyal ng kapayapaan at probasyon, at mga propesyonal sa serbisyong panlipunan na humarap kay Hukom Nesbett ay nagbigay sa kanya ng mahusay na mga pagsusuri, gayundin ang mga empleyado ng korte. Isang hurado ang nagkomento, "[Siya ay] napaka-propesyonal at maasikaso sa mga pangangailangan ng lahat sa silid ng korte." Ipinapakita ng talaang-guhit ang ilan sa mga marka ng pagsisiyasat na natanggap ni Hukom Nesbett. Ang mga kumpletong marka ng pagsisiyasat ay makukuha sa www.ajc.state.ak.us.

**Mga Prospesyonal na Aktibidad**: Ang pagsusuri ng Konseho sa mga propesyonal na aktibidad ni Hukom Nesbett ay nagpakita ng mga makabuluhang kontribusyon sa komunidad at sa pangangasiwa ng hustisya. Si Hukom Nesbett ay gumawa ng mga kontribusyon sa mga larangan ng mga terapyutikong korte, paglilingkod sa grupo ng trabaho, pag-abot sa komunidad, at mga aktibidad ng kabataan. Ang isang detalyadong listahan ng propesyonal at mga aktibidad sa komunidad ni Hukom Nesbett ay nakapaskil sa www.ajc.state.ak.us.

**Iba pang mga Tagapagpahiwatig ng Pagganap**: Sinuri ng Konseho ang iba pang mga tagapagpahiwatig ng pagganap para kay Hukom Nesbett, kabilang ang mga pahayag sa pananalapi at salungatan ng interes, kung ang bayad ay ipinagkait para sa isang hindi napapanahong desisyon, kung gaano kadalas siya pinawalang-karapatan ng mga partido mula sa mga kaso, at mga bilis ng pagbabalik ng paghahabol. Mahusay ang pagganap ni Hukom Nesbett sa mga larangan na ito.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat ng mga Propesyonal ng Sistema ng Hustisya para sa "Pangkalahatan" na Pagganap ng Trabaho para sa Hukom Nesbett**




Ihanay mula 5 (mahusay) hanggang 1 (mahina)

*Ang mga hukom ay hinahanay ng iba't ibang grupo depende sa mga pagkarga ng kaso.

Hanapin ang kumpletong pagtatasa ng pagganap ng hukom na ito sa **www.ajc.state.ak.us**

# Hukom ng Distritong Korte

## Shawn D. Traini, Ikatlong Hudisyal na Distrito



**Adres ng Koreo:** 435 S. Denali St.
Palmer, Alaska 99645

**Edad:** 51

**Lugar ng Kapanganakan:** Grissom Air Force Base, Indiana

**Pangalan ng Asawa:** Kelley A.Traini

**Tagal ng Paninirahan sa Alaska:** 38 taon

**Tumira sa mga Pamayanan ng Alaska:**
Anchorage at Eagle River 1971-1994
Palmer at Wasilla 2007-kasalukuyan

**Edukasyon:**
Bartlett High School (Diploma 1988) University of Alaska Anchorage (AA 1990) Utah State University, (BS, Finance 1996) University of Utah, College of Law (JD 1999)

**Mga Posisyon sa Pulitika at Pamahalaan:**
Diputado ng Pampublikong Tagapagtanggol, 1999-2001 Diputadong Tagausig, 2001-2007 Katulong na Tagausig ng Munisipyo, 2007 Katulong na Distritong Atorni, 2007-2019

**Mga Espesyal na Interes:**
Mga Aktibidad ng Pamilya, Pagluluto, Pangingisda, at Pangangaso.

**Pahayag ng Posisyon:**
Nagpapasalamat ako sa karangalan at pagkakataong maglingkod sa mga tao ng Alaska. Sinisikap kong sundin ang saligang batas at ang mga batas ng Alaska. Nagsusumikap ako upang matiyak na ang lahat ng partido ay tratuhin nang may kagandahang-loob, paggalang at dignidad. Sinusubukan kong isaalang-alang ang bawat kaso sa paraang walang kinikilingan at maalalahanin at maghatol ng alinsunod sa batas.

Bilang karagdagan sa aking mga regular na tungkulin, nagsisilbi ako bilang isa sa mga hukom para sa Korte ng Kagalingan ng Palmer [Palmer Wellness Court]. Ang terapyutikong korte na ito ay nakatulong sa maraming indibidwal na baguhin ang kanilang buhay mula sa mga pakikibaka ng pagkagumon. Nagsisilbi rin ako bilang hukom para sa mga usapin ng hustisya ng kabataan sa rehiyon ng Mat-Su.

Ikararanggal ko kung pahihintulutan ako ng mga botante na ipagpatuloy ang aking serbisyo sa Estado ng Alaska.

*Ang mga pananaw na ipinahayag sa pahayag na ito ay mula sa kandidato at hindi inendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.*
*Ang teksto ng pahayag na ito ay ibinigay at binayaran ng kandidato alinsunod sa AS 15.58.030 at 6 AAC 25.690.*

# Pagtatasa ng Konsehong Hudisyal ng Alaska

## ***Hukom Judge Shawn D. Traini,*** *Palmer Distritong Korte*

> Napag-alaman ng Konsehong Hudisyal ng Alaska na naabot o nalampasan ni Hukom Traini ang mga pamantayan sa pagganap, at nagrerekomenda ng boto na **"OO"** para sa isa pang termino sa panunungkulan

Si Hukom Traini ay hinirang sa Palmer Distritong Korte noong Disyembre ng 2019. Siya ang humahawak ng mga kasong sibil at kriminal. Ito ang kanyang unang pagtatasa sa pagpapanatili.

**Buod:** Pagkatapos magsagawa ng pagsusuri sa pagganap nito, natukoy ng Konsehong Hudisyal na natugunan o nalampasan ni Hukom Traini ang mga pamantayan sa pagganap sa lahat ng pamantayan, kabilang ang legal na kakayahan, integridad, pagkawalang kinikilingan/pagkamakatarungan, pag-uugali, kasipagan, at mga kasanayan sa pangangasiwa. Napagpasyahan pa ng Konseho na si Hukom Traini ay sumunod sa mga pamantayan ng etika ng hudisyal.

Samakatuwid, ang Konsehong Hudisyal ng Alaska ay nagrerekomenda ng botong "**oo**" upang panatilihin si Hukom Traini sa katungkulan.


**Mga Marka ng Pagsisiyasat:** Ang mga atorni at mga opisyal ng kapayapaan at probasyon na humarap kay Hukom Traini ay nagbigay sa kanya ng mahuhusay na mga pagsusuri, gayundin ang mga empleyado ng korte at mga hurado. Isang hurado ang nagkomento, "Siya ay nanatiling kalmado at hindi nagagambala. Napakagalang na hukom." Ipinapakita ng talaang-guhit ang ilan sa mga marka ng pagsisiyasat na natanggap ni Hukom Traini. Ang mga kumpletong marka ng pagsisiyasat ay makukuha sa www.ajc.state.ak.us.

**Mga Prospesyonal na Aktibidad:** Ang mga pagsusuri ng Konseho sa mga propesyonal na aktibidad ni Hukom Traini ay nagpakita ng mga positibong kontribusyon sa kanyang komunidad at sa pangangasiwa ng hustisya. Si Hukom Traini ay gumawa ng mga kontribusyon sa mga larangan ng mga terapyutikong korte, paglilingkod sa grupo ng trabaho, at pag-abot sa komunidad.

Ang isang detalyadong listahan ng propesyonal at mga aktibidad sa komunidad ni Hukom Traini ay nakapaskil sa www.ajc.state.ak.us.

**Iba pang mga Tagapagpahiwatig ng Pagganap:** Sinuri ng Konseho ang iba pang mga tagapagpahiwatig ng pagganap para kay Hukom Traini, kabilang ang mga pahayag sa pananalapi at salungatan ng interes, kung ang bayad ay ipinagkait para sa isang hindi napapanahong desisyon, kung gaano kadalas siya pinawalang-karapatan ng mga partido mula sa mga kaso, at mga bilis ng pagbabalik ng paghahabol. Mahusay ang pagganap ni Hukom Traini sa mga larangan na ito.

**Mga Marka ng Pagsisiyasat ng mga Propesyonal ng Sistema ng Hustisya para sa "Pangkalahatan" na Pagganap ng Trabaho para sa Hukom Traini**




Ihanay mula 5 (mahusay) hanggang 1 (mahina)

*Ang mga hukom ay hinahanay ng iba't ibang grupo depende sa mga pagkarga ng kaso.

> Hanapin ang kumpletong pagtatasa ng pagganap ng hukom na ito sa **www.ajc.state.ak.us**

AK DEMS
Alaska Democrats

Pagod ka na ba sa magpakalabis na retorika?

Handa ka na ba sa matino at responsableng pamumuno?

Naniniwala ka ba na higit pa ang maaaring magawa sa pamamagitan ng pagtutulungan?

**May tahanan ka rito.**

**Ang mga Demokratiko ng Alaska ay naniniwala at nagtataguyod ng:**

- Mga karapatang pantao na binanggit sa mga Saligang batas ng Alaska at U.S
- Proteksyon ng mga karapatan sa pagboto
- Kaligtasan ng publiko at isang sistema ng hustisya na gumagana nang patas para sa lahat ng tao
- Mga tugon na nakabatay sa agham sa pagbabago ng klima at mga pandaigdigang pandemya
- Mga trabaho sa Alaska na pinunan ng mga manggagawa sa Alaska sa isang patas na sahod
- Isang magagamit at mataas na kalidad na edukasyon mula Pre-K hanggang UA
- Paggalang at pag-alaga sa ating mga kasapi ng militar, beterano, at pamilya.
- Indibidwal na kalayaan sa ibabaw ng panghihimasok ng gobyerno sa mga personal na desisyon
- Malikhaing pagkakaiba-iba ng ekonomiya ng Alaska, at ang pagbuo ng napapanatiling mga mapagkukunan ng enerhiya para sa ating kinabukasan
- Responsibilidad sa kapaligiran na pangalagaan ang kalidad ng buhay ng mga taga-Alaska at ang ating ekonomiya
- Isang matatag, napapanatiling plano sa pananalapi kasama ang ating patas na bahagi ng kita ng mapagkukunan

**Matuto pa at & magsimulang gumawa sa: AlaskaDemocrats.org Hanapin kami sa sosyal medya: @AlaskaDemocrats**

Binayaran ng Ang Demoktratikong Partido ng Alaska - Mike Wenstrup, Pinuno - Monica Southworth, tagaingat-yaman Hindi pinahintulutan ng sinumang kandidato o komite ng kandidato.
P.O. Box 240207 Anchorage, Alaska 99524

# PILIIN ANG KALAYAAN.  BUMOTO NG REPUBLIKANO.

## TRABAHO AT ANG EKONOMIYA

Naniniwala ang mga Republikano sa isang malakas, sari-saring ekonomiya na nakabatay sa malayang pamilihan, isang matatag na etika sa trabaho, ligtas na mga lugar sa trabaho, isang mahusay na sinanay at edukadong manggagawa, at pagkuha sa mga mapagkukunan.

## MGA LIKAS NA YAMAN

Sinusuportahan at ipinagtatanggol namin ang aktibong pamamahala ng, pagkuha sa, at makatwirang mga insentibo para sa responsableng pagpapaunlad at paggamit ng lahat ng mga likas na yaman ng Alaska, ayon sa itinatadhana ng Saligang batas ng Alaska.

## EDUKASYON

Sinusuportahan ng mga Republikano ang pagkuha sa isang de-kalidad na edukasyon, pagpili at kontrol ng magulang, kompetensiya, at pananagutan, lahat habang ipinaglalaban ang magkakaibang mga pagkakataon sa edukasyon at karera para sa ating mga kabataan.

## KALUSUGAN & PAMILYA

Sinusuportahan ng mga Republikano ang mga patakaran na nagpapaliit ng interbensyon ng gobyerno sa pamilya. Sinusuportahan namin ang mga magulang bilang mga may pangunahing responsibilidad para sa kalusugan at kapakanan ng kanilang mga anak.

## HUDIKATURA, BATAS & KRIMEN

Naniniwala kami sa isang hudisyal na sistema na nakabatay sa orihinalismo, na nangangahulugan ng hudisyal na interpretasyon ng saligang batas ng US na mahigpit na sundin ang orihinal na intensyon ng mga bumalangkas nito.

## BUHAY

Naniniwala kami sa proteksyon ng inosenteng buhay..

## PAMBANSANG PAGTATANGGOL

Sinusuportahan ng mga Republikano ang kapayapaan sa pamamagitan ng lakas, kumpiyansa na ang isang malakas na militar ay nakakatulong na matiyak ang isang malayang Estados Unidos.

## MGA KARAPATAN SA SALIGANG BATAS

Naniniwala ang mga Republikano na ang wastong tungkulin ng pamahalaan ay protektahan ang mga hindi maiaalis na karapatan ng bawat Amerikano at taga-Alaska na nakasaad sa Saligang batas ng US at Alaska.

## MGA UGNAYAN NG MGA BETERANO

Sinusuportahan namin ang lahat ng naglilingkod o naglingkod sa ating bansa at nangangakong suportahan sila at ang kanilang mga pamilya.

www.AlaskaGOP.net

Ann Brown, Tagapangulo Rhonda Boyles, Ingat-yaman

BINAYARAN NG REPUBLIKANONG PARTIDO NG ALASKA, PO BOX 201049, ANCHORAGE, AK 99520. HINDI AWTORISADO O INAPRUBAHAN NG ANUMANG KANDIDATO O KOMITE NG KANDIDATO.



APFC ALASKA PERMANENT FUND CORPORATION

**Misyon ng APFC:**
Upang pamahalaan at mamuhunan sa mga ari-arian ng Permanenteng Pondo at iba pang mga pondo na itinalaga ng batas.

# MENSAHE MULA SA TAGAPANGULO

Para sa kapakinabangan ng lahat ng taga-Alaska, ang pamumuhunan at pamamahala ng Permanenteng Pondo ng Alaska ay dapat panghawakan sa pinakamataas na pamantayan – yaong may tungkuling katiwala, walang kompromiso na integridad, at direktang pananagutan. Bilang mga katiwala at tagapangasiwa ng Permanenteng Pondo ng Alaska, ang Lupon ng mga Katiwala ay nagsisilbing gabay sa pamamahala ng pamumuhunan ng Pondo para lubusang panganib- naakmang pagbabalik sa mahabang panahon. Tinitiyak ng aming mga estratehikong layunin na magagawa ng Permanenteng Pondo ng Alaska ang tatlong pangunahing tungkulin nito: pag-iimpok, paggawa ng kita at pagbibigay ng katatagan ng kita sa Estado ng Alaska.

Bilang isang kuwenta ng pag-iimpok, itinataguyod namin ang pananaw na nagtatag ng Pondo sa Saligang batas ng Alaska. Ang paggawa ng kita ay nagagawa ng mga dalubhasang mamumuhunan at propesyonal na kawani ng APFC na may gabay mula sa Lupon. Ang katatagan ng kita para sa Alaska ay nakakamit sa pamamagitan ng pagsulong ng isang mahusay na disenyong sistema ng mga patakaran at malinaw na tinukoy na mga patakaran sa paggasta upang magbigay ng suporta para sa mga taga-Alaska ngayon at matiyak na ang Pondo ay pinangangalagaan at pinoprotektahan para sa mga susunod na henerasyon.

Kami, sa Lupon ng mga Katiwala ay patuloy na magiging mapagbantay sa pagpapanatili ng isang sari-saring porpolyo, pagsuporta sa pagsasaligang batas ng isang pamamaraan ng paglilipat na nakabatay sa mga tuntunin, at pagkamit ng aming mga pangmatagalang layunin sa pagbabalik para sa kapakinabangan ng mga taga-Alaska ngayon at sa hinaharap.

Craig Richards
Tagapangulo

| TAUNANG PAGBABALIK MULA NANG MAGSIMULA | KABUUANG HALAGA NG PONDO (TINUOS NOONG HUNYO 30, 2022) | FY22 KABUUANG PAGBABALIK |
|---|---|---|
| **8.91%** | **$76,337,200,000** | **-1.32%** |

**PRINSIPAL** **$60.2 BILLION**

$51.5 B | $8.7 B

Mga Deposito & Iba Pang mga Paglalaan · Hindi Natanto na mga Tubo

**MGA KUWENTA NG RESERBANG KITA (ERA)** **$16.1 BILLION**

$10.4 B | $2.3 B | $3.4 B

Mga Natantong Kita · Hindi Natanto na mga Tubo · FY23 POMV* Pagtutuon

*Percent of Market Value (POMV)

## ARTIKULO IX, SEKSYON 15 NG SALIGANG BATAS NG ALASKA

### PERMANENTENG PONDO NG ALASKA

Hindi bababa sa dalawampu't limang porsyento ng lahat ng pagrenta sa arkila ng mineral, mga royalti, mga nalikom sa pagbebenta ng royalti, mga pagbabayad sa pagbabahagi ng kita ng pederal na mineral at mga dagdag na bayad na natanggap ng Estado ay dapat ilagay sa isang permanenteng pondo, na ang prinsipal ay gagamitin lamang para sa mga pamumuhunan na nagbibigay ng kita na partikular na itinalaga ng batas bilang karapat-dapat para sa mga permanenteng pamumuhunan sa pondo. Ang lahat ng kita mula sa permanenteng pondo ay dapat ideposito sa pangkalahatang pondo maliban kung iba ang itinatadhana ng batas.

Ang APFC ay naglalathala ng buwanang hindi pa natuos na mga pahayag ukol sa pananalapi at isang independiyente, ikatlong-partido, pagtatapos-ng-taon-sa-pananalapi ay isinasagawa. Ang pahayagan ng balanse at pahayag ng kita ng Pondo ay kasama sa Opisyal na Munting Aklat ng Halalan alinsunod sa AS 37.13.170.

# MGA PAHAYAGAN NG BALANSE (Mga milyun-milyong dolyar)

| | | Hunyo 30, 2022 | Hunyo 30, 2021 |
|---|---|---|---|
| **Mga pag-aari** | | | |
| Kas at pansamantalang pamumuhunan | $ | **4,050.4** | 5,828.4 |
| Mga natatanggap, nabayarang gastos, at iba pang mga pag-aairi | | **617.0** | 787.7 |
| Pamumuhunan: | | | |
| Mabebentang mga seguridad ng utang | | **13,968.3** | 16,438.4 |
| Kinakatigan at karaniwang sapi | | **25,778.8** | 30,471.8 |
| Tunay na ari-arian | | **7,099.5** | 5,662.7 |
| Ganap na pagbabalik | | **5,075.6** | 5,170.6 |
| Pribadong pautang | | **2,527.9** | 2,257.1 |
| Pribadong nakataling pera | | **15,544.8** | 15,294.4 |
| Imprastraktura | | **3,015.0** | 2,636.8 |
| Kabuuang pamumuhunan | | **73,009.9** | 77,931.8 |
| **KABUUANG PAG-AARI** | $ | **77,677.3** | 84,547.9 |
| **Pananagutan** | | | |
| Mga kuwenta na dapat bayaran | | **1,316.1** | 2,601.0 |
| Kita na maipamamahagi sa Estado ng Alaska | | **24.0** | 50.1 |
| **KABUUANG PANANAGUTAN** | $ | **1,340.1** | 2,651.1 |
| **Mga Balanse sa Pondo** | | | |
| Hindi maaring Magastos: | | | |
| Permanenteng Pondong Korpus – mga kontribusyon at paglalaan | | **51,487.3** | 46,938.4 |
| Hindi natanto na pagtaas ng halaga ng pinuhunanang pag-aari | | **8,700.3** | 13,810.0 |
| Kabuuang hindi maaring magastos | | **60,187.6** | 60,748.4 |
| Nakatuon: | | | |
| Paglalaan ng Pangkalahatang Pondo | | **3,360.6** | 3,069.3 |
| Permanenteng Pondong Korpus | | **-** | 4,000.0 |
| Kabuuang Itinuon | | **3,360.6** | 7,069.3 |
| Itinalaga para sa mga paglalaan sa hinaharap: | | | |
| Natanto na mga kita | | **10,454.5** | 9,271.4 |
| Hindi natanto na pagtaas ng halaga ng pinuhunanang pag-aari | | **2,334.5** | 4,807.7 |
| Kabuuang itinalaga | | **12,789.0** | 14,079.1 |
| **KABUUANG MGA BALANSE NG PONDO** | $ | **76,337.2** | 81,896.8 |
| **MGA KABUUANG PANANAGUTAN AT MGA BALANSE SA PONDO** | $ | **77,677.3** | 84,547.9 |

## MGA PRINSIPAL NA KONTRIBUSYON

Ang Prinsipal ay ang permanenteng bahagi ng Permanenteng Pondo ng Alaska at gagamitin lamang para sa mga pamumuhunan na nagbibigay ng kita ayon sa Saligang batas. Ang tunay na pag-unlad ng Prinsipal ay sa pamamagitan ng mga kontribusyon sa royalti, mga espesyal na paglalaan, at pananggol sa implasyon. Hawak ng Prinsipal ang bahagi nito ng mga hindi natanto na mga tubo at pagkalugi sa mga pinuhunanang pag-aari hanggang sa maibenta ang mga ito, kung saan ang mga netong kita ay ililipat sa mga Kuwenta ng Reserbang Kita.

### $15.0 Bilyong Espesyal na mga Paglalaan

AS 37.13.010 (a) (3)

Mga Lehislatibong Deposito mula sa Pangakalahatang Pondo $2.7 B at ang ERA $12.3 B.

### $18.5 BILYONG MGA DEPOSITO NG ROYALTI

AS 37.13.010 (a) (1) at (a) (2) Iniaatas ng saligang batas ang pinakamababa na 25% ng mga nalikom sa royalti at ang mga depositong ipinag-uutos ayon sa batas na 50% para sa mga arkila pagkatapos ng 1979.

### $18.0 Bilyong Pananggol sa Implasyon


AS 37.13.145 (c)

Upang mapanatili ang kapangyarihan sa pagbili ng ilang henerasyon ng Prinsipal batay sa kabuuang deposito at ang taunang halaga ng implasyon na kinakalkula sa bawat batas.




# MGA PAHAYAG NG MGA KITA, GASTOS AT PAG-BABAGO SA MGA BALANSE NG PONDO (Mga milyun-milyong dolyar)

| | | Tinuos noong Hunyo 30, 2022 | Tinuos noong Hunyo 30, 2021 |
|---|---|---|---|
| **Mga kita** | | | |
| Interes | $ | **456.1** | 436.5 |
| Mga dibidendo | | **696.8** | 558.1 |
| Tunay na ari-arian at ibang kita | | **531.2** | 530.2 |
| Kabuuang interes, dibidendo, tunay na ari-arian at iba pang kita | | **1,684.1** | 1,524.8 |
| Netong pagtaas (pagbaba) sa patas na halaga ng mga pamumuhunan: | | | |
| Mabebentang mga seguridad ng utang | | **(2,467.7)** | 174.4 |
| Kinakatigan at karaniwang sapi | | **(4,851.6)** | 11,200.7 |
| Tunay na ari-arian | | **947.5** | 157.8 |
| Ganap na pagbabalik | | **294.4** | 686.0 |
| Pribadong pautang | | **105.8** | 278.4 |
| Pribadong nakataling pera | | **1,000.4** | 5,823.1 |
| Imprastraktura | | **485.3** | 463.6 |
| Mga Deribatibong Instrumento | | **188.4** | (11.3) |
| Salapi | | **(250.3)** | (706.3) |
| Kabuuang netong pagtaas sa patas na halaga ng mga pamumuhunan | | **(4,547.8)** | 18,066.4 |
| **KABUUANG KITA** | | **(2,863.7)** | 19,591.2 |
| **Mga Gastos** | | | |
| Mga gastos sa pagpapatakbo | | **(142.2)** | (166.2) |
| Iba pang mga lehislatibong paglalaan | | **(9.3)** | (8.4) |
| **KABUUANG GASTOS** | $ | **(151.5)** | (174.6) |
| **Sobrang kita kaysa sa mga gastusin** | | **(3,015.2)** | 19,416.6 |
| **Iba Pang Mga Pinagmumulan ng Pananalapi(Mga Paggamit)** | | | |
| Mga paglilipat paloob | | **548.9** | 319.6 |
| General Fund commitment | | **-** | - |
| Mga paglilipat palabas | | **(3,093.3)** | (3,141.6) |
| **NETONG PAGBABAGO SA MGA BALANSE NG PONDO** | $ | **(5,559.6)** | 16,594.6 |
| **Mga Balanse sa Pondo** | | | |
| Simula ng Panahon | | **81,896.8** | 65,302.2 |
| Katapusan ng Panahon | $ | **76,337.2** | 81,896.8 |




# KITANG NILIKHA PARA SA ALASKA

Sa pamamagitan ng pormula na nakabatay sa halaga para sa mga pagkuha ng pera sa Pondo na 5% taun-taon, ang $3.4 bilyon ay makukuha sa FY23 para sa Lehislatura na iangkop bilang suporta sa taunang badyet ng Estado para sa mahahalagang mga serbisyo at programa ng pamahalaan, kabilang ang dibidendo. Matagal nang sinusuportahan ng Lupon ng mga Katiwala ang matatag at maaasahang istraktura ng pagkuha ng pera na ito na kilala bilang Porsiyento ng Halaga sa Pamilihan [Percent of Market Value] (POMV) para protektahan ang pangmatagalang halaga ng Pondo at para magbigay ng kilala at napapanatiling pagbabayad. Ang paghugot ng Porsiyento ng Halaga sa Pamilihan (POMV) ay kinakalkula sa pamamagitan ng pagkuha ng 5% ng pamantungang halaga sa pamilihan ng Permanenteng Pondo ng Alaska para sa unang lima na naunang anim na taon ng pananalapi.

**FY23 Porsiyento ng Pamilihan Pagkalkula ng Halaga AS 37.13.140 (b)**

| | |
|---|---|
| FY 21 | $81,472,100,000 |
| FY 20 | $64,877,100,000 |
| FY 19 | $65,876,400,000 |
| FY 18 | $64,469,500,000 |
| FY 17 | $59,360,400,000 |
| | average |
| 5 Yr Avg | $67,211,100,000 |
| x 5% | $3,360,600,000 |




## PAGPAPANATILI BATAY- SA -TUNTUNIN

Dahil ang mga kita ng Permanenteng Pondo ng Alaska ay nag-aambag na ngayon sa karamihan ng mga hindi pinaghihigpitang kita ng Estado, ang mga Katiwala ng APFC ay patuloy na sumusuporta at nagpapatibay sa mga tuntunin na nilayon upang protektahan ang Pondo para sa pangmatagalang panahon. Ang isang pamamaraang nakabatay sa mga tuntunin para sa mga deposito sa at pagkuha ng pera mula sa Permanenteng Pondo ay makakasiguro ng isang tunay na nababagong mapagkukunang pinansyal para sa kapakinabangan ng lahat ng henerasyon ng mga taga-Alaska.


**Pagsunod sa mga Tuntunin:** Ang isang sistema ng mahusay na idinisenyong mga tuntunin at mga pormulang kalkulasyon ay nagtataguyod ng pagpapanatili at katatagan ng tunay na paglago sa pamamagitan ng mga Prinsipal na deposito, habang nagbibigay-daan sa Korporasyon na ayusin ang mga patakaran sa pamumuhunan na nagpapahintulot sa maingat na pamumuhunan ng Pondo. Ang malinaw na tinukoy na mga patakaran sa pag-iimpok at paggastos ay dapat ayusin nang matatag sa anumang sistema ng mga tuntunin.

**Tiyakin ang Pagpapanatili:** Nangangailangan ng taunang pormula ng mga pagkuha ng pera mula sa ERA sa halagang kayang suportahan ng pangmatagalang balanse ng kuwenta. Inirerekomenda ng Lupon ang pagsisimula ng isang proseso na mangangailangan ng pana-panahong pagtatasa ng mga pagpapalagay ng paghugot habang nagbabago ang mga kondisyon ng pamilihan.

**Awtomatikong Pananggol sa Implasyon:** Dahil sa kasalukuyang istraktura ng dalawang-kuwenta ng Permanenteng Pondo na may mga kita sa pamumuhunan na lumilipat sa ERA, tinitiyak ng taunang pananggol sa implasyon na napapanatili ang kapangyarihang bumili ng Prinsipal. Sa huli, ang pagsasama-sama ng dalawang kuwenta na ito sa isang klasikong istruktura ng kaloob ay mag-aalis ng pangangailangan para sa taunang pananggol sa implasyon at matiyak na ang Pondo ay nagpapanatili ng tunay na halaga nito para sa mga susunod na henerasyon.

**Isulong ang Tunay na Paglago:** Nagreresulta sa mas maraming kita at sa gayon ay mas mataas na napapanatiling mga paghugot sa hinaharap; kinakailangang pangalagaan at protektahan ang ilang henerasyong yaman habang ang Alaska ay nagpapatuloy sa pagkuha ng may hangganang likas na yaman nito.

**USES OF FUND INCOME**
TANTO NA MGA KITA MULA NANG MAGSIMULA **$81.1 BILLION**




| PAID OUT TO CURRENT GENERATIONS | 46% | $37.0 B |
|---|---|---|
| POMV Distributions | 16% | |
| Dividend Appropriations Through FY19 | 30% | |

| SAVED FOR FUTURE GENERATIONS | 54% | $44.1 B |
|---|---|---|
| Inflation Proofing | 22% | |
| Special Appropriations | 15% | |
| Undistributed Realized Income | 17% | |

# KOMISYON NG PAMPUBLIKONG TANGGAPAN NG ALASKA [PUBLIC OFFICES COMMISSION]

## BAKIT MAYROONG APOC?

Ang misyon ng APOC ay hikayatin ang tiwala ng publiko sa kanilang inihalal at hinirang na mga pampublikong opisyal sa pamamagitan ng pangangasiwa at pagpapatupad ng mga kautusan ng Alaska at paglalathala ng pananalaping impormasyon tungkol sa mga kampanya ng halalan, mga pampublikong opisyal, taong naglolobi at pinagtatrabahuhan ng taong naglolobi.

## MGA BATAS NA PINANGANGASIWAAN NG APOC

Ang APOC ay nangangasiwa at nagpapatupad ng apat na batas ng paghahayag; AS 15.13 Paghahayag ng Kampanya, AS 24.45 Paglolobi, AS 39.50 Paghahayag ng Pananalapi ng Pampublikong Opisyal, at AS 24.60 Paghahayag ng Pananalaping Pambatas. Ang mga batas na ito ay nangangailangan ng paghahayag ng impormasyon na nagbibigay kakayahan sa mga mamamayan na bakatin ang impluwensya ng mga pribadong interes sa pampublikong desisyon. Ang paghahayag na ito ay tumutulong upang limitahan ang pribilehiyong impluwensya sa pamamagitan ng paglalantad ng mga espesyal na interes at pagbubunyag sa mga kaguluhan ng interes. Ang mga batas ay dinisenyo upang bumuo ng pananagutan sa pamahalaan sa pamamagitan ng pagbibigay ng pampublikong paggamit sa impormasyon upang hatulan ang mga kredensyal at pagganap ng mga pampublikong opisyal at kandidato para sa mga pampublikong tanggapan. Ang mga ulat ng paghahayag na nakasalansan sa APOC ay mga pampublikong talaan.

## ANG KOMISYON?

Ang dalawang partidong pampulitika o pampulitikang grupo na may pinakamalaking bilang ng mga nakarehistrong botante sa panahon ng pinakahuling panggobernador na halalan ay hihirang ang bawat isa ng dalawang mga kasapi ng komisyon. Ang apat na mga kasapi ay hihirang ng ikalimang kasapi mula sa mga aplikante galing sa publiko. Ang gobernador ay hihirang at ang lehislatura ay magpapatibay ng nominasyon. Ang mga tuntunin ay para sa limang taon, na may ibang termino ng pagwawakas bawat taon. Ang Komisyon ay kasalukuyang binubuo ng dalawang kasapi ng Republikanong Partido, dalawang kasapi ng Demokratikong Partido, at isang kasapi ng publiko.

## PAANO NAMIN KAYO MATUTULUNGAN?

Ang ahensiyang ito ang pinagmumulan ng impormasyon ng publiko sa lahat ng aspeto ng mga batas ng paghahayag. Nangangako kaming gagampanan ang aming misyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng pampublikong impormasyon. Karamihan sa impormasyon ay maaaring magamit sa pamamagitan ng pook-sapot ng APOC. Maaari mong malaman kung sino ang nag-ambag sa isang partikular na balotang grupo, kung sinong komiteng pampulitika ang may pinakamalaking ginugol, na kung saan ang mga taong naglolobi ay nagtatrabaho para sa kung saang pinagtatrabahuhan, na nag-aambag sa mga kandidato at kung magkano ang ibinibigay at ginugol sa impluwensya ng mga botante. Ang APOC ay nakikipagtulungan sa publiko at sa mga naghain ng mga ulat ng pananalapi para gawing epektibo, mahusay, at malinaw ang paghahayag.

Bisitahin ang aming pook-sapot o makipag-ugnayan sa aming tanggapan para sa impormasyon tungkol sa kung paano mahanap ang impormasyong inaatas ng mga batas na pinangangasiwaan ng APOC. Ito ay pampublikong ahensya at malugod naming tinatanggap ang pagkakataon na gawing gumana ang APOC para sa iyo.

**Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan**

Telepono: (907) 276-4176 / (800) 478-4176

Pook-sapot: doa.alaska.gov/apoc Sulatroniko: apoc@alaska.gov

Magsaliksik ng mga Online na Ulat: http://doa.alaska.gov/apoc/SearchReports/index.html

# MAY TAPANG NA BUMOTO
## PAGLIGSAHAN NG LIKHANG NG KABATAAN

### 2022 “Bumoto Ako” Mga Pandiki & Mga Balat ng Opisyal na Munting Aklat ng Halalan

Ang mga mag-aaral mula sa lugar ng Rehiyon IV ay may pinakamataas na partisipasyon sa patimpalak at nagsumite ng higit sa 60 na pandikit na mga kalahok na halos tatlong beses na mas marami kaysa sa ibang mga rehiyon. Pinupuri sila ng Dibisyon para sa kanilang malaking bilang ng mga pagsusumite. Ang pambihirang pakikipag-ugnayan ng mag-aaral na ito ay nakatulong na maging matagumpay ang patimpalak na ito!

REHIYON 4
PRIMARY HALALAN
NANGUNGUNA MGA
APAT NA NANALO




Cole I
Bethel
**REHIYON 4 NANALO**




Kaylee Ikusek N




Kiley H




Amelie T

REHIYON 4 MGA PAGSUSUMITE NG PANDIKIT




Panit’ai D



Abigail



Nora L



Tatuk’aq C

## REHIYON 4 MGA PAGSUSUMITE NG PANDIKIT




Constance Taassaq S



Rachael Ayaksaq T



Nevaeh Cucuaq K




Kaydence Aaquas ag B



Owen Ciquyq C




Zuri C



Kiaiina Miisaq O



Kamryn H




Soy Nayagaq



Alicea N



Jared Kunuin C




Paula Igvaq J



Aniva Paniguaq T



Larina V



Mikael P




Silas L

Ang pandikit ng likhang sining ng nanalo ay ipinakita sa huling anyo na kinabibilangan ng grapikong sining ng Dibisyon.
Walang mga disenyo ng balat ng OEP na isinumite para sa Rehiyon 1 & 4.



Yungssiq A




Cagluaq A



Arnaucuaq L




Angelina H



Nadia W



Yurim J



Ciqugaq C



Ayapvin P



Jadon W



Tegaaq C




Annalise H




Akuk’aq S




Apess’aq A



William




Assiataa E




Ashley



Codi H




Rylee M




Harley U




Adalyn R




Paiselyn A



Ashley F



Hedya W



Enoch



Tayla H



Willow S





Blerina S



Madeline K



Andrea N



Liam G



Lovina C




Pauline J




Justine E



Gabriella R




Cathy J



Derick C



Jena B

# MAY TAPANG NA BUMOTO
# PAGLIGSAHAN NG LIKHANG NG KABATAAN

## 2022 “Bumoto Ako” Mga Pandiki & Mga Balat ng Opisyal na Munting Aklat ng Halalan

Inimbitahan ng Dibisyon ang mga mag-aaral sa Alaska sa pagitan ng edad 5 at 18 taong gulang na lumahok sa isang paligsahan sa disenyo para sa pagkakataong maitampok ang kanilang mga likhang sining sa balat ng 2022 Opisyal na Munting Aklat ng Halalan [Official Election Pamphlet] (OEP) a ng 2022 na espesyal na edisyon na “Bumoto Ako” mga pandikit ng Pangkalahatang Halalan. Ang paligsahan ay bahagi ng mga pagsisikap ng dibisyon na turuan ang mga nanalo sa pamamagitan ng Pumili ng Isang Primaryang Halalan kung saan doon ang nangungunang apat na nakakuha ng boto ay lumipat sa isang NIRANGGUHANG PAGPILI NG PAGBOTO sa Pangkalahatang Halalan gamit ang pang-edukasyon na kunwaring (mock) halalan na app ng Dibisyon, na RanggoBoto [RankVote].

Ang mga pagsusumite ng pandikit na “Bumoto Ako” ay mula sa mga kabataang edad 5 - 13 taong gulang at isang nanalo mula sa bawat rehiyon ang napili. Ang mga mag-aaral ay hiniling na magdisenyo ng isang bagay na nagpapahayag kung ano sa tingin nila ang ibig sabihin para sa mga taga-Alaska na maging walang takot at magkaroon ng kumpiyansa na ***May Tapang na Bumoto.***

REHIYON 1
PRIMARY HALALAN
NANGUNGUNA MGA
APAT NA NANALO




Keely N
Ketchikan
**REHIYON 1 NANALO**




Kaia M




Copeland L




Lua M

Ang pandikit ng likhang sining ng nanalo ay ipinakita sa huling anyo na kinabibilangan ng grapikong sining ng Dibisyon.

## REHIYON 1 MGA PAGSUSUMITE NG PANDIKIT



Saana A





Rylee W



Haliee



Benjamin N



Elizabeth G



Selena K



Aamie J




Amelia P



Kimberly K



Rebecca F




Molli S



Quinn B



Canaan L




Brynn L




Zoey C




Kennedy W



Frances H




Hattie L



Nora S




Emily M




Morgan A




Cruz M

Walang mga disenyo ng balat ng OEP na isinumite para sa Rehiyon 1.

# MAHALAGA ANG IYONG BOTO!

| *GAANO KAHALAGA ANG ILANG BOTO SA ALASKA? IN…* | |
|---|---|
| **2020** | **ELEVEN** votes elected Liz Snyder to the State House in District 27, over Lance Pruitt in the General Election, following a recount and appeal to the Alaska Supreme Court. |
| **2018** | **ONE** vote elected Barton LeBon to the State House in District 1, over Kathryn Dodge in the General Election, following a recount and appeal to the Alaska Supreme Court. |
| **2016** | **EIGHT** votes gave Dean Westlake the Alaska Democratic Party's nomination for State Representative in House District 40 over Ben Nageak following a recount in the Primary Election. |
| **2012** | **THIRTY-TWO** votes elected Jonathan Kreiss-Tomkins to State Representative in House District 34 over William Thomas in the General Election following a recount. |
| **2010** | **FOUR** votes gave *Dan Saddler* the Republican Party of Alaska's nomination for State Representative in House District 18 over *Bill Cook* in the Primary Election, following a recount. |
| **2010** | **TWELVE** votes gave *Eric Feige* the Republican Party of Alaska's nomination for State Representative in House District 12 over *Don Haase* and **SEVEN** votes separated *Don Haase* from *Pete Fellman* in the Primary Election, following a recount. |
| **2006** | **ZERO** votes separated *Bryce Edgmon* from *Carl Moses* in State House District 37 in the Primary Election, who tied with 767 votes each as a result of the outcome of an appeal to a recount. A coin toss determined *Bryce Edgmon* as the winner. |
| **2002** | **THIRTY- SIX** votes (three per precinct) elected *Mike Hawker* to the State House in District 32, over *Patricia Abney* in the General Election, following a recount. |
| **2002** | **TWELVE** votes (less than two per precinct) gave *Denny Pearson* the Alaska Democratic Party's nomination over *Robert E. Allen,* for State House in District 2 in the Primary Election. |
| **2000** | **FIFTY- FOUR** votes (less than 2 per precinct) elected *Carl Morgan* over *Irene K. Nicholia* to the State House in District 36, in the General Election. |
| **1998** | **SIX** votes elected *Carl Morgan* to the State House in District 36, over *Irene K. Nicholia* in the General Election, following a recount. |
| **1998** | **ELEVEN** votes elected *John Harris* to the State House in District 35, over *Tom Van Brocklin* in the General Election, following a recount. |
| **1998** | **TEN** votes gave *Valerie Therrien* the Alaska Democratic Party nomination over *Tonya Brown* for State House in District 31, in the Primary Election, following a recount. |
| **1996** | **ELEVEN** votes elected *Joe Ryan* to the State House in District 21, over *Ann Spohnholz* in the General Election, following a recount. |
| **1996** | **ONE** vote gave *Ann Spohnholz* the Alaska Democratic Party's nomination for State Representative in House District 21, over *Sharon Cissna* in the Primary Election, following a recount. |

ALASKA DIVISION OF ELECTIONS
P.O. Box 110017
Juneau, Alaska 99811-0017

NON PROFIT ORGANIZATION
US POSTAGE PAID
PORTLAND, OR
PERMIT #4818

UPANG HANAPIN ANG IYONG LUGAR NG BOTOHAN: https://myvoterinformation.alaska.gov/
O TAWAG SA LIBRENG TAWAG: (866) 952-8683 or 907-465-4611 (Juneau)

## REGIONAL ELECTIONS OFFICES

**Rehiyon I Elections Office**
**(Distrito ng Kapulungan 1-6)**
P.O. Box 110018
Juneau, Alaska 99811-0018
Phone: (907) 465-3021
Libreng Tawag: 1-866-948-8683

**Rehiyon II Elections Office**
**(Distrito ng Kapulungan 9-24)**
2525 Gambell Street, Suite 100
Anchorage, Alaska 99503-2838
Phone: (907) 522-8683
Libreng Tawag: 1-866-958-8683

**Rehiyon III Elections Office**
**(Distrito ng Kapulungan 31-36)**
675 7th Avenue, Suite H-3
Fairbanks, Alaska 99701-4542
Phone: (907) 451-2835
Libreng Tawag: 1-866-959-8683

**Rehiyon IV Elections Office**
**(Distrito ng Kapulungan 37-40)**
P.O. Box 577
Nome, Alaska 99762-0577
Phone: (907) 443-5285
Libreng Tawag: 1-866-953-8683

**Rehiyon V Elections Office**
**(Distrito ng Kapulungan 7-8, 25-30)**
1700 E. Bogard Road, Suite B102
Wasilla, Alaska 99654
Phone: (907) 373-8952
Libreng Tawag: 1-844-428-8952